
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2014

# Liahona




## Joseph Fielding Smith: Tagapagtanggol ng Pananampalataya, p. 32

**Ang Simbahan sa Mexico—Isang Magandang Kasaysayan, Isang Magandang Kinabukasan, p. 24**

**Tema ng Mutwal para sa 2014, mga pahina 50, 52, 53**

**Aktibidad sa Pagkukulay at Pagbabasa ng Tsart para sa Lumang Tipan, mga pahina 74, 76**



*"Maaaring madama ng ilan sa inyo na hindi kayo makaalis sa maruming lawa, na napakahirap ng kalagayan ninyo, na napakahirap ng inyong mga pagsubok, at napakaraming tukso. . . . Alalahanin, ang tangkay ng water lily ay lumalaki sa kabila ng mahirap na sitwasyon nito, at tulad ng iniaangat ng tangkay ang water lily, gayundin naman na susuportahan at pasisiglahin kayo ng inyong pananampalataya."*

Mary N. Cook, dating Pangalawang Tagapayo sa Young Women general presidency, "Mga Angkla ng Patotoo," *Liahona,* Mayo 2008, 122.



18

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Pinakamainam na Panahon para Magtanim ng Puno**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Huwaran**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

18 **Harapin ang Bukas nang May Pananampalataya at Pag-asa**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Kailangan nating ilaan at iukol ang ating buhay sa layunin ng Tagapagligtas, nabubuhay nang may pananampalataya at kumikilos nang may pananalig.*

24 **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Inilahad ang Kasaysayan ng Simbahan sa Mexico—Mula sa Paghihirap Tungo sa Kalakasan**
Ni Sally Johnson Odekirk
*Malaki ang isinakripisyo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Mexico upang maitatag ang Simbahan sa kanilang bansa.*

32 **Tunay at Tapat: Inspirasyon mula sa Buhay at mga Turo ni Joseph Fielding Smith**
Ni Hoyt W. Brewster Jr.
*Kilalanin ang isang makabagong propeta na magaling sa baseball at malambot ang puso at tapat na naglingkod sa Panginoon.*

MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2013**

10 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Mula sa Kadiliman Tungo sa Liwanag**
Hindi ibinigay ang pangalan

12 **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Adan**

14 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ang Banal na Panguluhang Diyos**
Ni Pangulong Gordon B. Hinckley

17 **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Paggalang sa Araw ng Sabbath**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Nakikita Ba Niya Ako?**
Ni Teresa Starr

**SA PABALAT**
Harap: Larawan ni Joseph Fielding Smith na kinunan noong Abril 26, 1910, pagkatapos na pagkatapos ng kanyang ordinasyon bilang Apostol sa edad na 33. Likod ng pabalat sa harap: Larawang kuha ni LaRene Porter Gaunt.

## MGA YOUNG ADULT




42 **Pagtitiis na Mabuti**
Ni Elder J. Christopher Lansing
*Ano ang inaasahan ng Panginoon na gagawin natin kapag naging imposibleng makamtan ang mga inaasam at pinapangarap natin?*

## MGA KABATAAN

46 **Paghahanda ng mga Regalo para sa Inyong Magiging Pamilya**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

50 **Tema ng Mutwal para sa 2014**
Ng mga general presidency ng Young Men at Young Women
*Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan.*

52 **Taludtod sa Taludtod: Moroni 10:32**
*Itinuturo sa inyo ng tema ng Mutwal ngayong taon ang landas tungo sa pagiging sakdal.*

53 **Poster: Lumapit Kay Cristo**

54 **Paano Ako Mababago ng Kaalaman Tungkol sa Panguluhang Diyos?**
Ni Lori Fuller
*Mababago ng limang alituntuning ito tungkol sa Panguluhang Diyos ang klase ng iyong pamumuhay—sa malalaki at maliliit na paraan.*

56 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Lagi Ko Talaga Siyang Naaalala**
Ni Larry M. Gibson

58 **Pagdaragdag sa Tagumpay**
Ni Daniel Kawai
*Kailangang magpasiya ang isang math Olympian kung pananatilihin niyang banal ang araw ng Sabbath o magiging diskuwalipikado siya.*

59 **Tuwirang Sagot**

60 **Dalawang Bahagi ng Pagpapala**
Ni Brittany Beattie
*Maaari tayong tumanggap ng karagdagang mga pagpapala kapag sinaliksik natin ang ating sariling mga kaanak at dinala ang mga ito sa templo.*

64 **Ang Bahaging para sa Atin**

## MGA BATA




66 **Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Mahonri at Helaman mula sa Mexico**

68 **Natatanging Saksi: Ano ang ibig sabihin ng maging Kristiyano?**
Ni Elder Robert D. Hales

69 **Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Passport**

71 **Ang Ating Pahina**

72 **Tulad ng mga Banal na Kasulatan!**
Ni Renae Weight Mackley
*Ang mga banal na kasulatan ay talagang maaaring ihalintulad sa buhay ko!*

74 **Hamon sa Pagbabasa ng Lumang Tipan**

77 **Ang Victory Tunnel**
Ni Rosemary M. Wixom
*Sino ang makapagtuturo sa iyo ng daan pabalik sa Ama sa Langit?*

78 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Naghanda ng Paraan ang Ama sa Langit para Makabalik Ako sa Kanya**

81 **Larawan ng Propeta: Harold B. Lee**




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Siyasatin ang mga banal na kasulatan!***



**ENERO 2014 TOMO 17 BLG. 1**
**LIAHONA 10981 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonzo, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
January 2014 Vol. 17 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



PAGLALARAWAN NI CODY BELL

**"Paghahanda ng mga Regalo para sa Inyong Magiging Pamilya,"** pahina 46: Matapos basahin ang artikulo ni Pangulong Eyring, isiping magdaos ng talent show ang pamilya kung saan maipapakita ng mga magulang at mga anak ang kanilang talento. Matapos makapagpakita ng talento ang lahat, maaaring maglarawan ang mga magulang ng mga paraan kung paano pinagpapala ng kanilang mga talento ang pamilya. Pagkatapos ay maaari nilang ipabahagi sa mga bata kung paano pinagpapala ng kanilang mga talento ang pamilya—at paano nito pagpapalain ang kanilang magiging pamilya balang-araw. Maaaring hikayatin ng mga magulang ang mga bata na magtakda ng mga mithiin para patuloy nilang mapaunlad ang kanilang mga talento.

**"Hamon sa Pagbabasa ng Lumang Tipan,"** pahina 74: Isiping simulan ang hamon na basahin ang Lumang Tipan bilang pamilya. Maaari ninyong pilasin ang coloring chart mula sa magasin o magprint ng kopya mula sa liahona.lds.org para markahan ang inyong progreso. Basahin at talakayin ang iminungkahing mga talata sa banal na kasulatan bilang pamilya at isiping gumawa ng plano para makumpleto ang lingguhang hamon na magbasa ngayong taon.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *38*
***Ama sa Langit,*** *14, 54, 77, 78, 80*
***Bata, mga,*** *41*
***Espiritu Santo,*** *14, 40, 54, 64, 81*
***Family history,*** *60, 64*
***Gawaing misyonero,*** *38, 59*
***Halimbawa,*** *7*
***Ikalawang Pagparito,*** *18*
***Jesucristo,*** *7, 14, 50, 52, 54, 56, 68*
***Kapalaluan, pagmamalaki,*** *10*
***Kapayapaan,*** *41*
***Kristiyano,*** *40, 68*
***Lee, Harold B.,*** *81*
***Lumang Tipan,*** *12, 74*
***Mexico,*** *24, 39, 66*
***Mithiin, mga,*** *4, 18, 46*
***Mortalidad,*** *12, 42, 78*
***Pag-asa,*** *18*
***Pagbabayad-sala,*** *4, 10, 14, 54*
***Pagiging sakdal,*** *50, 52*
***Pagkahulog ni Adan,*** *12*
***Paglilingkod,*** *40*
***Pagpapakumbaba,*** *10*
***Pagsisisi,*** *4, 10, 46*
***Pagsubok, mga,*** *42*
***Pagtitiis,*** *42, 72*
***Pag-unlad,*** *18*
***Pamana,*** *24, 32*
***Pamilya,*** *46, 60, 64*
***Panalangin,*** *64*
***Pananampalataya,*** *18*
***Panguluhang Diyos,*** *14, 54*
***Patotoo,*** *64*
***Pioneer, mga,*** *24*
***Plano ng kaligtasan,*** *78*
***Sabbath,*** *17, 56, 58*
***Smith, Joseph Fielding,*** *32*
***Tema ng Mutwal,*** *50, 52, 53*
***Templo, mga,*** *24, 39, 60*
***Tipan, mga,*** *56, 58*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# ANG PINAKAMAINAM NA PANAHON PARA Magtanim ng Puno

Sa sinaunang Roma, si Janus ang diyos ng mga simulain. Madalas siyang ilarawan na may dalawang mukha—ang isa ay nakalingon sa nakaraan, ang isa pa ay nakatanaw sa hinaharap. Isinunod ng ilang wika ang buwan ng Enero [January] sa kanyang pangalan dahil ang simula ng taon ay panahon ng pagmumuni-muni gayundin ng pagpaplano.

Pagkaraan ng libu-libong taon, maraming kultura sa buong mundo ang nagpapatuloy sa tradisyon ng paggawa ng mga resolusyon para sa bagong taon. Mangyari pa, madaling gumawa ng mga resolusyon—pero hindi madaling tuparin ang mga ito.

Isang lalaking nakagawa ng mahabang listahan ng mga resolusyon para sa Bagong Taon ang nasiyahan sa kanyang progreso. Naisip niya, "Hanggang ngayon, nagdidiyeta pa rin ako, hindi ako nagagalit, gumagastos ako ayon sa badyet ko, at ni minsan hindi ako nagreklamo tungkol sa aso ng kapitbahay. Pero Enero 2 ngayon at katutunog lang ng alarm at oras na para bumangon ako. Kailangan ng himala para matupad ang lahat ng mithiin ko."

### Pagsisimulang Muli

May isang bagay na hindi kapani-paniwalang maaasam tungkol sa pagsisimula. Palagay ko minsan ay ginusto nating lahat na magsimulang muli nang walang mali o inaasahan.

Gusto kong bumili ng bagong computer na malinis ang hard drive. Matagal-tagal din itong gumana nang maayos. Ngunit habang lumilipas ang mga araw at linggo at parami nang parami ang mga program na ini-install (ang ilan ay sinadya, ang ilan ay di-gaanong sinadya), nagsimula nang humintu-hinto ang computer, at ang dati'y mabilis at mahusay nitong nagagawa ay bumabagal. Kung minsan ayaw na itong gumana. Kahit ang pagpapaandar dito ay maaaring mahirap gawin kapag napuno ng mga di-kailangan na datos at walang pakinabang na mga function ang hard drive. May mga pagkakataon na ang tanging magagawa ay i-reformat ang computer at magsimulang muli.

Ang mga tao ay maaari ding mapuno ng mga pangamba, pag-aalinlangan, at mabibigat na kasalanan. Ang mga pagkakamaling nagawa natin (kapwa sinadya at hindi sinadya) ay maaaring makabigat sa atin hanggang sa tila mahirap nang gawin ang alam nating dapat nating gawin.

Pagdating sa kasalanan, may isang napakagandang proseso ng pagre-reformat na tinatawag na pagsisisi na nag-aalis ng mga bagay na walang halaga sa ating internal hard drive na nakabibigat sa ating puso. Sa pamamagitan ng mahimala at mahabaging Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ipinapakita sa atin ng ebanghelyo kung paano linisin ang bahid ng kasalanan sa ating kaluluwa at muling mapanibago, maging dalisay, at walang-muwang na tulad ng isang bata.

Ngunit kung minsan pinababagal at pinipigilan tayo ng iba pang mga bagay, na nagdudulot ng walang-kabuluhang mga ideya at pagkilos na nagpapahirap sa atin para magsimulang muli.

### Inilalabas ang Kabutihan Natin

Ang pagtatakda ng mga mithiin ay marapat pagsikapan. Alam natin na ang ating Ama sa Langit ay may mga mithiin dahil sinabi Niya sa atin na ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay ang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

Mailalabas ng ating mga pansariling mithiin ang pinakamabuti sa atin. Gayunman, ang isa sa mga bagay na



## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ipinaliwanag ni Pangulong Uchtdorf na kapag hindi natin nakamtan ang ating mga mithiin, "maaari tayong mapalakas. . . . Hindi man tayo nakarating sa ating patutunguhan, ang pagpapatuloy sa paglalakbay ay magpapaunlad sa atin kaysa rati." Hilingin sa mga miyembro ng pamilya na magbahagi ng mga karanasan kung saan mas marami silang natutuhan sa proseso kaysa sa mga resulta, tulad ng pagtatapos ng pag-aaral o pagtanggap ng gantimpala.

nakasasagabal sa mga pagsisikap nating gumawa ng mga resolusyon at tuparin ang mga ito ay ang pagpapaliban. Kung minsan ipinagpapaliban natin ang pagsisimula, naghihintay sa tamang sandali para makapagsimula—sa unang araw ng isang bagong taon, sa simula ng tag-init, kapag tinawag tayong bishop o Relief Society president, kapag nag-aaral na ang mga bata, kapag nagretiro na tayo.

Hindi na kailangang anyayahan pa kayo bago ninyo simulang isakatuparan ang inyong mabubuting mithiin. Hindi na kailangang hintayin pa ninyo ang pahintulot para maging ang uri ng tao na dapat ninyong kahinatnan. Hindi na kailangang hintayin pa ninyong anyayahan kayo na maglingkod sa Simbahan.

Kung minsan ay sinasayang natin ang mga taon ng ating buhay sa paghihintay na mapili tayo (tingnan sa D at T 121:34–36). Ngunit maling pagaakala iyan. Kayo ay pinili na!

May mga sandali sa buhay ko na hindi ako makatulog sa gabi sa pagaalala sa mga problema, suliranin, o sariling pighati. Ngunit gaano man kadilim ang gabi, laging lumalakas ang loob ko kapag iniisip kong: bukas ay sisikat ang araw.

Sa bawat bukas, dumarating ang bagong bukang-liwayway—hindi lamang para sa mundo kundi para din sa atin. At sa isang bagong araw ay dumarating ang bagong simula—isang pagkakataong magsimulang muli.

### Ngunit Paano Kung Mabigo Tayo?

Kung minsan napipigilan tayo ng takot. Maaaring takot tayo na hindi magtagumpay, na magtatagumpay tayo, na maaaring mapahiya tayo, na baka magbago tayo o ang mga taong mahal natin dahil sa tagumpay.

Kaya naghihintay tayo. O kaya'y sumusuko.

Ang isa pang kailangan nating

LARAWAN MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

tandaan pagdating sa pagtatakda ng mga mithiin ay ito: Halos tiyak na mabibigo tayo—sa maikling panahon lamang. Ngunit sa halip na panghinaan ng loob, mapapalakas tayo dahil inaalis ng pagkaunawang ito ang pag-aalala na maging sakdal ngayon mismo. Kinikilala nito sa simula pa lamang na may pagkakataon na maaaring hindi natin magawa ang lahat. Kapag naunawaan ito sa simula pa lamang, nawawala ang pagkabigla at panghihina ng loob na dulot ng kabiguan.

Kapag isinakatuparan natin ang ating mga mithiin sa ganitong paraan, hindi tayo dapat malimitahan ng kabiguan. Tandaan, kahit hindi natin marating kaagad ang hangad nating patunguhan, may mararating na rin tayo sa pagtahak sa landas patungo rito.

At mahalaga iyan—napakahalaga.

Hindi man tayo makarating sa ating patutunguhan, ang pagpapatuloy sa paglalakbay ay magpapaunlad sa atin kaysa rati.


**Ngayon ang Tamang Panahon para Magsimula**

Ayon sa lumang kasabihan, "Ang pinakamagandang panahon para magtanim ng puno ay noong nakalipas na 20 taon. Ang ikalawang pinakamainam na panahon ay ngayon."

May napakaganda at maaasahang bagay tungkol sa salitang *ngayon*. Nagpapalakas ang katotohanan na kung pipiliin nating magpasiya ngayon, maaari tayong sumulong sa sandaling ito mismo.

*Ngayon* ang pinakamagandang panahon para simulang maging ang uri ng tao na nais nating kahinatnan kalaunan—hindi lamang 20 taon mula ngayon kundi maging sa buong kawalang-hanggan. ■

MGA KABATAAN




## Maging Pinakamabuti—Simula Ngayon

Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na "mailalabas ng ating mga pansariling mithiin ang pinakamabuti sa atin." Isiping magtakda ng ilang mithiin sa dalawa o tatlong aspeto ng iyong buhay, halimbawa, tulad ng pisikal na kalusugan, espirituwal na kalusugan, at mga pakikipagkaibigan. Anong mga tagumpay ang gusto mong makamit sa mga aspetong ito ngayong taon? Habang mapanalangin mong iniisip ang ilang mithiin, tiyakin na posibleng makamtan ang mga ito at pauunlarin ka rin. Sa iyong journal, idetalye ang iyong mga mithiin para makita mo ang iyong pag-unlad pagkaraan ng isang taon.





MGA PAGLALARAWAN NINA CHRISTINA SMITH AT CODY BELL

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang iyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan mo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Huwaran

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*



Kapag naunawaan natin na si Jesucristo ang ating halimbawa sa lahat ng bagay, madaragdagan ang hangarin nating sundin Siya. Ang mga banal na kasulatan ay puno ng panghihikayat na sundan natin ang mga yapak ni Cristo. Sa mga Nephita, sinabi ni Cristo, "Sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin" (3 Nephi 27:21). Kay Tomas, sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6).

Ngayon ipinapaalala sa atin ng ating mga lider na gawin nating halimbawa ang Tagapagligtas. Sinabi ni Linda K. Burton, Relief Society general president na, "Kapag nakaukit sa ating puso ang doktrina ng Pagbabayad-sala, tayo ay magiging mga uri ng tao na nais ng Panginoon na kahinatnan natin."[1]

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ang ating Huwaran at ating lakas."[2]

Magpasiya tayong lumapit kay Jesucristo, sundin ang Kanyang mga utos, at sikaping makabalik sa ating Ama sa Langit.

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

2 Nephi 31:16; Alma 17:11; 3 Nephi 27:27; Moroni 7:48

**MGA TALA**

1. Linda K. Burton, "Nakasulat Ba sa Ating Puso ang Pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?" *Liahona,* Nob. 2012, 114.
2. Thomas S. Monson, "Meeting Life's Challenges," *Ensign,* Nob. 1993, 71.
3. "Dakilang Karunungan at Pag-ibig," *Mga Himno,* blg. 116.
4. Dieter F. Uchtdorf, "Kaligayahan, ang Inyong Pamana," *Liahona,* Nob. 2008, 120.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

"Namuno S'ya at landas ay 'tinuro," pagsulat ni Eliza R. Snow, ikalawang Relief Society general president, tungkol sa mortal na ministeryo ni Jesucristo.[3] Nagministeryo siya sa mga tao—sa bawat isa. Itinuro Niya na dapat nating iwan ang siyamnapu't siyam upang iligtas ang isang naliligaw (tingnan sa Lucas 15:3–7). Pinagaling at tinuruan Niya ang mga tao, at pinag-ukulan pa ng oras ang bawat isa sa pulutong ng 2,500 katao (tingnan sa 3 Nephi 11:13–15; 17:25).

Tungkol sa mga babaeng Banal sa mga Huling Araw, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Kayong kahanga-hangang kababaihan ay nagkakawanggawa sa iba para sa higit na kapakanan ng iba kaysa sa inyong sarili. Dito ninyo natutularan ang Tagapagligtas. . . . Ang Kanyang isipan ay laging nakatuon sa pagtulong sa iba."[4]

## *Ano ang Magagawa Ko?*

1. Bakit at paano naging huwaran ko si Jesucristo?
2. Paano ako matutulungan ng paglilingkod sa kababaihang binibisita ko na sundin ang Tagapagligtas?

*ANG PAGKABUHAY NA MULI,* NI HARRY ANDERSON

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2013

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*



## Pangako ng Isang Propeta: Pagharap sa mga Pagsubok

"Alam din ng ating Ama sa Langit, na nagbibigay sa napakaraming tinatamasa natin, na natututo tayo at lumalago at tumatatag kapag hinaharap natin at nalalagpasan ang mga pagsubok na kailangan nating pagdaanan. Alam natin na may mga pagkakataon na daranas tayo ng sama ng loob, dalamhati, at susubukan tayo kung hanggang saan ang ating pananampalataya. Gayunman, ang gayong mga paghihirap ang nagtutulot para tayo'y magpakabuti, ayusin ang ating buhay sa paraang itinuro sa atin ng ating Ama sa Langit, at maging kaiba kaysa dati—mas mabuti kaysa dati, mas maunawain kaysa dati, mas mahabagin kaysa dati, mas malakas ang patotoo kaysa dati.

"Ito dapat ang ating layunin—hindi lamang ang magtiyaga at magtiis, kundi maging mas dalisay rin sa espirituwal habang nabubuhay tayo sa masaya at malungkot na panahon. Kung hindi dahil sa hamon na dadaigin at mga problemang lulutasin, mananatili sana tayong ganito, kakatiting o walang pagsulong tungo sa ating minimithing buhay na walang hanggan."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Hindi Kita Iiwan ni Pababayaan,"** ***Liahona,*** **Nob. 2013, 87.**


## Mga Sagot para sa Inyo

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Nobyembre 2013 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Anong mga doktrina ang matututuhan natin sa mga Saligan ng Pananampalataya? Tingnan sa L. Tom Perry, "Ang mga Doktrina at Alituntuning Nasa mga Saligan ng Pananampalataya."
- Paano tayo maaaring makibahagi sa gawaing misyonero kung takot tayo? Tingnan sa M. Russell Ballard, "Magtiwala Kayo sa Panginoon."
- Saan ginagamit ang ikapu? Tingnan sa David A. Bednar, "Mga Dungawan sa Langit."
- Paano makakaapekto sa ating kalayaan at hahantong sa pagkaalipin ang pagkakasala at paghihimagsik? Tingnan sa Quentin L. Cook, "Mga Panaghoy ni Jeremias: Mag-ingat sa Pagkaalipin."

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference. lds.org.**

Paano ipinamumuhay ng inyong pamilya ang natututuhan ninyo mula sa pangkalahatang kumperensya? I-email sa amin sa **liahona@ldschurch.org.**



## HUMAYO AT GAWIN

Itinuro ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol na dumarating ang pinakadakilang mga pagpapala ng kumperensya kapag:



1. "Nagtitipon tayo para pakinggan ang mga salita ng Panginoon."



2. "Bumalik tayo sa ating mga tahanan upang ipamuhay ang mga ito."

**Mula sa "Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo," *Liahona,* Nob. 2013, 7.**

## MGA SALITA NG PROPETA SA KABABAIHAN AT SA PRIESTHOOD

Itinanong ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Bakit kalalakihan lang ang namamahala sa mga ordenansa ng priesthood? . . .

"Kahit tiyak natin na 'pantay-pantay' ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak, alam din natin na hindi Niya nilikha ang mga lalaki at babae na parehong-pareho. Alam natin na ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin natin sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang mga sagradong responsibilidad ay ibinigay sa bawat kasarian.

"Alam natin na sa simula pa lamang ay itinatag na ng Panginoon kung paano pamamahalaan ang Kanyang priesthood."

Sa endnote 12 ng mensaheng ito, tinukoy ni Elder Andersen ang iba pang mga propetang sumagot sa tanong na ito. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Ang Panginoon ang nagtakda na kalalakihan sa Kanyang Simbahan ang dapat humawak ng priesthood." Sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hindi pa inihahayag ng Panginoon kung bakit Niya inorganisa ang Kanyang Simbahan nang gayon."

**Mula sa "Kapangyarihan sa Priesthood, *Liahona,* Nob. 2013, 92.**

## PUNAN ANG PUWANG

1. "Ang mga tumutupad ng tipan ay sumusunod sa ________________!" (Linda K. Burton, "Ang Kapangyarihan, Galak, at Pagmamahal sa Pagtupad ng Tipan," *Liahona,* Nob. 2013, 113).
2. "Hindi batid ng marami na sila ay inaakay ng Panginoon sa mga lugar na maririnig nila ang ________________ at maisasama sila sa Kanyang ________________" (Gérald Caussé, "Hindi na Kayo mga Taga Ibang Bayan," *Liahona,* Nob. 2013, 50).
3. "Ang kabutihan ay mas makapangyarihan kaysa ________________" (Boyd K. Packer, "Ang Susi sa Espirituwal na Proteksyon," *Liahona,* Nob. 2013, 27).
4. "Sa lumalabong kaibhang ito ng babae at lalaki, nawawala sa atin ang magkakaiba ngunit magkakatugmang kaloob ng ________________ at ________________ na kung pagsasamahin ay lilikha ng mas magandang kabuuan" (D. Todd Christofferson, "Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan," *Liahona,* Nob. 2013, 31).

Mga sagot: 1. utos; 2. ebanghelyo, kawan; 3. kasamaan; 4. babae, lalaki.

KALIWA: LARAWANG KUHA NI ASHTON G. SMITH; KANAN, PAIKOT MULA ITAAS: LARAWANG KUHA NI AUGUST MILLER; PAGLALARAWAN NI CARLOS ISRAEL GUTIÉRREZ ROBLES; LARAWANG KUHA NI EMILY LEISHMAN BEUS

# MULA SA KADILIMAN TUNGO SA LIWANAG

*Maaari nating malaman nang may katiyakan kapag madilim ang ating buhay na mapapalitan ni Jesucristo ng liwanag ang kadilimang iyan kapag taos-puso tayong nagsisi.*


**Hindi ibinigay ang pangalan**

May mga pagkakataon sa buhay ko na pakiramdam ko'y parang wala na akong pag-asang lumigaya o makabalik pa sa ating Ama sa Langit. Ilang taon na ang nakararaan na-disfellowship ako sa Simbahan. Naging mayabang ako at makasalanan at labis akong nagdusa dahil sa mga ginawa ko. Hindi natuloy ang napagkasunduan naming pagpapakasal ng babaeng mahal ko, hindi maganda ang pakikitungo ko sa iba, at hindi ako masaya.

Bagama't hinangad ko na sana ay pinili kong magpakumbaba noon pa man, napilitan akong magpakumbaba at hangaring sundin ang kalooban ng Panginoon. Sinimulan kong basahin ang mga banal na kasulatan nang mas madalas, manalangin nang mas madalas, at hangaring maglingkod sa iba. Sinikap kong ayusin ang ugnayang matagal ko nang nakaligtaan, pati na ang kaugnayan ko sa Ama sa Langit. Talagang hinangad kong mabago ang puso ko.

Isang araw, maaga pa'y nagmaneho na ako papunta sa paaralan, at hindi pa sumisikat ang araw. Maaliwalas ang kalangitan sa silangan, at madilim naman sa kanluran, at papalubog ang bilog na buwan sa likod nito. Naging ugali ko nang kausapin ang aking Ama sa Langit habang nagmamaneho. Habang nagdarasal ako sa biyaheng ito, naliwanagan ang aking isipan, at sumapuso ko ang bagong pag-asa.

Natanto ko na umaaliwalas at lalo pang lumiliwanag ang buhay ko, tulad ng kalangitan sa silangan. Napapawi ang kadiliman, at ang aking mga kasalanan, na kasing-laki ng bilog na buwan na iyon, ay lumulubog. Naroon pa ang mga iyon, ngunit alam kong hindi magtatagal ay mapapawi ang mga ito kung itutuloy ko ang aking taos-pusong pagsisisi. Nagkaroon ako ng pag-asa na balang-araw



**KALIGAYAHAN SA PAMAMAGITAN NG PAGSISISI**

"Nauunawaan ba natin ang [kasabikan] ng ating Ama sa Langit sa bawat pagsisikap nating makabalik sa kanya? Kahit napakalayo pa natin, malugod na Niyang tinatanggap ang ating pagbabalik. Nagagalak tayo kapag tinitiyak sa atin ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas na maaari tayong maging malinis, na isang araw ay makauuwi tayong muli. Ang kaligayahang ito ay nagmumula lamang sa pagsisisi.

"Kapag tinalikuran natin ang paggawa ng masama at sumampalataya tayo kay Jesucristo, tatanggap tayo ng kapatawaran ng ating mga kasalanan. Nadarama natin na ginagawa ng ating Tagapagligtas para sa atin ang hindi natin kayang gawin."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Joy of Becoming Clean," *Ensign,* Abr. 1995, 51.**



ay magiging maaliwalas ang buhay ko na tulad sa katanghaliang tapat.

Sa paglipas ng panahon at nang ipagdasal ko na magawa ko nawang mahalin ang aking Ama sa Langit at ang aking kapwa, naging mas mapagpakumbaba ako. Dahil sa ibayong pagpapakumbaba nahikayat akong maglingkod sa Diyos at sa iba at mas kinalimutan ang aking sarili, at ang pag-asa ko sa buhay na walang hanggan at sa mas magandang bukas ay napanibago at naragdagan. Habang nadaragdagan ang pag-asang iyan, gayundin ang pananalig ko na ang aking Tagapagligtas na si Jesucristo ay may kapangyarihang iligtas at linisin ako mula sa lahat ng kasamaan. Alam ko na ang mga salita ni Mormon ay totoo: "Kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan" (Moroni 7:41). ■

LARAWAN © SHUTTERSTOCK.COM/KRIVOSHEEV VITALY

**ANO ANG MGA KUNDISYON NG PAGSISISI?**

Itinuro ng propetang si Helaman na ang pagsisisi ay may mga kundisyon:

"Tiyak na paparito ang Panginoon upang tubusin ang kanyang mga tao, subalit hindi siya darating upang tubusin sila sa kanilang mga kasalanan, kundi upang tubusin sila mula sa kanilang mga kasalanan.

"At may kapangyarihan siya na ibinigay sa kanya ng Ama upang sila ay tubusin mula sa kanilang mga kasalanan dahil sa pagsisisi; kaya nga, isinugo niya ang kanyang mga anghel upang ihayag ang masayang balita na *mga itinakda ng pagsisisi*, na nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng Manunubos, tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa" (Helaman 5:10–11; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Isiping pag-aralan ang sumusunod na mga banal na kasulatan para mas maunawaan ang ilan sa mga kundisyong iyon: Mga Taga Roma 3:23; 1 Nephi 10:21; 2 Nephi 2:8; Mosias 4:9–10; Doktrina at mga Tipan 58:42–43.

---

***Malugod naming tatanggapin ang inyong kuwento tungkol sa inyong mga karanasan sa ebanghelyo na may kaugnayan sa ministeryo at misyon ng Tagapagligtas. Ang mga paksang maaaring isama ay ang Pagbabayad-sala, biyaya, paggaling, pag-asa, o pagsisisi. Limitahan ang inyong artikulo sa 600 salita, pamagatan itong "We Talk of Christ," at ipadala sa liahona.lds.org o ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org.***

# ADAN

*"Ilang tao lamang sa buong kawalang-hanggan ang mas tuwirang nakabahagi sa plano ng kaligtasan . . . tulad ng lalaking si Adan."*[1]

Kilala ako ng karamihan bilang unang tao na nabuhay sa lupa, ngunit maraming hindi nakaaalam na nagkaroon ako ng natatanging responsibilidad bago ako naparito sa lupa. Sa buhay bago isilang, ako ang namuno sa mga hukbo ng Diyos laban sa mga hukbo ni Satanas sa Digmaan sa Langit,[2] at tinulungan ko si Jesucristo sa paglikha ng mundo.[3] Kilala ako noon bilang Miguel, na ibig sabihi'y "yaong tulad ng Diyos."[4]

Pinili ako ng Diyos na maging unang tao sa lupa at inilagay ako sa Halamanan ng Eden, isang paraiso na may iba't ibang uri ng mga halaman at hayop. Hiningahan Niya ako "ng hininga ng buhay"[5] at binigyan ako ng bagong pangalan: Adan.[6]

Sinabi ng Diyos sa amin ng asawa kong si Eva na huwag kumain ng bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama.[7] Kung hindi namin kinain ang bunga, namalagi sana kami sa halamanan at nabuhay magpakailanman, pero hindi kami "uunlad dahil hindi [kami] daranas ng oposisyon sa buhay na ito"[8] o magkakaanak.[9] Kami ang magpapasiya.

Dahil pinili naming kainin ang bunga, kinailangan naming lisanin ang halamanan at ang kinaroroonan ng Diyos. Ito ang tinatawag na Pagkahulog. Kami ay naging mortal, dumanas kapwa ng mabuti at masama sa buhay, at nagkaroon ng mga anak sa mundo.[10]

Batid ng Diyos na mangyayari ang Pagkahulog—isinugo Niya si Jesucristo upang magbayad-sala para sa ating mga kasalanan at madaig ang kamatayan upang makababalik tayo at ang ating mga anak sa Kanya.[11]

Natutuhan namin ni Eva ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo—





pati na ang pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas—at itinuro namin ito sa aming mga anak.[12]

Dahil sa mga karanasan ko, nabuksan ang aking mga mata, at nagalak ako sa buhay na ito.[13] Tandaan na madarama rin ninyo ang pagmamahal ng Diyos at maaari kayong makabalik sa Kanya kung susundin ninyo si Jesucristo,[14] tulad ng natutuhan kong gawin. ■


**MGA TALA**

1. Robert L. Millet, "The Man Adam," *Ensign*, Ene. 1994, 8.
2. Tingnan sa Apocalipsis 12:7–8.
3. Tingnan sa Robert L. Millet, "The Man Adam," 10.
4. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Miguel," scriptures.lds.org.
5. Genesis 2:7.
6. Tingnan sa Moises 1:34.
7. Tingnan sa Genesis 2:16–17; Moises 3:16–17.
8. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 54.
9. Tingnan sa 2 Nephi 2:22–23.
10. Tingnan sa Moises 4:22–31; 5:10–11; Alma 12:21–27.
11. Tingnan sa Juan 3:16–17; I Mga Taga Corinto 15:22; 2 Nephi 9:21; Alma 42:2–15.
12. Tingnan sa Moises 5:1–12, 58–59; 6:51–67.
13. Tingnan sa Moises 5:10.
14. Tingnan sa Mosias 27:25–26.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:11.
16. Tingnan sa Genesis 5:5.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 116:1; Daniel 7:9–14.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:26.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:114–16.








MULA KALIWA: PAINTING NI DAN BAXTER; *SINA ADAN AT EVA SA HALAMANAN,* NI LOWELL BRUCE BENNETT; *PAGLISAN SA HALAMANAN NG EDEN,* NI JOSEPH BRICKEY; *KAHALINTULAD,* NI JOSEPH BRICKEY; *TINUTURUAN NINA ADAN AT EVA ANG KANILANG MGA ANAK,* NI DEL PARSON; *INOORDEN NI ADAN SI SET,* NI DEL PARSON; *ADAN-ONDI-AHMAN,* NI DEL PARSON; *TINATALO NI MIGUEL ARKANGHEL SI SATANAS,* NI GUIDO RENI/BRIDGEMAN ART LIBRARY/GETTY IMAGES; BACKGROUND MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK


## FACT BOX: ADAN


**Mga pangalan:** Adan, Amang Adan, Matanda sa mga Araw, Miguel[15]

**Edad nang mamatay:** 930[16]

**Mga tungkulin sa buhay bago isinilang:** Pinamunuan ang mga hukbo ng Diyos laban kay Satanas; tinulungan si Jesucristo sa paglikha ng mundo

**Mga tungkulin sa mortal na buhay:** Patriyarka, asawa, at ama; tumulong na isakatuparan ang Pagkahulog; ipinamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo

**Mga tungkulin sa kabilang-buhay:** Bibisitahin ang kanyang mga tao sa Adan-ondi-Ahman[17], tutulong sa Pagkabuhay na Mag-uli[18], mamumuno sa huling digmaan laban kay Satanas[19]



**Ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)**
Ikalabinlimang Pangulo ng Simbahan

# ANG BANAL NA PANGULUHANG DIYOS

*Ang ating paniniwala sa Diyos Amang Walang Hanggan; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; at sa Espiritu Santo ang pinakamahalaga sa ating relihiyon.*

*Si Gordon B. Hinckley, ang ika-15 pangulo ng Simbahan, ay isinilang noong Hunyo 23, 1910. Siya ay naorden bilang Apostol noong Oktubre 5, 1961, sa edad na 51, at noong Marso 12, 1995, siya ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan.*

Sa pagtuturo ng mga pangunahing alituntunin ng ating doktrina, ito ang inuna ni Propetang Joseph:

"Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1).

[Itinuro din ng Propeta]: "Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay malaman nang may katiyakan ang katangian ng Diyos" (*History of the Church,* 6:305).

Ang napakahalaga at pinakapangunahing mga pagpapahayag na ito ay ayon sa mga salita ng Panginoon . . . : "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3). . . .

## Diyos Amang Walang Hanggan

Naniniwala ako nang walang pag-aatubili o pag-aalinlangan sa Diyos Amang Walang Hanggan. Siya ang aking Ama, ang Ama ng aking espiritu, at ang Ama ng mga espiritu ng lahat ng tao. Siya ang dakilang Lumikha, ang Pinuno ng Sansinukob. . . . Sa Kanyang larawan nilikha ang tao. Siya ay personal. Siya ay tunay. Siya ay indibiduwal. Siya ay "may katawang may laman at mga buto na mahihipo gaya ng sa tao" (D at T 130:22).

Sa salaysay tungkol sa paglikha ng mundo, "sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis" (Genesis 1:26).

May lilinaw pa ba kaysa riyan? Paghamak ba sa Diyos, tulad ng gusto ng ilan na paniwalaan natin, na ang tao ay nilikha sa Kanyang tunay na larawan? Sa halip, dapat itong magdulot sa puso ng bawat lalaki at babae ng mas malaking pagpapahalaga sa kanyang sarili bilang anak ng Diyos. . . .

. . . Noong ako ay missionary, nagsalita ako [sa London, England, nang sumabad ang isang nangangantiyaw], "Bakit hindi ka na lang maniwala sa doktrina ng Biblia na nakasaad sa Juan (4:24), 'Ang Dios ay Espiritu'?"

Binuklat ko ang aking Biblia sa talatang binanggit niya at binasa sa kanya ang buong talata: "Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan."

Sabi ko, "Totoong ang Diyos ay espiritu, at gayundin ikaw, sa magkasamang espiritu at katawan kaya isa kang buhay na nilalang, at gayundin ako."

Bawat isa sa atin ay may espiritu at katawan. Alam ng lahat na totoong may kamatayan . . . , at alam din ng bawat isa sa atin na ang espiritu ay patuloy na mabubuhay at pagdating ng panahon, sa ilalim ng plano ng langit na mangyayari dahil sa pagsasakripisyo ng Anak ng Diyos, muling magsasama ang espiritu at katawan. Ang pahayag ni Jesus na ang Diyos ay espiritu ay hindi nagtatanggi na Siya ay may katawan tulad sa pahayag na ako ay espiritu na hindi itinatanggi na mayroon akong katawan.

Hindi ko ipinapantay ang aking katawan sa kadalisayan ng Kanyang katawan, sa kapangyarihan, kagandahan at kaningningan nito. Ang sa Kanya ay walang hanggan. Ang sa akin ay mortal. Sa halip pinag-iibayo lamang niyan ang pagpipitagan ko sa Kanya. . . . Hangad kong mahalin Siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Ang Kanyang karunungan ay nakahihigit sa karunungan ng lahat ng tao. . . . Mahal Niya ang lahat ng Kanyang anak, at gawain at kaluwalhatian Niya na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak . . . (tingnan sa Moises 1:39). . . .

## Ang Panginoong Jesucristo

Naniniwala ako sa Panginoong Jesucristo, ang Anak ng walang-hanggan at buhay na Diyos. Naniniwala ako na Siya ang Panganay ng Ama at Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Naniniwala ako na Siya ay indibiduwal, hiwalay at iba sa Kanyang Ama. . . .

Naniniwala ako na sa Kanyang mortal na buhay Siya ang tanging sakdal na taong nabuhay sa lupa. Naniniwala ako na sa Kanyang mga salita



*3 NEPHI 11:15: ONE BY ONE,* NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

matatagpuan ang liwanag at katotohanang iyon na magliligtas sa sanlibutan at maghahatid ng kadakilaan sa sangkatauhan, kung susundin ito. Naniniwala ako na nasa Kanyang priesthood ang banal na awtoridad—ang kapangyarihang magbasbas, kapangyarihang magpagaling, kapangyarihang mamahala sa mga gawin ng Diyos sa lupa, kapangyarihang ibuklod sa kalangitan yaong ibinuklod sa lupa.

Naniniwala ako na sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, sa pag-aalay ng Kanyang buhay sa burol ng Kalbaryo, ay pinagbayaran Niya ang mga kasalanan ng sangkatauhan, at naaalis sa atin ang bigat ng kasalanan kung tatalikuran natin ang kasamaan at susunod sa Kanya. Naniniwala ako sa katotohanan at kapangyarihan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. . . . Naniniwala ako na sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, . . . ibinibigay sa bawat isa sa atin ang kaloob na pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan. Naniniwala rin ako na sa pamamagitan ng sakripisyong iyon ay nabigyan ng pagkakataon ang bawat lalaki at babae, bawat anak ng Diyos, na magkaroon ng buhay na walang hanggan at kadakilaan sa kaharian ng ating Ama, kapag ating . . . sinunod ang Kanyang mga utos.

Wala nang gayon kadakila na nabuhay sa mundong ito. Wala nang iba na nakapantay sa pagsasakripisyo o pagpapala Niya. Siya ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig. Naniniwala ako sa Kanya. Ipinapahayag ko ang Kanyang kabanalan . . . . Mahal ko Siya. Sinasambit ko ang Kanyang pangalan nang may pagpipitagan at paghanga. . . .

. . . Nakasaad sa banal na kasulatan ang tungkol sa [mga taong] pinagpakitaan Niya at kinausap bilang buhay, nabuhay na mag-uling Anak ng Diyos. Nagpakita rin Siya sa dispensasyong ito, at ipinahayag ng mga taong nakakita sa Kanya:

"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na Siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—

"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (D at T 76:22–24).

Ito ang Cristong pinaniniwalaan at pinatototohanan ko.

### Ang Espiritu Santo

Ang kaalamang iyan ay nagmumula sa salita ng banal na kasulatan,

at ang patotoong iyan ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ay isang kaloob, sagrado at kamangha-mangha, na ipinarating sa pamamagitan ng paghahayag mula sa ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Naniniwala ako na ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu na kasama ng Ama at ng Anak, ang tatlong ito ang bumubuo sa banal na Panguluhang Diyos. . . .

Maliwanag na ang Espiritu Santo ay kinikilala noong unang panahon bilang miyembro ng Panguluhang Diyos sa pag-uusap nina Pedro at Ananias nang itago ng huli ang bahagi ng pera mula sa naibentang lupa.

"Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo . . . ?

". . .Hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios" (Mga Gawa 5:3–4).

Ang Espiritu Santo [ay] ang Mang-aaliw na ipinangako ng Tagapagligtas na magtuturo at magpapaalala ng lahat ng bagay sa Kanyang mga disipulo . . . (tingnan sa Juan 14:26).

Ang Espiritu Santo ang Tagapagpatotoo ng Katotohanan, na makapagtuturo sa mga tao ng mga bagay na hindi nila maituturo sa isa't isa. . . . Ang kaalaman sa katotohanan ng Aklat ni Mormon ay ipinangako "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo." Pagkatapos ay ipinahayag ni Moroni, "At sa kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:4–5).



Naniniwala ako na ang kapangyarihang ito, ang kaloob na ito, ay maaari nating matamo ngayon.

### Totoo at Magkakahiwalay na Katauhan

. . . Naniniwala ako sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

Bininyagan ako sa pangalan ng tatlong ito. Ikinasal ako sa pangalan ang tatlong ito. Wala akong alinlangan na sila ay totoo at magkakahiwalay na katauhan. Ang pagkakahiwalay na iyan ay nakita nang binyagan ni Juan si Jesus sa Jordan. Naroon at nakatayo sa tubig ang Anak ng Diyos. Ang tinig ng kanyang Ama ay narinig na ipinapahayag ang Kanyang kabanalan bilang anak, at nakita ang Espiritu Santo na bumababang tulad ng kalapati (tingnan sa Mateo 3:16–17).

Batid ko na sinabi ni Jesus na sila na nakakita sa Kanya ay nakita ang Ama [tingnan sa Juan 14:9]. Hindi ba't masasabi rin iyan sa maraming anak na kamukha ng kanyang magulang?

Nang magdasal si Jesus sa Ama, tiyak na hindi Siya nagdarasal sa Kanyang Sarili!

### Lubos na Nagkakaisa

Sila ay magkakahiwalay na katauhan, ngunit iisa ang kanilang layunin at gawain. Nagkakaisa sila sa pagsasakatuparan ng dakila at banal na plano para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos.

. . . Nagsumamo si Cristo sa Kanyang Ama hinggil sa mga Apostol, na Kanyang minamahal, na nagsasabi:

"Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, upang sila nama'y suma atin" (Juan 17:20–21).

Ang lubos na pagkakaisang iyan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo ang nagbibigkis sa tatlong ito sa pagiging isa ng banal na Panguluhang Diyos. ■

*Mula sa "The Father, Son, and Holy Ghost,"* Ensign, *Nob. 1986, 49–51; inayon sa pamantayan ang pagpapalaki ng mga letra at pagbabantas.*

*PANALANGIN SA GETSEMANI*, NI DEL PARSON

# PAGGALANG SA ARAW NG SABBATH



Para sa maraming tao, ang Linggo ay karaniwang araw lamang sa katapusan ng linggo para magpahinga at maglibang. Gayunman, itinuro sa paghahayag noon at ngayon ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Sa mga pahina 56–57 ng isyung ito, tinalakay ni Larry M. Gibson, unang tagapayo sa Young Men general presidency, ang kahalagahan ng paggalang sa araw ng Sabbath. Sabi ni Brother Gibson, "Ang ating paraan sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay nagpapakita ng pagtupad natin sa ating tipan na laging alalahanin si Jesucristo."

Habang natututuhan ng inyong mga anak na panatilihing banal ang araw ng Sabbath, magiging handa silang tumanggap ng maraming pagpapala. Tulad ng sinabi ni Brother Gibson, "Kung susundin at ipamumuhay natin ang banal na utos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath, ang Panginoon naman ay pagpapalain tayo, papatnubayan tayo, at bibigyan tayo ng inspirasyon sa paglutas ng mga problemang kinakaharap natin."

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Magkakasamang basahin ang artikulo ni Brother Gibson sa mga pahina 56–57. Pagkatapos ay talakayin kung ano ang magagawa ng inyong pamilya bawat linggo para maghanda na mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Sa family home evening, maaari ninyong kantahin ang "Sagradong Himig ay Awitin" (*Mga Himno,* blg. 87) o iba pang himno tungkol sa Sabbath at talakayin kung ano ang magagawa ng inyong pamilya sa Linggo para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath.
- Isiping basahin sa inyong mga tinedyer ang bahagi tungkol sa paggalang sa araw ng Sabbath sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* pati na ang mga talatang nakalista sa dulo. Maaari din kayong sabay-sabay na maghanap ng iba pang mga talata tungkol sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath at talakayin ang mga alituntuning nakapaloob sa paggalang sa araw ng Sabbath.
- Maaari ninyong panoorin ang kaugnay na mga video at basahin ang mga artikulo na kasama ang inyong mga tinedyer. Magpunta sa youth.lds.org at mag-klik sa "For the Strength of Youth" tab sa menu. Pagkatapos ay mag-klik sa bahaging para sa paggalang sa araw ng Sabbath, at makikita ninyo ang kaugnay na mga video at artikulo sa bandang kanan at ilalim ng pahinang iyon.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Basahin ang "Bagong Deacon" sa *Liahona* Oktubre 2013 at talakayin ang kahalagahan ng sakramento sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.
- Isiping basahin ang "Isang Aral Tungkol sa Pagpipitagan" sa *Liahona* Marso 2010; maaari din ninyong gawin ang aktibidad na nasa artikulo. Talakayin sa inyong mga anak kung paano nakatutulong ang pagiging mapitagan sa simbahan upang mapanatiling banal ang araw ng Sabbath.
- Talakayin kung ano ang magagawa ng inyong pamilya sa Linggo bilang paggalang sa Panginoon. Maaari ninyong basahin ang "Magpasiya Ngayon Mismo" mula sa *Liahona* Marso 2012 para sa halimbawa ng isang tao na pinanatiling banal ang araw ng Sabbath sa mahirap na sitwasyon.
- Maaari ninyong kantahin ng mga bata ang ilang awiting nauugnay sa Sabbath, kabilang na ang "Sabado" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 105). Pag-usapan ang mga paraan na magagamit ng inyong pamilya ang Sabado at iba pang mga araw ng linggo para paghandaan ang araw ng Linggo. ■

### MGA BANAL NA KASULATAN UKOL SA PAKSANG ITO

Exodo 20:8–11
Isaias 58:13–14
I Mga Taga Corinto 11:23–26
3 Nephi 18:3–11
Moroni 6:4–6
Doktrina at mga Tipan 59:9–13

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



*Laging tandaan na si Jesucristo—ang Lumikha ng sansinukob, ang arkitekto ng ating kaligtasan, at ang pinuno ng Simbahang ito—ang namamahala.*

**Ni Elder**
**M. Russell Ballard**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol



# HARAPIN ANG BUKAS NANG MAY Pananampalataya at Pag-asa

Ang mga kundisyon sa mundo ay walang katiyakan at mapanganib, at ang ekonomiya ng mundo ay hindi matatag at pabagu-bago. Ang natatanging mga pinahahalagahan sa buhay, kalayaan, at paghahangad na lumigaya ay tinutuligsa ng mga taong gustong supilin ang kalayaan at ginagawa tayong palaasa sa halip na hikayatin tayong gamitin ang ating mga kasanayan at talento upang makalikha ng bago at magandang mga paraan sa paggawa ng mga bagay-bagay.

Bumababa ang mga pamantayan ng moralidad. Sinasalakay at nawawasak ang pamilya. Ang pagmamahal sa puso ng mga lalaki at babae ay lumalamig at pakunwari (tingnan sa Mateo 24:12; Mga Taga Roma 1:31). Patuloy ang pagkasira ng integridad, katapatan, at kabutihan ng mga pinuno sa pulitika, negosyo, at iba pa. Laganap ang digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa mga bansa at relihiyon. At ang mas mapanira pa kaysa anumang armadong labanan ay ang digmaan ng mabuti at masama—sa pagitan ng Tagapagligtas kasama ang Kanyang hukbo ng liwanag at ni Satanas kasama ang kanyang masasamang kampon ng kadiliman—para sa kaluluwa ng mga anak ng Diyos.

Inilarawan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang mundong papasukin ng mga kabataan ngayon nang sabihin niya: "Nabubuhay tayo sa isang panahon na gumagawa ang mababagsik na tao ng nakakatakot at nakakasuklam na mga bagay. Nabubuhay tayo sa panahon ng digmaan. Nabubuhay tayo sa panahon ng kayabangan. Nabubuhay tayo sa panahon ng kasamaan, pornograpiya, imoralidad. Lahat ng kasalanan ng Sodoma at Gomorra ay laganap sa ating lipunan. Ang ating mga kabataan ay hindi naharap kailanman sa mas malaking hamon. Hindi pa kami nakakita ng gayong kalinaw na kahalayan kahit kailan maliban sa ngayon."[1]

MGA PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

Hindi tayo dapat magulat sa mga sitwasyong ito sa ating panahon dahil ang mga banal na kasulatan at propesiya tungkol sa ating panahon ay nagpapatotoo sa mangyayari sa mundo kung tatalikod ang mga tao sa Diyos. Daranas pa tayo ng mga bagay na di-kasiya-siya, dahil patuloy ang diyablo sa mga pagtatangka niyang isakatuparan ang kanyang masasamang balak. Kasabay nito, alam ng mga sinaunang propeta na nakakita sa ating panahon, na nakakita sa henerasyon ng mga kabataan ngayon, na magiging panahon ito ng liwanag at pagkamangha na hindi pa kailanman naranasan sa mundo.

Nang ihanda ko ang mensaheng ito, humingi ako ng patnubay na malaman kung anong mensahe ang nais ipabahagi sa akin ng ating Ama sa Langit. Pumasok sa aking isipan ang pumapanatag at tumitiyak na mga salitang sinambit ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith: "Magalak, sapagkat akin kayong aakayin. Ang kaharian ay sa inyo . . . , at ang mga kayamanan ng kawalang-hanggan ay sa inyo" (D at T 78:18).

## Palitan ng Pananampalataya ang Takot

Naniniwala ako na ang nais ipasabi sa akin ng Panginoon ay na dapat nating palitan ng pananampalataya ang takot—pananampalataya sa Diyos at sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo.

Naaalala ko noong 13-taong-gulang ako nang umuwi ako mula sa priesthood meeting isang araw ng Linggo, Disyembre 7, 1941, nang malaman ko sa mga magulang ko na binomba ng Japan ang Pearl Harbor. Ito ang nagtulak sa Estados Unidos na pumasok sa digmaang pandaigdig na dalawang taon nang nagaganap noon sa Europa. Tila ang buhay ayon sa pagkaalam namin ay malapit nang magwakas. Labis ang pag-aalala nang maraming binata ang pagsilbihin sa militar. Gayunman, tulad ngayon, sa gitna ng lahat ng kaguluhan, paghihirap, at masasamang impluwensya sa mundo, marami pa ring kabutihang nangyayari.

Kapag iniisip natin ang bukas, dapat tayong mapuspos ng pananampalataya at pag-asa. Laging tandaan na si Jesucristo—ang Lumikha ng sansinukob, ang arkitekto ng ating kaligtasan, at ang pinuno ng Simbahang ito—ang namamahala. Hindi Niya tutulutang mabigo ang Kanyang gawain. Siya ay magtatagumpay laban sa lahat ng kadiliman at kasamaan. At inaanyayahan Niya tayong lahat, na mga miyembro ng Kanyang Simbahan at ang iba pang tapat ang puso, na makiisa sa digmaan para sa mga kaluluwa ng mga anak ng Diyos. Kasama ang lahat ng iba pang gagawin natin sa buhay, kailangan din nating ilaan at iukol ang ating puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas sa Kanyang layunin, namumuhay nang may pananampalataya at kumikilos nang may pananalig.

Harapin ang bukas nang may magandang pananaw. Naniniwala ako na tayo ay nasa simula ng bagong panahon ng paglago, pag-unlad, at kasaganaan. Kung walang malaking kalamidad o di-inaasahang pandaigdigang krisis, palagay ko ay muling sisigla sa susunod na mga taon ang ekonomiya sa mundo dahil sa pagkakaroon ng mga bagong tuklas sa komunikasyon, medisina, enerhiya, transportasyon, physics, teknolohiya sa computer, at iba pang larangan.

Marami sa mga tuklas na ito, tulad noon, ang magiging bunga ng pagbulong ng mga ideya at pagbibigay-liwanag ng Espiritu sa isipan ng mga taong naghahanap ng katotohanan. Sa mga tuklas at pagsulong na ito magmumula ang mga bagong pagkakataong makapagtrabaho at umunlad ang mga taong masisipag, lalo na ang mga taong nagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos. Ito ang nangyari sa iba pang mahahalagang panahon ng paglago ng ekonomiya sa sariling bansa at sa lahat ng bansa sa daigdig.

Bukod pa riyan, marami sa mga tuklas na ito ang gagawin para maisakatuparan ang mga layunin at gawain ng Diyos at para mapabilis, pati na sa pamamagitan ng gawaing misyonero, ang pagtatayo ng Kanyang kaharian sa lupa sa panahong ito.

## Gawin ang Inyong Tungkulin

Bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas—at batay sa Kanyang takdang panahon—kailangang ipalaganap ang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao hanggang sa mapuno nito ang buong mundo. Tulad ng ipinahayag ni Propetang Joseph: "Walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."[2]

Kapag ipinalaganap ang ebanghelyo sa bilyun-bilyong kaluluwang gutom sa espirituwal, magsasagawa ng mga himala ang Panginoon. Ang mga missionary ng maraming nasyonalidad ay maglilingkod sa Panginoon sa buong mundo. Mga bagong kapilya at marami pang templo ang itatayo para



*Maraming bagong tuklas ang gagawin para maisakatuparan ang mga layunin at gawain ng Diyos at mapabilis, pati na sa pamamagitan ng gawaing misyonero, ang pagtatayo ng Kanyang kaharian sa lupa sa panahong ito.*

mapagpala ang mga Banal, tulad ng ipinropesiya hinggil sa paglago ng Simbahan bago sumapit ang Milenyo.

Maitatanong ninyo, "Saan manggagaling ang perang magpopondo sa paglagong ito?" Ang pera ay manggagaling sa ikapu at mga handog ng matatapat na miyembro. Kapag ginawa natin ang ating bahagi, pauunlarin tayo ng Panginoon at bibiyayaan tayo ng karunungan upang panatilihing nakatuon ang ating isipan sa pinakamahalagang bagay sa buhay: "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang [kaharian ng Diyos], at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo" (Mateo 6:33).

Kaya sa loob ng maikling panahon, maaaring parang nabuksan na ang mga dungawan ng langit kaya nga "walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10).

Naniniwala ako na marami sa mga young adult ngayon ang aktibong makikibahagi sa temporal na mga pagpapala kung susundin nila ang mga utos ng Panginoon. Kasabay ng pag-unlad ay darating ang kakaibang hamon—na susubok sa hangganan ng espirituwalidad ng marami. Kapag pumasok kayo sa bagong mundong ito ng pag-unlad at ginamit ang inyong pinag-aralan at mga kasanayan tungo sa tagumpay sa aspetong pinansyal, kailangang matukoy ninyo sa tuwina ang kaibhan ng gusto lang at ng talagang kailangan ninyo.

## Hanapin Muna Ninyo ang Kaharian ng Diyos

Magkakaroon kayo ng dalawang pagpipilian. Ang hangarin ba ninyong magtamo ng mga pagpapala ng Panginoon ay para sa pansariling kasiyahan, para hangaan ng mga tao, at para magkaroon ng kapangyarihan, impluwensya, at mapalakas pa ito? O ang hangarin ninyo ay para luwalhatiin ang Diyos, at tumulong na palaguin at palaganapin ang Kanyang Simbahan?

Masusumpungan ng mga taong naghahangad yumaman para makapagyabang na madaling maubos at mawala ang kanilang kayamanan sa mga maling paraan (tingnan sa Helaman 13:31). Ang kapakanan ng kanilang kaluluwa ay lubhang manganganib. Binalaan tayo ni Jacob, ang masunuring nakababatang kapatid ni Nephi:

"At ang mapagpalang kamay ay buong kasiyahang nginitian kayo, kung kaya't nakatanggap kayo ng maraming kayamanan; at dahil ang ilan sa inyo ay nagtamo nang higit na marami kaysa sa inyong mga kapatid, kayo ay iniangat sa kapalaluan ng inyong mga puso, at nagpapatigas ng inyong mga leeg at nagtataas ng mga ulo dahil sa kamahalan ng inyong pananamit, at hinahamak ang inyong mga kapatid sapagkat inaakala ninyo na kayo ay nakahihigit kaysa sa kanila.

". . . Sa akala ba ninyo ang Diyos ay pawawalang-sala kayo sa bagay na ito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi.

Kundi isinusumpa niya kayo, at kung kayo ay magpupumilit sa mga bagay na ito, ang kanyang mga paghahatol ay tiyak na madaling sasapit sa inyo.

"... Huwag hayaang wasakin ng inyong mapagpalalong puso ang inyong mga kaluluwa!" (Jacob 2:13, 14, 16).

Pagkatapos ay itinuon ni Jacob ang paghahangad nating magtamo ng kayamanan sa wastong pananaw na may ganitong pangako:

"Subalit bago kayo maghanap ng mga kayamanan, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos.

"At matapos kayong makatamo ng pag-asa kay Cristo kayo ay makatatamo ng mga kayamanan, kung inyo itong hahanapin; at hahanapin ninyo ito para sa hangaring gumawa ng kabutihan—upang damitan ang hubad, at pakainin ang nagugutom, at palayain ang bihag, at bigyang-ginhawa ang may karamdaman, at ang naghihirap" (Jacob 2:18–19).

Hindi sinasabi sa atin ng Panginoon na hindi tayo dapat yumaman o na ang pagyaman ay kasalanan. Sa halip, pinagpapala Niya sa tuwina ang Kanyang masunuring mga anak. Ngunit sinasabi Niya sa atin na dapat nating hangaring yumaman kapag natapos na natin Siyang hanapin, natagpuan, at pinaglingkuran. Pagkatapos, dahil mabuti ang ating puso, dahil mahal natin Siya una sa lahat, pipiliin nating iukol ang kayamanang natamo natin sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.

Kung pipiliin ninyong maghangad ng kayamanan para yumaman, hindi ninyo ito matatamo. Hindi kayo masisiyahan kailanman. Makadarama kayo ng kahungkagan, nang hindi kailanman natatagpuan ang tunay na kaligayahan at walang-hanggang kagalakan.

Ang pagsubok sa inyong pananampalataya sa susunod na ilang taon ay malamang na hindi sa kakulangan ninyo sa mga materyal na bagay ng mundong ito. Sa halip ito ay sa pagpili sa kung ano ang gagawin sa temporal na mga pagpapalang natatanggap ninyo.

Tungkol sa henerasyon ng mga kabataan ngayon, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994):


"Sa halos anim na libong taon, inilaan kayo ng Diyos para isilang sa mga huling araw na ito bago ang ikalawang pagparito ng Panginoon. . . .

"... Inilaan ng Diyos sa mga huling araw ang ilan sa Kanyang pinakamatatatag na mga anak, na tutulong sa pagtatagumpay ng kaharian."[3]

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Kayo ay ilan sa mga pinakamalalakas [na] anak ng ating Ama sa Langit, at pinili Niya kayo na isilang sa mundo 'dahil sa bagay na ito' [Esther 4:14]."[4]

Para maging mahalagang bahagi ng "kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain" (2 Nephi 25:17) sa mga huling araw na ito, kailangan ninyong isuko ang inyong kalooban sa Diyos, at hayaang masakop ito ng Kanyang kalooban. Kapag kayo ay "[n]agpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao . . . nagpapakabusog sa salita ni Cristo" (2 Nephi 31:20), masigasig na naghahanap, nananalangin tuwina, at sumasampalataya, sa gayon ayon sa pangako ng Panginoon, "lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti" (D at T 90:24).

### MAGALAK



"Kahit magtipon ang mga ulap, kahit bumuhos sa atin ang mga ulan, ang ating kaalaman sa ebanghelyo at ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas ay aalo at magtataguyod sa atin at magdudulot ng kagalakan sa ating mga puso habang lumalakad tayo nang matuwid at sumusunod sa mga kautusan. Walang anumang bagay sa mundo na makadadaig sa atin.


"Minamahal kong mga kapatid, huwag matakot. Magalak. Ang hinaharap ay kasingliwanag ng inyong pananampalataya."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Magalak," *Liahona,* Mayo 2009, 92.**

### Ilaan at Iukol

Hinihimok ko kayong mangako sa inyong sarili at sa Ama sa Langit na inyong ilalaan ang inyong buhay at iuukol ang inyong panahon at mga talento sa pagtatayo ng Simbahan ni Jesucristo sa pag-asam sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Hayaang maging hangarin ng inyong mga iniisip at ginagawa na luwalhatiin ang Diyos at pagpalain ang inyong kapwa-tao. Hayaang bigyang-inspirasyon kayo ng hangaring ito na salubungin ang bawat bagong umaga nang may sigla at hikayatin ang inyong isipan at pagkilos sa buong maghapon sa bawat araw.

Kung gagawin ninyo ito, pagpapalain kayo sa gitna ng isang mundong mabilis na naliligaw ng landas, at magiging panatag at masaya kayo ng inyong mga mahal sa buhay. Hindi ito nangangahulugan na hindi kayo makakaranas ng mga pagsubok, kundi magkakaroon kayo ng espirituwal na



*BANAL NA MANUNUBOS,* NI SIMON DEWEY © ALTIUS FINE ARTS

**MGA PAKSA TUNGKOL SA DOKTRINA**

Maaari nating panatilihing maganda ang ating pananaw tungkol sa bukas kung ating:

- Pananatilihin ang pananampalataya sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
- Uunahin ang Ama sa Langit sa ating buhay.
- Ilalaan ang ating buhay at iuukol ang ating panahon sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

lakas na harapin ang mga ito nang may pananampalataya at tiwala sa Panginoon.

Layon ng aking mensahe na tulungan kayong makita sa inyong isipan ang inyong kinabukasan. Manalig at umasa sa magandang bukas na darating. Ang mga binata ay magiging mga ama; ang mga dalaga ay magiging mga ina at tagapangalaga. Magkakasama kayo ay "isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pagaaring sarili ng Dios" (I Ni Pedro 2:9).

Sa kalalakihan at kababaihan, isa sa pinakamahalagang priyoridad ninyo ay maghanap ng mapapangasawa na makakasama sa kawalang-hanggan kung hindi pa ninyo ito nagagawa. Ang kasal sa templo ay maglalaan sa inyo ng kabiyak na tutulong sa inyo na manatili sa tamang landas pabalik sa piling ng ating Ama sa Langit at ng Panginoong Jesucristo. Dapat nating gawin ang ating tungkulin na patuloy na paghandaan ang Ikalawang Pagparito. ■


*Mula sa mensahe sa isang pagtatapos na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Abril 6, 2012. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa web.byui.edu/devotionalsandspeeches/speeches.aspx.*

**MGA TALA**


1. Gordon B. Hinckley, "Pamumuhay sa Kaganapan ng Panahon," *Liahona,* Ene. 2002, 6.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.
3. Ezra Taft Benson, sa Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa, *Liahona,* Nob. 2011, 62.
4. Thomas S. Monson, "Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas ng Loob," *Liahona,* Mayo 2009, 127.





# Inilahad ang Kasaysayan ng Simbahan sa Mexico

## MULA SA PAGHIHIRAP TUNGO SA KALAKASAN

*Pinag-ibayo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Mexico ang kanilang pamana ng pananampalataya upang magkaroon ng magandang bukas ang kanilang bansa.*

**Ni Sally Johnson Odekirk**
Mga Magasin ng Simbahan

Noong Nobyembre 6, 1945, nasagot ang mga dalangin nang dumating ang unang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw ng Mexico sa Mesa Arizona Temple para tumanggap ng mga ordenansa sa templo sa kanilang katutubong wika. Sinabi ni José Gracia, na noon ay pangulo ng Monterrey Branch, "Naparito tayo para gumawa ng isang dakilang gawain para sa ating sarili at sa ating mga ninuno. . . . Marahil ang ilan sa atin ay nagsakripisyo, ngunit hindi nawalan ng saysay ang ating ginawa. Natutuwa tayong magawa ang mga ito."[1]

Si President Gracia at ang mga naglakbay papunta sa templo ay sumunod sa mga yapak ng mga Mexican Latter-day Saint pioneer, na nagsakripisyo rin para sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

PAGLALARAWAN NI ISRAEL GUTIÉRREZ; MGA INSET, MULA ITAAS: PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND; LARAWANG KUHA © GETTY IMAGES; LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; LARAWANG KUHA NI SALLY JOHNSON ODEKIRK; PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

## Paglalatag ng Pundasyon

Isang lupain ng mga bundok, disyerto, gubat, at napakagagandang baybayin, ang sinaunang Mexico ay tahanan ng mga taong nagtayo ng magagandang templo at lungsod. Sa pagdaan ng mga siglo, nagtayo ng matatag na pundasyon ng pananampalataya at panalangin ang mga Mexican na nakatulong upang malagpasan nila ang mga panahon ng kahirapan.

Habang itinatatag ng mga Banal ang Simbahan sa Utah, muling itinatayo ng mga Mexican ang kanilang lipunan, kabilang na ang pagsulat ng bagong konstitusyon na naghihiwalay sa simbahan at estado. Nakarating ang mensahe ng ebanghelyo sa Mexico noong 1876 pagdating ng mga unang missionary, na nagdala ng mga piling bahagi ng Aklat ni Mormon, na ipinadala nila sa koreo sa kilalang mga pinuno sa Mexico. Hindi nagtagal ay sumunod ang mga pagbibinyag.




*Binisita ni Pangulong George Albert Smith ang Mexico at tinulungang magkaisa ang mga miyembro nang tumulong siya sa Third Convention.*

TIME LINE

*1810: Ipinahayag ng Mexico ang kalayaan at naging malaya noong 1821 pagkaraan ng 300 taon ng pananakop ng Espanya.*

*1830: Inilathala ang Aklat ni Mormon at inorganisa ang Simbahan sa Palmyra, New York, USA.*



*1846–1848: Mexican-American War; nanirahan ang mga Mormon pioneer sa Kanlurang Estados Unidos.*



*1857–61: Binago ni President Benito Juárez ang pamahalaan ng Mexico at itinatag ang kalayaan sa relihiyon.*

Sa isang espesyal na kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Abril 6, 1881, inakyat ng branch president na si Silviano Arteaga, ilang pinunong lokal, at ni Apostol Moses Thatcher (1842–1909) ang dalisdis ng bulkang Mt. Popocatépetl. Pagkatapos ay inilaan ni Elder Thatcher ang lupain para sa pangangaral ng ebanghelyo.

Sa kumperensya nanalangin si President Arteaga, at isinalaysay ni Elder Thatcher: "Tumulo ang mga luha sa kulubot niyang mga pisngi, para sa kalayaan ng kanyang lahi at mga tao. . . . Ngayon pa lamang ako nakarinig ng gayong kataimtim na panalangin, at bagama't nagdasal siya sa wikang hindi ko naintindihan, tila naunawaan ko, sa pamamagitan ng Espiritu, ang lahat ng kanyang isinasamo."[2]

Sa panahong iyon, ilang Mexican branch ang itinatag sa lugar. Napanaginipan ni Desideria Yañez, isang matandang babaeng balo sa estado ng Hidalgo, ang tungkol sa polyeto ni Parley P. Pratt na *A Voice of Warning [Isang Tinig ng Babala]*. Pinapunta niya ang kanyang anak sa Mexico City para kumuha ng kopya ng polyeto, na kasasalin pa lang sa wikang Espanyol. Sumapi siya sa Simbahan noong 1880, at naging unang babaeng sumapi sa Simbahan sa Mexico.[3]

Mula noon maraming miyembro ng Simbahan sa Mexico ang nanatiling tapat sa pagdaan ng mga dekada ng rebolusyon, pang-uusig, kahirapan, at pagkahiwalay.[4]

## Mga Halimbawa ng Matatapat na Pioneer

Isang halimbawa ng katapatang ito ang matatagpuan sa branch ng San Pedro Martir, na inorganisa noong 1907. Nagpulong ang mga naunang miyembro sa bandang timog lamang ng Mexico City sa isang gusaling yari sa adobe na itinayo ng bagong binyag na si Agustin Haro, na tinawag na mamuno sa branch. Sa mahihirap na taon dahil sa Mexican Revolution, kung saan di-kukulangin sa isang milyong Mexican ang namatay, maraming Banal ang kumanlong sa San Pedro nang magkaroon ng labanan sa kanilang mga estado. Buong habag na pinaglingkuran ng kababaihan ng Relief Society sa San Pedro ang mga refugee.[5]

Nabiyayaan din ang mga miyembro ng matatapat na lider na tulad ni Rey L. Pratt. Tinawag bilang pangulo ng

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; *MGA BAGON NA MAY TAKIP,* NI GARY L. KAPP; LARAWAN NG BANTAYOG NI BENITO JUÁREZ NA KUHA NI SALLY JOHNSON ODEKIRK



Mexico Mission noong 1907, naglingkod siya sa tungkuling iyan hanggang sa pumanaw siya noong 1931. Mahal niya ang kasaysayan, kultura, at mga tao ng Mexico at minahal at pinagtiwalaan nila siya nang magkakasama nilang pagsikapang patatagin ang pundasyon ng Simbahan doon. Napatunayang napakahalaga ng mga pagsisikap ni President Pratt na mapalakas ang mga katutubong pinuno ng Simbahan sa Mexico noong 1926 nang simulang ipatupad ng pamahalaan ng Mexico ang batas na nagbabawal sa pamumuno ng mga hindi katutubo sa mga kongregasyon sa Mexico.[6] Sa panahong ito binuo ng isang grupo ng mga miyembro ang tinatawag noon na Third Convention at nagsimula silang tumawag ng sarili nilang mga lider at nagtayo ng mga meetinghouse.

## Pagsalig sa Pundasyon


Si Arwell L. Pierce ay tinawag na pangulo ng Mexican Mission noong 1942. Natututo sa kanyang mga karanasan habang lumalaki sa Chihuahua at nagmimisyon sa Mexico, tumulong si President Pierce nang may pagmamahal at pag-unawa nang turuan, palakasin, at tulungan niyang magkaisa ang mga miyembro. Tumulong din siya sa mga miyembro ng Third Convention sa paglutas ng kanilang mga problema.

Ang isa sa mga mithiin ni President Pierce ay tulungan ang mga miyembro na makapasok sa templo.[7] Noong 1943 sinimulan ang mga pagsisikap na makamtan ng mas marami pang miyembro ang mga pagpapala ng templo. Matapos kausapin ang mga lokal na lider ng Simbahan sa Arizona, USA, sinabi ni Elder Joseph Fielding Smith (1876–1972), na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Wala akong makitang dahilan kung bakit wikang Ingles lang ang dapat gamitin sa sesyon sa templo."[8] Nahilingan sina Elder Antoine R. Ivins ng Pitumpu at Eduardo Balderas sa translating department ng Simbahan na isalin ang mga ordenansa sa templo sa wikang Espanyol. Ang pagsasaling ito ang nagpasimula sa pagtatayo ng mga templo sa ibang mga lupain.[9]

Sa seremonya sa templo na makukuha sa wikang Espanyol sa Mesa Arizona Temple at

*1875: Isinalin at inilimbag ang ilang bahagi ng Aklat ni Mormon sa wikang Espanyol.*

*1876: Naglakbay ang mga unang missionary patungong Mexico.*



*1881: Ginanap ang espesyal na kumperensya; inilaan ni Apostol Moses Thatcher ang lupain para sa gawaing misyonero.*



*1885: Natatag ang mga kolonya ng mga Mormon sa Mexico.*

*1886: Inilathala ang buong teksto ng Aklat ni Mormon sa wikang Espanyol.*




*Ang naunang mga miyembro ay kadalasang nagsasakripisyo ng malaki para sa ebanghelyo.*



### ISANG LAHING PINAGPALA NG PANGINOON

"Sino ang mag-aalinlangan na mula sa kasalukuyang paghihirap ay magiging mas dakila at mas maunlad ang Mexico. . . . Ang daan ay [magiging] handa para sa pagtuturo ng tunay na Ebanghelyo sa mga tao ng lupaing iyan, ang Ebanghelyo na magsasakatuparan ng pagtubos sa kanila at gagawin silang isang lahing pinagpala ng Panginoon."[17]


**Rey L. Pratt, pangulo ng Mexico Mission noong panahon ng Mexican Revolution**



**ISANG KAMANGHA-MANGHANG BUKAS**

"Palagay ko mamamangha ang lahat sa magiging bukas ng Simbahan sa Mexico, maging sa mga tao na naging bahagi nito. Kilalang-kilala ng mga Mexican ang lipunang tinitirhan nila, at may ilang bagay rito na ayaw nila. Inaalam nila ang maibibigay ng ebanghelyo; gusto nila ito, at handa silang tumbasan ang anumang halaga nito."[18]

**Elder Daniel L. Johnson, Mexico Area President**



sa pagbisita ng Pangulo ng Simbahan na si George Albert Smith (1870–1951) sa Mexico noong 1946 para pagkaisahin ang mga Banal sa Mexico,[10] nagsimulang lumago ang Simbahan sa paraang pinangarap lamang ng naunang mga henerasyon. Nabuo ang mga bagong mission at stake sa iba't ibang dako ng bansa, at nakahikayat ng pag-aaral ang mga paaralang itinaguyod ng Simbahan.

Noong 1964 inilaan ng Simbahan ang El Centro Escolar Benemérito de las Américas, isang paaralan na tumugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ukol sa pag-aaral, pakikihalubilo, espirituwal, at pamumuno hanggang sa maging missionary training center ito noong 2013.[11] Sabi ni Sister Lorena Gómez-Alvarez, na nagtapos sa paaralan, "Tinulungan ako ng Benemérito na matuklasan at mapaunlad ang aking mga talento at magkaroon ng impormasyon at kaalaman tungkol sa ebanghelyo na nagpala sa buhay ko. Ngayo'y tutulungan nito ang mga missionary na ipalaganap ang ebanghelyo at pagpapalain pa rin ang buhay ng mga tao, sa ibang paraan."[12]

*1889: Umalis ang mga missionary sa gitnang Mexico.*

*1901: Itinuloy ang pagtuturo ng ebanghelyo sa Mexico City area.*

*1910: Simula ng Mexican Revolution.*



*1912: Exodo o paglalakbay mula sa mga kolonya ng Mormon, sa hilagang Mexico.*

*1913: Umalis ang mga missionary dahil sa rebolusyon; pinamunuan ng mission president na si Rey L. Pratt ang Simbahan sa Mexico sa pamamagitan ng pagliham at nakipagtulungan sa mga taong nagsasalita ng wikang Espanyol sa Estados Unidos.*

## Isang Panahon ng Pag-unlad

Ang 1972 Mexico City area conference ay isa pang mahalagang pangyayari sa paglago ng Simbahan. Naglakbay nang napakalayo ang mga miyembro para marinig si Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), ang kanyang mga tagapayo, ang ilang Apostol, at ang iba pang mga pinuno. Nagtanghal doon ang Tabernacle Choir, na nakaragdag sa espirituwal na pagdiriwang. Sinabi ng mga dumalo sa kumperensya, "Higit pa ito sa inakala naming posibleng mangyari—isang kumperensya sa sarili naming lupain."[13]

Ang 1970s ay napakasayang panahon ng paglago sa Mexico. Noong 1970 halos may 70,000 miyembro na sa bansa; sa pagtatapos ng dekada halos 250,000 na ang mga miyembro. Tatlong taon pagkaraan ng area conference, hinati ni Elder Howard W. Hunter (1907–95) ang tatlong naorganisang stake para bumuo ng 15 stake sa loob ng isang weekend, at tumawag ng maraming bata pang miyembrong Mexican bilang mga lider.[14]

Lumawak din ang gawaing misyonero sa panahong ito. Ang Mexico Mission, na opisyal na nabuksan noong 1879, ay hinati sa unang pagkakataon noong 1956; ngayo'y may 34 na mission na sa Mexico.[15] Nasaksihan ni Brother Jorge Zamora, na naglingkod bilang missionary sa Mexico City North Mission noong 1980s, ang paglagong ito. Naaalala niya ang isang lugar sa kanyang misyon kung saan nagbibiyahe nang isang oras ang mga miyembro para makasimba; ngayo'y may isang stake na roon. Sabi niya, "Namamangha ako sa paraan ng Panginoon para maitatag ang Simbahan, saanmang bayan o anumang kultura."

## Laganap ang mga Templo sa Buong Lupain

Gustung-gusto ng mga miyembro sa Mexico ang nakapagliligtas na mga ordenansa sa templo at handa silang isakripisyo nang husto ang kanilang panahon at pera para makasamba

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG PROYEKTO SA PAGLILINGKOD NA KUHA NI JOSE MORAS SANDOVAL, HINDI MAAARING KOPYAHIN; LARAWAN NG TEMPLO NA KUHA NI TAMILISA WOOD; LARAWAN NG PLORERA MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK]



*Nakikibahagi ang mga miyembro sa Mexico sa mga proyekto sa komunidad. Tumulong ang mga miyembrong ito sa pagtatanim ng mga puno noong 2007.*




*1921: Ibinalik ang mga missionary sa Mexico City area.*

*1926: Ang nasyonalismo sa Mexico ay humantong sa pagpapaalis sa lahat ng dayuhang pinuno ng relihiyon.*

*1930s: Pinanatili ng mga lokal na lider ang katatagan ng Simbahan sa Mexico.*



*1945: Isinalin sa wikang Espanyol ang seremonya sa templo; simula ng mga paglalakbay patungong Mesa Arizona Temple.*



roon. Mahigit 100 taon lamang pagkaraang ilaan ni Elder Thatcher ang lupain para sa pangangaral ng ebanghelyo, isang templo ang itinayo sa Mexico City. Nakatulong ang open house noong 1983 para makilala ang Simbahan sa Mexico nang libu-libo ang bumisita sa templo at humiling ng karagdagang impormasyon. Sa loob ng 30 taon, 11 pang templo ang inilaan sa iba't ibang dako ng bansa, at may isa pang itinatayo sa kasalukuyan.

Lumaki si Isabel Ledezma sa Tampico at naaalala niya nang ibuklod ang kanyang mga magulang sa Mesa Arizona Temple. "Dalawang araw kaming naglakbay patungong Arizona at napakagastos noon," sabi niya. "Nang ilaan ang Mexico City Mexico Temple, 12 oras na lang ang biyahe sakay ng kotse. Dahil may templo na sa Tampico, madalas na kaming nakakapunta."

Sinabi ni Limhi Ontiveros, na naglingkod bilang pangulo ng Oaxaca Mexico Temple mula 2007 hanggang 2010, "Ang mga tao na may malalim at matibay na patotoo sa ebanghelyo ay gumagawa ng paraan para makapunta sa templo, kahit malayo at mahal ang pamasahe, at itinuturing nilang simbolo ng kanlungan ang templo."

Dagdag pa ni Sister Ledezma, "Kailangan namin ang Espiritu sa aming mga lungsod, at nakakatulong ang pagkakaroon ng templo rito. Kapag may mga problema kami, kapag malungkot kami, malapit ang templo at nadarama namin ang kapayapaan doon."


## Pagdaig sa Paghihirap


Pare-pareho ang mga hamon at tuksong nakakaharap ng mga miyembro sa Mexico, ngunit alam nila na sila at ang kapwa nila mga Banal ay mga anak ng mapagmahal na Ama; ang katayuan sa buhay at sa lipunan ay hindi batayan ng pakikitungo nila sa isa't isa.


Ang pamilya Mendez ay nakatira sa isang maliit na bayan sa bundok malapit sa lungsod

## AGRÍCOL LOZANO HERRERA: UNANG MEXICAN STAKE PRESIDENT

Si Agrícol Lozano Herrera ay bata pang miyembro ng Simbahan nang marinig niya si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, na hinihikayat ang mga miyembro sa Mexico na mag-aral para makatulong sa pagpapatatag ng kanilang bansa. Ipinasiya ni Brother Lozano na maging abugado at tagapamagitan ng mga katutubo sa kanyang bansa. Siya rin ang punong tagapayo para sa Simbahan sa Mexico at naglingkod bilang unang Mexican stake president, mission president, regional representative sa Labindalawang Apostol, at pangulo ng Mexico City Temple.[19]







ng Oaxaca, sa katimugang Mexico. Sabi nila, "May mga hirap, kagipitan sa pera, at malayo ang biyahe, ngunit ang kahandaang gawin ang nais ipagawa sa amin ng ating Tagapagligtas ay naghihikayat sa amin na lampasan ang anumang balakid."

Sabi ni Gonzalo Mendez, edad 15, "Kapag nakatira ka sa isang lugar na may panganib, maaaring napakahirap paglabanan ang mga tukso, ngunit sa tulong ng panalangin ay hindi tayo nagpapadala sa mga pang-aakit ng mundo, at tumatayo tayo bilang mga saksi tungo sa mas mabuting pamumuhay."

magsuot ng di-angkop na damit, nakikinig sila sa sinasabi niya. Alam nina Jaime at Alex na ang pagkakaroon ng priesthood ay isang karangalan at responsibilidad. "Alam ko na ang priesthood ay ibinibigay sa mga kabataang lalaki para luwalhatiin ang pangalan ng Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba at pangangaral ng ebanghelyo," sabi ni Jaime.

Sa pagbisita kamakailan sa Mexico, pinulong ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga kabataan mula sa tatlong stake sa lungsod ng Cancun. Sa panahong ginugol niya sa mga kabataang

*1946: Bumisita si Pangulong George Albert Smith sa Mexico.*



*1950s: Nagkaroon ng mga district at branch sa halos lahat ng estado sa Mexico.*

*1961: Inorganisa ang Mexico City Stake at si Harold Brown ang naging pangulo.*





*1964: Binuksan ang Benemérito School sa Mexico City.*

*1967: Inorganisa ang pangalawang stake sa Mexico City; tinawag si Agrícol Lozano Herrera bilang unang Mexican stake president.*

*1972: Area Conference sa Mexico City.*







## Pagtanaw sa Bukas

Matagal nang naitatag ang ebanghelyo sa Mexico, ngunit may mga lugar pa rin kung saan umuunlad pa lang ang Simbahan. Si Jaime Cruz, edad 15, at ang kanyang pamilya lamang ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang munting bayan sa kabundukan sa itaas ng Oaxaca City. Sila ng kaibigan niyang si Gonzalo ay may home-study seminary sa buong linggo. Tuwing Sabado nagbibiyahe sila nang dalawang oras sakay ng bus patungo sa pinakamalapit na chapel para dumalo sa klase ng seminary kasama ang iba pang mga kabataan ng kanilang ward. Ibinabahagi ni Jaime ang natututuhan niya sa seminary sa kanyang mga kaklase sa paaralan at sinasagot ang kanilang mga tanong. Ang nakababatang kapatid ni Jaime na si Alex, isang deacon, ay namumuno sa mga kaibigan niya. Sinabi ni Alex na kapag maayos niyang pinapakiusapan sila na huwag magsalita ng masama o huwag ito, sinabi niya, "Nakita namin ang liwanag sa kanilang mga mata at ang pag-asa sa kanilang mukha at ang mga pangarap nila. Lagi kong naiisip na napakaganda ng hinaharap ng Mexico."[16] ■



**MGA TALA**

1. Henry A. Smith, "200 Lamanites Gather in History-Making Conference, Temple Sessions," *Church News,* Nob. 10, 1945, 8.
2. Moses Thatcher, sa *Moses Thatcher Journal, 1866–1868,* 54.
3. Tingnan sa Brittany A. Chapman at Richard E. Turley Jr., *Women of Faith in the Latter Days,* tomo 1, 1775–1820, 461–470.
4. Tingnan sa Orson Scott Card, "It's a Young Church in . . . Mexico," *Ensign,* Peb. 1977, 17–24.
5. Tingnan sa Kirk Henrichsen, "Mexican Mormon Pioneers," isang exhibit noong 2010 sa Mexico City Mexico Temple Visitors' Center.
6. Tingnan sa Gerry R. Flake, "Mormons in Mexico: The First 96 Years," *Ensign,* Set. 1972, 20–21.
7. F. LaMond Tullis, "A Shepherd to Mexico's Saints: Arwell L. Pierce and the Third Convention," *BYU Studies* tomo 37, blg. 1 (1997): 127–151.
8. Tingnan sa Eduardo Balderas, "Northward to Mesa," *Ensign,* Set. 1972, 30.



KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, CRAIG DIMOND, AT ISRAEL GUTIÉRREZ; TIME LINE: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; MGA LARAWAN © IRI; ITAAS: GRAPHIC MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK; IBABA: LARAWANG KUHA NI DAPHNE JUNCO MENDEZ

## PAGLAGO NG SIMBAHAN SA MEXICO






**Mga Templo:** 12 at may 1 pang nabalitang itatayo sa Tijuana

**Mga Stake:** 222

**Mga District:** 36

**Mga Ward at Branch:** 2,000

**Mga Mission:** 35

**Noong Hunyo 2013*

*1975: Inorganisa ang 12 bagong stake sa ilang lugar ng Mexico.*



*1983: Inilaan ang Mexico City Temple.*

*1993: Legal na kinilala ang Simbahan sa Mexico.*

*2000: Siyam na maliliit na templo ang inilaan.*



*2009: Tinawag ang unang Area Presidency na pawang mga Mexican.*




*2013: Binuksan ang missionary training center sa Mexico City.*


9. Tingnan sa Eduardo Balderas, "Northward to Mesa," 30–31.
10. Tingnan sa "The Church Moves On," *Improvement Era,* Hulyo 1946, 446; John D. Giles, "Father Lehi's Children," *Improvement Era,* Set. 1946, 556.
11. Tingnan sa Joseph Walker, "Missionary surge prompts LDS Church to open new MTC in Mexico," *Deseret News,* Ene. 30, 2013, www.deseretnews.com.
12. Ang sipi na ito at ang sumusunod na mga sipi mula sa makabagong mga miyembro ng Simbahan sa Mexico ay nagmula sa mga pakikipanayam sa may-akda noong Peb. 7, 2013.
13. Sa Jay M. Todd, "The Remarkable Mexico City Area Conference," *Ensign,* Nob. 1972, 88.
14. Tingnan sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 202.
15. Tingnan sa Don L. Searle, "One Million in Mexico," *Ensign,* Hulyo 2004, 34; Kristine Miner, "The Church in Oaxaca, Mexico," *Ensign,* Abr. 2001, 78.
16. Mula sa pakikipanayam sa Audiovisual Department, Abril 2012.
17. Rey L. Pratt, sa *The Young Woman's Journal,* tomo 25, blg. 9 (1914), 539.
18. Mula sa pakikipanayam sa awtor noong Abr. 5, 2013.
19. Tingnan sa "Agricol Lozano Herrera: Mexican Mormon Church Leader," http://mittromneymormon.net/meet-some-mormons-2/meet-some-mormons-2/agricol-lozano-herrera-mexican-mormon-church-leader.




*Natutuwang magkasama-sama ang mga estudyante sa seminary sa Oaxaca.*


Joseph Fielding Smith

# TUNAY AT TAPAT

## Inspirasyon mula sa Buhay at mga Turo ni JOSEPH FIELDING SMITH

**Ni Hoyt W. Brewster Jr.**


Nang pumasok ang 33-taong-gulang na si Joseph Fielding Smith sa Salt Lake Tabernacle noong Abril 6, 1910, para dumalo sa pangkalahatang kumperensya, sinabi sa kanya ng isang usher, "Joseph, sino kaya ang magiging bagong apostol?"

"Hindi ko alam," sagot ni Joseph. "Pero hindi ikaw at hindi rin ako!"[1]

Habang binabasa ang mga pangalan ng Labindalawang Apostol para masang-ayunan, biglang naramdaman ni Joseph na maaaring pangalan niya ang susunod na babanggitin. Siya nga, at pagkatapos ay sinang-ayunan siya bilang ika-12 lalaki sa kagalang-galang na korum na iyon.

Ang kababaan ng loob at ugaling mapagpatawa ni Joseph ay nakita nang makauwi siya mula sa kumperensya para ipaalam sa kanyang pamilya ang kanyang bagong tungkulin. Isinalubong niya ang isang palaisipan sa kanyang asawa: "Palagay ko kailangan nating ibenta ang baka," sabi niya. Walang dudang nagulat ang kanyang asawa habang naghihintay pa ng karagdagang paliwanag. Ang simpleng sagot niya ay, "Wala na akong oras para alagaan pa ito!"[2] Sa gayon nagsimula ang ministeryo ng isang apostol na tumagal nang mahigit anim na dekada.

Ang apo ni Hyrum Smith na si Joseph Fielding Smith ang ika-10 Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naglingkod siya nang mas matagal bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol bago siya tinawag bilang Pangulo ng Simbahan kaysa sinumang Pangulo ng Simbahan. Sa 60 taon niya bilang miyembro ng korum na iyon ng mga natatanging saksi, naglakbay muna siya na sakay ng kabayo at bagon at kalaunan ay sakay ng kotse at eroplano para magturo sa mga Banal. Ang kanyang mga sermon at maraming isinulat ay nagpala sa Simbahan at sa lahat ng makikinig sa kanyang inspiradong mga mensahe.




*"Maging tunay at tapat tayo palagi, na may hangaring sundin ang mga utos ng Panginoon at igalang Siya at alalahanin ang mga tipang ginawa natin sa Kanya."*

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AT SMITH FAMILY ARCHIVES



Inanyayahan akong isulat ang artikulong ito dahil sa kaugnayan ko kay Pangulong Joseph Fielding Smith, na magiliw kong tinawag na Granddaddy [Lolo]. Ako ay naimpluwensyahan ng kanyang buhay mula sa aking pagsilang, nang isagawa niya ang ordenansa ng pagbibigay ng pangalan at pagbabasbas sa akin, hanggang sa mamatay siya, nang isa ako sa mga apong lalaki na nagbuhat ng kanyang kabaong sa kanyang libing.

## Inorden Noon Pa Man Bilang Propeta


Tulad ng lahat ng propeta ng Diyos, si Joseph Fielding Smith ay inorden noon pa man na pumarito sa lupa ayon sa banal na takdang panahon ng Panginoon (tingnan sa Mga Gawa 17:26). Si Joseph ang pang-apat na anak ngunit unang anak na lalaki ni Julina Lambson Smith. Tulad sa mapagpakumbabang ugali ng matapat na ina sa Lumang Tipan na si Ana (tingnan sa I Samuel 1:11), nangako si Julina na kung bibigyan siya ng Panginoon ng isang anak na lalaki, "gagawin niya ang lahat para tulungan siyang maging kapuri-puri sa Panginoon at sa kanyang ama."[3] Hindi lamang sinagot ng Panginoon ang kanyang pagsamo kundi ipinahayag din sa kanya, bago isinilang ang kanyang anak, na ang bata balang-araw ay tatawaging maglingkod bilang isa sa Kanyang mga natatanging saksi sa Korum ng Labindalawang Apostol.[4]

Si Joseph ay isinilang noong Hulyo 19, 1876, kina Joseph F. at Julina Lambson Smith. Nang isilang si Joseph, ang kanyang ama ay isang Apostol at tagapayo kay Pangulong Brigham Young. Noong siyam na buwan na si Joseph, dinala siya ng kanyang mga magulang sa paglalaan ng St. George Utah Temple. Kalaunan ay mapagbiro niyang sinasabing, "Ang una kong tungkulin sa simbahan ay ang samahan si Brigham Young sa paglalaan ng St. George Temple."[5]

Nang matanggap ni Joseph ang kanyang patriarchal blessing sa edad na 19, ipinatong ng isang inspiradong patriarch ang kanyang mga kamay sa ulo ni Joseph at sinabing: "Pribilehiyo mong mabuhay nang matagal at kalooban ng Panginoon na dapat kang maging isang malakas na tao sa Israel. . . . Tunay ngang tatayo ka sa gitna ng mga tao bilang propeta at isang tagapaghayag sa kanila, sapagkat pinagpala at inorden ka ng Panginoon sa tungkuling ito."[6]

## Buhay-Pamilya: Pinaghalong Pagmamahal at mga Pagsubok

Para kay Pangulong Joseph Fielding Smith, "ang pamilya ang pinakamahalagang organisasyon sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan."[7] Lumaki siya sa isang pamilyang puno ng







***Itaas: Ang larawang ito ng batang si Joseph Fielding Smith ay nakalagay sa Biblia ng pamilya ng kanyang mga magulang. Kanan: Nasiyahan si Joseph sa paglalaro nila ng handball ng kapatid niyang si David. Ibaba: Si Elder Smith (pangalawa mula sa kaliwa) kasama ang mga kapwa missionary sa England, 1901. Ang larawan sa kabilang pahina ay mula rin sa panahon na siya ay missionary. Ibaba, kanan: Si Elder Smith (kaliwa) kasama ang kapwa Apostol na si George Albert Smith at si Israel Smith, 1936.***



pagmamahal, pananampalataya, matataas na pamantayan ng moralidad, at kasipagan sa trabaho, at hinangad niya palagi na dalhin ang mga alituntuning ito sa sarili niyang pamilya. (Tingnan sa mga kabanata 4, 15 at 16 ng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith.*)

Pinakasalan niya si Louie Emily Shurtliff sa Salt Lake Temple noong 1898. Isang taon kalaunan tinawag siyang magmisyon sa Great Britain nang dalawang taon at tapat siyang sinuportahan ng kanyang asawa. Pagbalik niya, magkasamang nagpatuloy ang dalawa sa kanilang buhay at nagkaroon sila ng dalawang anak na babae. Ang malungkot, sa mahirap na ikatlong pagdadalantao ay pumanaw si Louie.

Sa kanyang kalungkutan nanalangin si Joseph, "Tulungan Ninyo ako, isinasamo ko, na makapamuhay nang karapat-dapat para makapiling siya sa walang-hanggang kaluwalhatian, na muli kaming magkasama, at hindi na muling magkawalay pa. . . . Tulungan ninyo akong mapalaki ang aking mahal na mga anak upang sila ay manatiling dalisay at walang bahid-dungis sa buong buhay nila."[8]

Sa panghihikayat ng kanyang ama, ang nagdadalamhating ama na may dalawang anak ay mapanalanging naghanap ng mapapangasawa at magiging ina para sa kanyang maliliit na anak. Pinagpala ang kanyang mabubuting hangarin sa pagdating ni Ethel Georgina Reynolds sa kanyang buhay. Nagpakasal sila noong Nobyembre 1908 sa Salt Lake Temple. Ang kahanga-hangang babaeng ito ay naging ina ng unang dalawang anak na babae ni Joseph at kalaunan ay nagsilang ng siyam pang anak.

Minsan, ang mabibigat na responsibilidad ng kanyang asawa ay hindi maalis sa isipan ng Apostol nang maglakbay siya papunta sa isang stake conference. Sinulatan niya ito at sinabi roon: "Iniisip kita at sana makapiling kita palagi sa susunod na ilang linggo, para maalagaan kita. Tutulungan kita hangga't kaya ko, at sana'y *madama* mo ang aking pag-aalala. Sabihin mo sa mga bata na maging mabait sa iyo at sa isa't isa."[9] Pagkatapos ay ibinahagi niya rito ang masidhing damdamin ng kanyang puso sa isang tula, na kalaunan ay naging isa sa ating himno, "Does the Journey Seem Long?" (blg. 127).

Ang malungkot, pumanaw si Ethel noong 1937. Nang pumanaw siya, lima ang anak sa bahay nila na wala pang asawa. Naisip ni Elder Smith na humanap ng mapapangasawa at makakasama. Noong 1938 pinakasalan niya si Jessie Evans Smith sa Salt Lake Temple.

Isinulat ng isang tao na nakakakilala sa kanila: "Sa kabila ng dalawampu't anim na taong pagitan ng kanilang edad at pagkakaiba sa pag-uugali, pinagmulan, at pagpapalaki sa kanila, lubos na magkasundo sina Joseph Fielding at Jessie Evans Smith. . . . Ang nag-ugnay sa malaking agwat ng dalawang magkaibang personalidad na ito ay ang tunay na pagmamahal at paggalang nila sa isa't isa."[10] (Tingnan sa mga pahina 7–26 ng manwal.)

## Naghahangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pag-aaral at Pananampalataya

Si Joseph Fielding Smith ay kilala sa Simbahan bilang scriptorian at maalam sa ebanghelyo. Simula noong kabataan niya, hindi siya mapigilan na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). Dalawang beses niyang nabasa ang Aklat ni Mormon bago siya tumuntong sa edad na 10 taong gulang. Kapag hinahanap siya ng kanyang mga kaibigan, madalas nila siyang matagpuan sa ibabaw ng kamalig at nagbabasa ng mga banal na kasulatan.[11]

Sinabi niya sa isang kongregasyon makalipas ang ilang taon na "mula nang matuto akong magbasa, mas natuwa at nasiyahan ako sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan . . . kaysa anupamang bagay sa buong mundo."[12] (Tingnan sa mga kabanata 10 at 18.)





*Itaas: Si Pangulong Smith kasama ang kanyang mga anak. Itaas kanan: Binati ni Pangulong David O. McKay si Elder Smith, 1961. Kanan: Nakaupo si Pangulong Smith sa harapan sa Salt Lake Tabernacle. Ibaba: Nagpakuha ng retrato si Pangulong Smith sa isang laro ng baseball, isang isport na kinahiligan niyang laruin noong kabataan niya.*





Minsan ay pinuri ni Pangulong Heber J. Grant (1856–1945) ang katalinuhan ni Pangulong Smith sa pagsasabing, "Itinuturing kitang pinakamaalam sa mga banal na kasulatan sa lahat ng General Authority natin sa simbahan."[13]

Ang pagkauhaw niyang matuto ay hindi nangangahulugan na hindi siya sumasali sa isports at laro noong bata pa siya o kahit noong nasa hustong gulang na siya. Mahilig siyang maglaro ng baseball at laruin ang maraming laro ng mga kabataang nakatira sa isang lipunan ng mga magsasaka. Nang nasa hustong gulang na siya napakahilig niyang maglaro ng handball at regular siyang dumadalo sa mga laro ng kanyang mga anak. Sumali rin siya sa isports sa mga reunion ng pamilya. Tandang-tanda ko pa ang isang masayang laro ng softball na tinamaan ng lolo ko ang isang line drive na tumama sa kamera ng isang tiyuhin na kumukuha ng mga larawan mula sa left field.

## Mahabaging Tagapagtanggol ng Pananampalataya

Bago pa tinawag bilang Apostol, kilala na si Joseph Fielding Smith bilang tagapagtanggol ng pananampalataya, na naging dahilan para husgahan siya ng ilan bilang isang mabagsik na tao. Bagama't wala siyang tigil sa kanyang hangaring maging tapat sa kanyang mga tipan at hikayatin ang lahat na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, may kaamuan siya na madaling makita ng kanyang pamilya at mga kasamahan. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Maraming beses na naming nasabi na yamang ang Labindalawa ang magiging mga hukom ng Israel, sinuman sa atin ay matutuwang mahulog sa kanyang mga kamay, dahil magiging mabait, maawain, makatarungan, at banal ang kanyang paghatol."[14]

Ipinakita ni Pangulong Smith ang halimbawa ng gayong kabaitan sa isang pulong kung saan tinalakay ang isang aksidenteng kinasangkutan ng isang kotseng pag-aari ng Simbahan. Isang matandang lalaking nagmamaneho ng trak ng mga gulay na hindi nakaseguro ang naging dahilan ng sakuna. Pagkaraan ng kaunting talakayan, inimungkahi na idulog ng Simbahan ang usapin sa hukuman. Gayunman, nagsalita si Pangulong Smith: "Oo, maaari nating gawin iyan. At kung talagang maghahabla tayo, baka makuha pa natin ang trak mula sa kawawang matanda; kapag nagkagayon paano siya makapaghahanapbuhay?" Binago ng komite ang rekomendasyon nito at hinayaan na ito.[15]

Naranasan ko ang pagmamahal ng iba sa kanya nang lapitan ko si Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) sa Salt Lake Cemetery matapos mailaan ang libingan ni Pangulong Smith. Sinabi ko sa kanya, "Pangulong Lee, bilang miyembro ng pamilya nais kong malaman ninyo kung gaano ko pinasasalamatan ang kabaitang ipinakita ninyo

sa lolo ko." Bilang sagot tinitigan niya ako sa mga mata at magiliw na sinabing, "Mahal ko ang taong iyon!"

### Isang Tunay at Tapat na Lingkod

Ang ministeryo ni Pangulong Smith ay kinakitaan ng pagsunod sa utos sa mga banal na kasulatan na mangaral ng pagsisisi (tingnan, halimbawa, sa D at T 6:9; 11:9). Sabi niya: "Itinuturing kong misyon, matapos maantig, sa palagay ko, ng espiritu ng Panginoon habang bumibisita sa mga stake ng Sion, na sabihin sa mga tao na *ngayon* ang araw ng pagsisisi at manawagan sa mga Banal sa mga Huling Araw na alalahanin ang kanilang mga tipan, . . . na hinihikayat silang maging *tunay at tapat* sa lahat ng bagay."[16] (Tingnan sa kabanata 5.)

Sa halos 96 na taon ng kanyang buhay, ipinagdasal ni Pangulong Smith na manatili siyang tunay at tapat at makapagtiis hanggang wakas. Sa katunayan, napansin ni Pangulong Boyd K. Packer, kasalukuyang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na: "Kahit mahigit siyamnapung taong gulang na siya nananalangin pa rin siya na 'tuparin niya ang kanyang mga tipan at obligasyon at magtiis hanggang wakas.'"[17]

Para kay Pangulong Smith, ang "tunay at tapat" ay higit pa sa isang madalas uliting pahayag. Ito ay taos-pusong pagpapahayag ng kanyang pag-asa para sa lahat ng tao—para sa mga miyembro ng Simbahan na nakagawa ng mga tipan at tunay ngang para sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit. "Una sa lahat dapat tayong maging para sa kaharian ng Diyos, . . ." pakiusap ni Pangulong Smith, "at sa Kanyang kabutihan. Maging tunay at tapat tayo palagi, na may hangaring sundin ang mga utos ng Panginoon at igalang Siya at alalahanin ang mga tipang ginawa natin sa Kanya. Ito ang dalangin ko sa ngalan ng buong Israel."[18] (Tingnan sa mga kabanata 19–22.)

Habang mapanalangin ninyong pinag-iisipan ang kanyang inspiradong mga turo, lalakas ang inyong patotoo at bibiyayaan kayo ng dagdag na pang-unawa sa dalisay at simpleng mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang kursong ito ng pag-aaral ay magpapaibayo sa inyong hangaring mamuhay nang "tunay at tapat." ■

*Paunawa:* Ang ina ng awtor, si Noemi Smith Brewster, ay isinilang noong taon na matawag si Joseph Fielding Smith sa Korum ng Labindalawang Apostol at pangalawang anak ni Ethel Georgina Smith, na pinakasalan ni Pangulong Smith kasunod ng pagkamatay ng kanyang unang asawa.


#### MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 19.
2. Joseph Fielding Smith Jr. at John J. Stewart, *The Life of Joseph Fielding Smith* (1972), 176.
3. *Mga Turo: Joseph Fielding Smith,* 1; tingnan din sa Bruce R. McConkie, "Joseph Fielding Smith: Apostle, Prophet, Father in Israel," *Ensign,* Ago. 1972, 29.
4. Tingnan sa Bruce R. McConkie, "Joseph Fielding Smith," 29.
5. Joseph Fielding Smith, sinipi sa Smith at Stewart, *The Life of Joseph Fielding Smith,* 49.
6. Sinipi sa Smith at Stewart, *The Life of Joseph Fielding Smith,* vii.
7. *Mga Turo: Joseph Fielding Smith,* 81.
8. *Mga Turo: Joseph Fielding Smith,* 313.
9. Joseph Fielding Smith, sinipi sa Smith at Stewart, *The Life of Joseph Fielding Smith,* 188–89.
10. *Mga Turo: Joseph Fielding Smith,* 25, 26.
12. *Mga Turo: Joseph Fielding Smith,* 5.
13. Heber J. Grant, sa Francis M. Gibbons, *Joseph Fielding Smith: Gospel Scholar, Prophet of God* (1992), 290.
14. Spencer W. Kimball, sa Bruce R. McConkie, "Joseph Fielding Smith," *Ensign,* Ago. 1972, 28.
15. Tingnan sa Lucile C. Tate, *Boyd K. Packer: A Watchman on the Tower* (1995), 176.
16. Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Okt. 1919, 88; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Boyd K. Packer, "Covenants," *Ensign,* Nob. 1990, 84.
18. Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Okt. 1912, 124–25.


### KURSO NG PAG-AARAL PARA SA 2014

Sa taong ito, pag-aaralan ng kababaihan ng Relief Society at ng kalalakihan ng Melchizedek Priesthood ang *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith.* Ang manwal na ito ay tutulong sa pagtiyak na makukuha ng kasalukuyan at darating na mga henerasyon ang inspiradong mga turo ni Pangulong Smith, mula nang pumanaw siya noong 1972 nang mahigit 3 milyon lamang ang mga miyembro ng Simbahan. Ang ilan na nabubuhay ngayon ay mayroong personal na alaala ng ulirang buhay ni Pangulong Smith, ngunit lahat ay maaaring mapasigla at mabigyang-inspirasyon ng kapangyarihan ng kanyang mga turo.

Habang mapanalangin ninyong pinag-aaralan at pinag-iisipan ang mga turo ni Pangulong Smith, mababatid ninyo kung paano siya ginamit ng Panginoon bilang tagapagsalita para malinaw na ituro ang mga alituntuning nagdudulot ng malalaking pagpapala kapag ipinamuhay ang mga ito. Pag-aaralan ninyo ang mga paksang tulad nito:

- Ang ating kaugnayan sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas
- Ang impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay
- Ang misyon ni Propetang Joseph Smith
- Ang kahalagahan ng mga tipan sa templo
- Paano mamuhay sa mundo ngunit hindi makamundo
- Paano paghahandaan ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagiging tunay at tapat

Ang manwal ay makukuha online sa LDS.org at para sa mga mobile device sa mobile.lds.org.

# MAAARI KO BANG BASAHIN ANG AKLAT NA IYAN?

Mga 50 taon na ang nakararaan, noong nagbabahay-bahay kami ng missionary companion ko malapit sa University of Córdoba sa Argentina, pinapasok kami ng isang binata sa apartment niya. Agad naging malinaw sa amin na pinapasok lang nila kami ng kanyang mga roommate para makipagtalo tungkol sa pag-iral ng Diyos.

Ayaw naming makipagtalo, kaya sa halip ay nagkasundo kaming magkita kalaunan para talakayin ang aming mensahe sa isang kapaligirang akma sa pag-aaral. Pagbalik namin, ipinaliwanag ng binata kung bakit siya naniniwala na walang Diyos. Sinabi niya na inimbento ng tao ang Diyos dahil kailangan niyang maniwala sa isang nilalang na mas makapangyarihan, at hindi pangkaraniwan.

Nang kami na ang magsasalita, itinanong ko, "Paano mo nalaman na may Estados Unidos?" Pinatotohanan ko na totoo ito at itinanong ko kung may iba pang katibayang nagpapatunay sa pagkakaroon nito. Sinabi niya na nabasa na niya ito sa mga aklat at pahayagan. Pagkatapos ay itinanong ko kung naniniwala siya sa patotoo ko at sa nabasa niya. Mariin niyang sinabing naniniwala siya.

"Kaya hindi natin maitatanggi ang mga patotoo ng mga tao, tulad ko, na nagmula sa Estados Unidos," sabi ko. "Ni hindi natin maitatanggi ang patotoo ng mga taong sumulat tungkol dito." Sumang-ayon ang binata.

Pagkatapos ay itinanong ko, "Batay rito, maitatanggi ba natin ang mga patotoo ng mga taong nakakita sa Diyos at sumulat tungkol sa kanilang karanasan?" Ipinakita ko sa kanya ang Biblia, at sinabi ko sa kanya na naglalaman ito ng mga patotoo ng mga kalalakihan at kababaihan na nakakita at nakipag-usap sa Diyos at kay Jesucristo. Itinanong ko kung maitatanggi namin ang mga patotoong nasa Biblia, at atubili niyang sinabi na hindi.

Pagkatapos ay itinanong ko, "Ano ang palagay mo sa isang aklat na isinulat ng isang lahi maliban pa sa mga tao sa Biblia na nakakita rin sa Diyos tulad ng mga sumulat ng Biblia?" Sumagot siya na walang gayong aklat.

Ipinakita namin sa kanya ang Aklat ni Mormon at itinuro sa kanya ang layunin nito. Nagpatotoo kami na ito ay totoo at na nangungusap pa rin ang Diyos sa pamamagitan ng mga buhay na propeta ngayon.

Gulat na sinabi ng binata, "Nagawa kong lituhin ang lahat ng mangangaral mula sa ibang mga simbahan. May isang bagay kayo na ngayon ko lang narinig. Maaari ko bang basahin ang aklat na iyan?" Ibinigay namin sa kanya ang aklat at pinatotohanan namin ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Dahil patapos na ang semestre, hindi na namin nabisitang muli ang binatang ito bago siya nakauwi sa kanyang tahanan sa Bolivia. Gayunman, ipinagdasal ko na basahin niya ang aklat at makatanggap siya ng patotoo.

Noong 2002 tinawag akong maglingkod bilang Spanish branch president sa Provo Missionary Training Center. Isang araw ng Linggo ikinuwento ko iyon sa mga missionary. Pagkatapos ay sinabi sa akin ng isang missionary mula sa Bolivia na narinig niyang isinalaysay ng isang matandang lalaki sa kanyang stake ang kanyang conversion o pagbabalik-loob—ang kuwentong isinasalaysay ko rito.

Napuno ng luha ang aking mga mata. Makalipas ang 40 taon, nakatanggap ako ng sagot sa aking mga dalangin tungkol sa binatang taga-Bolivia. Nagkaroon siya ng patotoo na mayroong Diyos at sa Kanyang dakilang plano ng kaligayahan. Alam ko na balang-araw ay muli kaming magkikita, at magagalak akong kasama niya sa ebanghelyo. ■

Neil R. Cardon, Utah, USA

Binigyan namin ng Aklat ni Mormon ang binata at pinatotohanan namin ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak.




MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# ANG PAGLALAKBAY NI MAMÁ SEFI PAPUNTA SA TEMPLO

Isang araw habang nasa Mexico Mission office ako noong 1940s, dumating ang isang sister mula sa munting bayan ng Ozumba, na nasa paanan ng Popocatépetl, isang aktibong bulkan na mga 43 milya (70 km) sa timog-silangan ng Mexico City. Lahat kami ay nakakikilala sa kanya. Ang pangalan niya ay Mamá Sefi.

Tumira ang mga full-time missionary sa kanyang munting bahay na yari sa adobe, kung saan lagi siyang may isang silid para lamang sa kanila. Si Mamá Sefi, na wala pang limang talampakan (1.5 m) ang taas, ay nabubuhay sa pagtitinda ng prutas sa mga palengke ng mga bayan sa paligid ng Ozumba. Bawat bayan ay may iba't ibang araw ng palengke, at nagpupunta siya sa bawat palengke para ibenta ang kanyang prutas.

Dumating siya sa mission office nang araw na iyon na may dalang malaking supot ng harina. Puno iyon ng *tostones,* mga tig-sisingkuwentang baryang pilak na naipon niya sa paglipas ng mga taon. Ang ilan sa mga barya ay noon pang panahon ni Porfirio Díaz, na namuno sa Mexico mula 1884 hanggang 1911. Si Mamá Sefi ay naglakbay mula Ozumba papunta sa mission home sakay ng bus na dala ang kanyang supot ng pera. Sinabi niya kay President Arwell L. Pierce na maraming taon siyang nag-ipon upang makapaglakbay papuntang Salt Lake Temple para matanggap ang kanyang endowment.


Nakahingi siya ng pahintulot na makaalis ng bansa, pinahiram siya ng maleta ng isang missionary, at inihatid namin siya sa tren. May tinawagan sa telepono si President Pierce sa El Paso, Texas, para salubungin ang tren pagtawid ng hangganan ng U.S. at isakay si Mamá Sefi sa bus papuntang Salt Lake City. Mga miyembro ng Spanish branch sa Salt Lake City ang sasalubong sa bus, mag-aasikaso sa kanyang titirhan, at tutulong sa kanya sa templo.

Makalipas ang ilang linggo, bumalik si Mamá Sefi sa Mexico City at umuwi na sa Ozumba. Ligtas siyang nakapaglakbay nang malayo. Pagkatapos ay nagpatuloy siya sa pagtitinda ng prutas sa mga palengke.

Hindi marunong magsalita ng Ingles si Mamá Sefi, kaya tinanong namin siya kung paano siya nakaorder ng pagkain habang sakay ng bus mula El Paso hanggang Salt Lake City na ilang araw ang biyahe. Sabi niya, may nagturo sa kanya kung paano sabihin ang "apple pie" sa Ingles, kaya tuwing hihinto ang bus sa kainan, apple pie ang inoorder niya.

Dahil iyon lang ang mga salitang alam niya sa Ingles, apple pie lang ang kinain niya habang nasa biyahe sakay ng bus papunta *at* pauwi. Pero hindi iyon pinroblema ni Mamá Sefi. Sa halip, nagbalik siya nang may pasasalamat at sigla mula sa kanyang karanasan sa templo. ■

Betty Ventura, Utah, USA



Si Mamá Sefi ay naglakbay nang mga 43 milya (70 km) papunta sa mission home sakay ng bus na dala ang kanyang supot ng pera.

# PUNTAHAN MO AT AYUSIN ANG KANYANG STEREO

Ang kapitbahay namin ay isang pastor ng mga kabataan sa isang lokal na simbahan, at madalas siyang bisitahin ng mga kabataan ng kanyang simbahan. Karaniwan na ang makakita ng ilang kotseng nakaparada sa harapan ng bahay niya sa umaga't gabi.


Palaging nagpapatugtog nang malakas ang ilan sa mga tinedyer na ito sa stereo ng kanilang kotse. Naririnig namin silang dumarating kahit ilang kanto pa ang layo nila, at habang papalapit sila, yumuyugyog ang mga bintana sa bahay namin. Madalas akong magising sa gabi dahil sa lakas ng tugtog. Tumindi ang pagkainis ko, at sinimulan kong ituring na kaaway ang mga tinedyer na ito.

Isang araw habang nagkakalaykay ako ng mga dahon, narinig ko ang malakas na tunog ng stereo ng isang kotse na ilang kanto ang layo sa amin. Hindi nagtagal papalapit at papalakas na ang tunog. Nang lumiko ang drayber sa kanto papunta sa bahay ng kapitbahay ko, nagalit ako at ipinagdasal ko na sirain sana ng Ama sa Langit ang stereo.

Ang desperado kong panalangin ay nauwi sa papuri at pasasalamat nang biglang namatay ang stereo nang pumarada siya. Matagal na akong nagkukumpuni ng mga stereo ng kotse at alam ko sa tunog pa lang na hindi iyon pinatay kusang namatay iyon.

Nainis ang binatilyo nang hindi na gumana ang kanyang stereo, at inalo siya ng kanyang mga kaibigan. Natuwa naman akong masaksihan ang inakala kong kamay ng Diyos na siyang sumira sa stereo.

Natuwa akong masaksihan ang inakala kong kamay ng Diyos na siyang sumira sa stereo ng kotse ng binatilyo.



Ngunit habang patuloy akong nakamasid, natanto ko na nakikita ko ang sarili kong pag-uugali maraming taon na ang nakararaan. Lumambot ang puso ko, at naisip ko na maaaring hindi ko kaaway ang tinedyer na ito tulad ng inaakala ko. Pagkatapos ay bumulong ang Espiritu, "Puntahan mo at ayusin ang stereo niya."

Nagulat ako sa pahiwatig na iyon at sinikap kong huwag pansinin iyon. Bakit ko aayusin ang isang bagay na nagpapahirap sa buhay ko? Ngunit muling dumating ang pahiwatig, at sinunod ko iyon.

Matapos akong mag-alok ng tulong, agad kong nakita ang pinagmulan ng problema. Mabilis ko iyong nagawa. Hindi nagtagal ay muling tumugtog nang malakas ang stereo gaya ng dati.

Nagpasalamat ang binata at nagtanong kung may magagawa siya para sa akin. Sinabi ko sa kanya na kailangan kong gumising nang maaga para makapasok sa trabaho, at kung puwede niyang hinaan ang pagpapatugtog niya sa gabi, talagang pasasalamatan ko iyon. Ngumiti siya at tiniyak sa akin na gagawin niya iyon.

Hindi lang niya hininaan ang stereo niya sa gabi, kundi siya rin ang sumasaway at tumitiyak na hinihinaan din ng mga kaibigan niya ang stereo nila. Mula noon, hindi na kami nagkaroon ng problema sa malakas na tugtog sa gabi.

Talagang dininig at sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin. Ang Kanyang solusyon ay naglaan ng kapayapaan at katiwasayan, isang mahalagang aral tungkol sa pagsunod sa Espiritu, at higit na pag-unawa sa kahulugan ng "ibigin ninyo ang inyong mga kaaway" (Lucas 6:27). ■

Kent A. Russell, Florida, USA

# KUMUSTA, MUNTING TUPA

Tinulungan naming mag-asawa ang anak naming babae at kanyang dalawang anak na lalaki sa airport, kung saan sila naghahandang sumakay ng eroplano pauwi. Tinulungan namin ang aming anak sa pagbubuhat ng kanyang bagahe, paghahanap sa mga pasaporte, at pag-aasikaso sa malikot na batang tatlong-taong-gulang. Si Tommy, ang isang-taong-gulang naming apo, ay tulog na tulog sa kanyang stroller nang bigla siyang magising. Nagulat siya at natakot sa lahat ng ingay, maliwanag na mga ilaw, at kaguluhan sa paligid.

Nakita ko ang ekspresyon sa kanyang mukha at alam ko na ang mangyayari, kaya tinawag ko ang anak ko. Agad siyang yumukod, sinapo niya ang mukha ni Tommy sa kanyang mga kamay, tinitigan ito sa mga mata, at magiliw na sinabing, "Kumusta, munting tupa."

Sa isang iglap ang nakakunot niyang noo, nakangiwing bibig, at nakahukot na mga balikat ay napanatag nang makahinga siya nang maluwag. Bahagya siyang ngumiti bago muling pumikit ang kanyang mga matang inaantok. Ang takot niya ay napalitan ng panatag na katiyakan at kapayapaan na tila bumalot sa kanya. Ito ay munti ngunit matinding pagpapakita ng tiwala ni Tommy sa kanyang ina. Napanatag siya sa pamilyar na haplos, tinig, at presensya ng kanyang ina.

Tulad ni Tommy, lahat tayo ay natatakot, nakadarama ng kawalang-katiyakan, at nanghihina. Nakapapanatag na malaman na si Jesucristo, ang Mabuting Pastol, ay tumatawag sa atin. Kilala niya ang Kanyang kawan, at lubos natin Siyang mapagkakatiwalaan. Magiliw niyang sinabi, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. . . . Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

Alam ko na sa mga panahon ng kawalang-katiyakan maaari tayong tumanggap ng kapanatagan at katiyakan kapag bumaling tayo sa Mabuting Pastol nang may pananampalataya at tiwala. Kapag nabibiyayaan ako ng kapanatagan sa gitna ng kaguluhan, gusto kong gunitain ang sandaling iyon sa airport kasama ang aking anak at apo. Tulad ni Tommy, nakakahinga ako nang maluwag kapag gumagaan ang aking mga pasanin. Sa mga panahong iyon, nadama ko na tila sinabi mismo ng aking Pastol "Kumusta, munting tupa." ■

Colleen Solomon, Ontario, Canada



Nagulat at natakot ang aming isang-taong-gulang na apo sa lahat ng ingay, maliwanag na mga ilaw, at kaguluhan sa airport.

# Pagtitiis na Mabuti

**Ni Elder J. Christopher Lansing**
Area Seventy, North America
Northeast Area

Ang plano ng kaligtasan ay isang napakagandang plano, at bahagi ng planong iyan ang pagdaig sa mga balakid na kung minsan ay sagabal at pumipigil sa atin na maisakatuparan ang ating mga inaasam at pangarap. Tayong lahat ay dumaranas ng mga pagsubok sa ating buhay sa lupa. Ang ilan ay maliliit at ang ilan ay malalaki.

Ang isang maliit na pagsubok ay maaaring kapag naubusan tayo ng gasolina sa gitna ng daan. Ang isang malaking pagsubok ay maaaring kapag nawalan tayo ng mahal sa buhay, kapag nalumpo tayo sa isang aksidente, o kapag nagkaroon ng trahedya sa pamilya. Ang ilang pagsubok ay kagagawan natin dahil sa pagsuway sa mga batas ng Diyos o tao. Ang ilan ay dumarating sa atin nang hindi natin kasalanan. Palagay ko karamihan sa atin ay nakaranas na ng tinatawag na "bad bounces o di-magandang pangyayari" sa buhay. Alam ng kahit sinong sumali sa isang larong ginagamitan ng bola ang lahat ng tungkol sa bad bounces. Bahagi ito ng laro. Hindi mahuhulaan ang laki o dami ng mga ito.

Alam ng mahusay na manlalaro na ang di-magandang pangyayari ay bahagi ng buhay at sinisikap niyang patuloy na mamuhay nang may pananampalataya at tapang. Upang manatiling tapat sa hangarin nating muling makapiling ang Ama sa Langit, kailangan nating humanap ng paraan para malagpasan ang mga balakid at matuklasan kung ano ang tunay na mahalaga sa buhay.

**Hindi natin dapat asahang aalisin ng Panginoon ang ating mga pagsubok dahil lang sa nangangako tayo sa Kanya na laging magiging tapat kung gagawin Niya ito. Sa halip, dapat tayong magtiis na mabuti, at sa gayon ay pagpapalain tayo.**

### Magpatuloy Ka Lang sa Paglangoy

Noong bata pa ang kaisa-isang anak naming si Lindsay, mahilig kaming manood ng sine nang magkasama. Ang isang nagustuhan at pinanood naming dalawa nang maraming beses ay ang animated film na *Finding Nemo*. Sa pelikula, nahuli ng isang scuba diver si Nemo at napunta sa isang fish tank sa opisina ng isang dentista. Determinado ang tatay niyang si Marlin na hanapin si Nemo. Nakilala ni Marlin ang isdang si Dory sa kanyang paghahanap. Naharap sila sa iba't ibang balakid sa paghahanap kay Nemo. Malaki man o maliit ang balakid, iisa ang mensahe ni Dory kay Marlin: "Magpatuloy ka lang sa paglangoy."

Ilang taon pagkaraan niyon ay nagmisyon si Lindsay sa Santiago, Chile. Mahirap magmisyon. Maraming kabiguan. Linggu-linggo sa hulihan ng email ko ay isinusulat kong, "Magpatuloy ka lang sa paglangoy. Nagmamahal, Itay."

MGA LARAWAN MULA SA PHOTODISC/THINKSTOCK



Noong malapit nang isilang ni Lindsay ang pangalawa niyang anak, nalaman niya na may butas sa puso at Down syndrome ang sanggol na nasa kanyang sinapupunan. Nang sumulat ako sa kanya sa napakahirap na panahong ito, tinapos ko ang aking mga email sa, "Magpatuloy ka lang sa paglangoy."

Dumarating ang mga balakid sa buhay ng bawat isa sa atin, ngunit para malagpasan ito at makarating tayo sa nais nating puntahan, kailangan tayong magpatuloy sa paglangoy.

Isa sa mga paborito kong talata sa banal na kasulatan ang bahagi 121 ng Doktrina at mga Tipan. Napakagandang talata nito kung saan nagsimula si Propetang Joseph Smith nang napakalungkot at nakadama ng selestiyal na kaligayahan. Ang bahaging ito at ang mga bahagi 122 at 123 ay nagmula sa isang liham ni Joseph sa Simbahan. Para mas maunawaan ang mga dakilang paghahayag na ito, dapat natin itong ilagay sa tamang konteksto.

Si Joseph at ang ilan sa kanyang mga kasama ay nabilanggo sa piitan sa Liberty, Missouri, mula Disyembre 1838 hanggang Abril 1839. Malamig sa piitan, at halos hindi makain ang pagkain. Nasa isang bartolina sila sa basement na marumi ang sahig at napakababa ng kisame kaya hindi sila makatayo nang tuwid. Samantala, pinalayas naman ang mga Banal sa kanilang mga tahanan. Sa gitna ng kaguluhang ito, ipinalabas ni Governor Lilburn W. Boggs ang kanyang kasumpa-sumpang utos na paglipol sa mga Banal.

Nagtanong si Joseph, "O Diyos, nasaan kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong pinagkukublihang lugar?" (D at T 121:1). Ito rin ang Joseph Smith na dinalaw ng Diyos Ama; ni Jesucristo; ni Moroni; ni Juan Bautista; nina Pedro, Santiago, at Juan; at ng iba pa. Hindi nagtagal matapos magtanong sa naunang mga talata, ipinahayag ni Joseph ang kanyang kalungkutan:

"Ang inyong galit ay pasiklabin laban sa aming mga kaaway; at, sa matinding galit ng inyong puso, sa pamamagitan ng inyong espada ay ipaghiganti kami sa aming kaapihan.

"Alalahanin ang inyong mga nagdurusang banal, O aming Diyos; at ang inyong mga tagapaglingkod ay magsasaya sa inyong pangalan magpakailanman" (mga talata 5–6).

Sinagot ng Panginoon ang pagsamo ni Joseph sa pagsasabing, "Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang" (talata 7).

Pagkatapos ay itinuro Niya kay Joseph ang isang napakagandang alituntunin: "At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway" (talata 8).

Ang mensahe ay tuwiran at malinaw. Hindi natin dapat asahang aalisin ng Panginoon ang ating mga pagsubok dahil lang sa nangangako tayo sa Kanya na laging magiging tapat kung gagawin Niya ito. Sa halip, dapat tayong magtiis na mabuti, at sa gayon ay pagpapalain tayo. Iyan ay kahanga-hangang aral sa buhay para sa bawat isa sa atin.

May idinagdag na tagubilin sa talata 10, kung saan sinabi ng Panginoon kay Joseph, "Ikaw ay hindi pa katulad ni Job; ang iyong mga kaibigan ay hindi nakikipagtalo sa iyo, ni pinagbibintangan ka na nagkasala, gaya ng kanilang ginawa kay Job." Sa kabila ng tindi ng pagdurusa ni Job, nalaman natin na, "Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa [lahat ng ito]. Ikaw ba'y nakahihigit sa kanya?" (D at T 122:8).

Ang bahagi 122 ay nagdaragdag sa bahagi 121. Tinatawag ko ito na bahaging *kung*. Ang salitang *kung* ay makikita nang 15 beses. Halimbawa, sinasabi sa ikalimang talata, "*Kung* ikaw ay tinawag upang dumanas ng pagdurusa; *kung* ikaw ay nasa mga panganib kasama ng mga bulaang kapatid; *kung* ikaw ay nasa mga panganib kasama ng mga manloloob; *kung* ikaw ay nasa mga panganib sa lupa o sa dagat" (D at T 122:5; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung ipapalit natin sa mga pagsubok na iyon ang mga pagsubok na dinaranas natin sa mundo ngayon, marahil ay may matututuhan tayo, tulad ng *kung* may mamatay sa aking pamilya o *kung* iwanan ako ng aking kasintahan o *kung* may mga problema ako sa pera o *kung* mas matalino sana ako.

Matapos ang mga *kung,* sinabi ng Panginoon, "Alamin mo, aking anak [na lalaki o babae], na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti" (talata 7). Sa madaling salita, ang mga pagsubok sa ating buhay ay nakakatulong at mahalaga rin.

"Samakatwid, mga minamahal na kapatid," pagsulat ng Propeta, "ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:17).

Ang buhay ay puno ng mga balakid, na ang ilan ay tila napakalaki. Dapat nating tiisin ang mga ito nang masaya at puno ng katapatan. Sa paggawa nito, sa huli ay makababalik tayo upang manirahan sa piling ng Diyos magpakailanman.

### Ang Halimbawa ng Tagapagligtas

Ang pinakadakilang halimbawa ng pagtitiis ay ang buhay ng Tagapagligtas. Kinailangan sa Pagbabayad-sala na Siya ay magpakababa sa lahat ng bagay at ialay ang Kanyang perpektong buhay para sa ating kapakanan. Sa pagpapakababa sa lahat ng bagay, nagdusa Siya para sa lahat ng kasawian at kasalanan sa buhay, "kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu" (D at T 19:18).

Alam ni Jesus kung ano ang ipinagagawa sa Kanya, at sinabi Niya sa lubos na makataong paraan, "Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Mateo 26:39). Gayon pa man, handa Siyang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama at tiisin ang lahat ng bagay.

### Ang Kinahinatnan Natin ang Gumagawa ng Lahat ng Kaibhan

Ang negosyong pag-aari ko ngayon ay itinatag ng aking ama halos 60 taon na ang nakararaan. Namatay siya noong 1980, at iniwan sa akin ang pagpapatakbo ng kumpanya sa batang edad na 30.

Noong mga taong iyon, nagkaroon ng mga sitwasyon na kinailangan kong gawan ng desisyon na nakaapekto sa kinabukasan ng aming mahinang negosyo. Nagsikap akong mabuti para magawa ang gagawin din ng aking ama kung siya ay nabubuhay pa, at nag-ukol ako ng mahabang oras sa pagdarasal, sa pagsisikap na malaman kung ano ang gagawin. Sa lahat ng desisyong iyon, hindi ako kailanman nakadama ng kapanatagan o anumang patnubay. Sa huli ay ginawa ko ang inakala kong pinakamainam at nagpatuloy ako. Ngunit nalungkot ako na wala akong nakuhang anumang pagpapatibay sa aking mga desisyon.


Isang gabi napanaginipan ko ang aking ama. Sinimulan ko siyang sisihin dahil hindi niya ako tinulungang malaman ang gagawin. Sinabi niya na batid niya ang aking sitwasyon ngunit abala siya sa kanyang kinaroroonan at hindi gaanong mahalaga ang dati niyang negosyo. "Chris, hindi talaga namin inaalala ang negosyo rito sa itaas," sabi niya. "Ang inaalala namin ay ang kinahinatnan mo dahil sa negosyo mo."

Iyon ay magandang aral na sana'y hindi ko malimutan. Walang halaga ang natatanggap natin sa buhay, ngunit ang kinahinatnan natin sa buhay ang gumagawa ng lahat ng kaibhan.

Kung minsan nalilimutan natin na bago tayo isinilang ay nakipaglaban tayo kasama ng Tagapagligtas sa pagtatanggol sa plano ng Ama na moral na kalayaan. At nanalo tayo! Pinalayas si Lucifer at ang kanyang mga kampon, at nagkaroon tayo ng pagkakataong maranasan ang buhay na ating ipinaglaban. Kabilang sa plano ng Ama ang Pagbabayad-sala. Tungkulin nating harapin ang ating mga pagsubok at tiising mabuti ang mga ito. Kapag ginawa natin ito, may kabuluhan ang Pagbabayad-sala sa ating buhay at isinasagawa natin ang gawain at kaluwalhatian ng Panginoon: "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

Pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo. Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Siya ang Prinsipe ng Kapayapaan at ating Tagapamagitan sa Ama. Pinatototohanan ko na kilala tayo ng Ama sa pangalan, mahal tayo sa kabila ng ating mga kahinaan, at ipaghahanda tayo ng isang lugar kung tayo ay tapat at magtitiis hanggang wakas. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "That's Life," na ibinigay sa BYU–Hawaii noong Oktubre 30, 2012. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa devotional.byuh.edu/archive.*




**Upang manatiling tapat sa hangarin nating muling makapiling ang Ama sa Langit, kailangan nating humanap ng paraan para malagpasan ang mga balakid at matuklasan kung ano ang tunay na mahalaga sa buhay.**



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PAGHAHANDA NG *mga*
# PARA SA INYONG MAGIGING PAMILYA

*Ngayong taon, magsimulang gumawa ng ilang regalo—magagandang regalo—para sa inyong magiging pamilya.*





# Regalo

Noon pa man ay pangarap ko nang maging isang mabuting tagapagbigay ng regalo. Naiisip ko na binubuksan ng mga tao ang aking mga regalo at lumuluha sila sa galak at ngumingiti dahil naantig ang puso nila sa pagbibigay, hindi lamang sa regalo. Maaaring pangarap din ninyo iyan. Marahil marami sa inyo ang eksperto na sa pagreregalo.

May magagawa kayo ngayong taon para kayo mismo ay maging mas mabuting tagapagbigay ng regalo. Katunayan, bilang mga estudyante, mayroon kayong ilang espesyal na pagkakataon. Maaari kayong magsimulang maglagay ng ilang regalo—magagandang regalo—na hulugan ang bayad para sa inyong magiging pamilya. Sasabihin ko sa inyo ang tungkol dito.

**Mga Sulatin para sa Paaralan**

Makapagsisimula kayo sa kuwarto ninyo ngayon. May nakatabi ba kayong sulatin o school paper na hindi tapos? (Palagay ko may mga nakatabi riyan; sa palagay ko kabisado ko ang kuwarto ninyo.) Siguro naka-type ito at mukhang handa nang isumite. Bakit pa ba ninyo ito pagkakaabalahan? Nalaman ko kung bakit sa isang klase sa relihiyon na tinuruan ko minsan sa Ricks College (na Brigham Young University–Idaho na ngayon). Nagtuturo ako noon mula sa bahagi 25 ng Doktrina at mga Tipan. Sa bahaging iyan iniutos kay Emma Smith na dapat niyang ilaan ang kanyang panahon sa “pagsusulat, at sa pag-aaral nang lubos” (talata 8). Mga tatlong hanay mula sa harap ay nakaupo ang isang batang babae na blonde ang buhok na napakunot-noo nang himukin ko ang klase na pakasikaping maging mahusay sa pagsusulat. Nagtaas siya ng kamay at sinabi niya, “Parang hindi po nararapat iyan para sa akin. Lahat lang ng isusulat ko ay mga liham para sa aking mga anak.” Nagtawanan ang buong klase. Sa pagtingin ko pa lang sa kanya ay naiisip ko na ang maraming bata sa kanyang paligid, at nakikinita ko pa ang mga liham na isusulat niya. Siguro hindi mahalaga sa kanya ang pagsulat nang maganda.

Pagkatapos ay isang binata ang tumayo malapit sa likuran. Kakaunti lang ang sinabi niya sa buong semestre; hindi ko tiyak kung nakapagsalita na siya noon. Mas matanda siya kaysa sa ibang mga estudyante, at mahiyain siya. Itinanong niya kung puwede siyang magsalita. Sinabi niya sa mahinang tinig na naging sundalo siya sa Vietnam. Isang araw, sa pag-aakala niya na walang anumang mangyayari, iniwan niya ang kanyang riple at tumawid siya sa kanyang matibay na pinagkukutaan papunta sa lugar kung saan ibinibigay ang mga liham para sa mga sundalo. Nang makuha na niya ang kanyang liham, nakarinig siya ng tunog ng trumpeta at mga sigawan at putok ng kanyon na mula sa sumusugod na kaaway. Pilit niyang binalikan ang kanyang riple, gamit ang kanyang mga kamay bilang sandata. Kasama ang mga taong nakaligtas, napaatras nila ang kaaway. Pagkatapos ay naupo siya kasama ng mga buhay, at ng ilan sa mga patay, at binuksan niya ang kanyang liham. Mula iyon sa kanyang ina. Isinulat ng kanyang ina na nagkaroon ito ng espirituwal na karanasan na tumiyak sa kanya na makakauwi siya nang buhay kung siya ay matwid. Sa klase ko, mahinang sinabi ng binata, “Ang liham na iyon ay banal na kasulatan sa akin. Itinago ko iyon.” At umupo na siya.

Maaari kayong magkaroon ng anak balang-araw, marahil ay isang anak na lalaki. Nakikinita ba ninyo ang kanyang mukha? Nakikinita ba ninyo siya sa isang lugar, sa isang panahon, na nanganganib ang buhay? Nadarama ba ninyo ang takot sa kanyang puso? Naaantig ba kayo nito? Gusto ba ninyong magbigay nang taos-puso at walang kapalit? Anong sakripisyo ang kailangan para maisulat ang liham na nanaising ipadala ng inyong puso? Simulan ninyong magpraktis mamayang hapon. Bumalik sa kuwarto ninyo

MGA PAGLALARAWAN NI CODY BELL



at isulat at basahin at muling isulat ang nilalaman ng papel na iyon nang paulit-ulit. Hindi ito magmumukhang sakripisyo kung iisipin ninyo ang batang iyon, madarama ang nasa kanyang puso, at iisipin ang mga liham na kakailanganin niya balang-araw.

### Paglutas ng mga Problema sa Matematika

Ngayon, ang ilan sa inyo ay maaaring walang gagawing sulatin o liham. Maaaring ito ay isang textbook na naglalaman ng problema sa matematika. Magkukuwento ako sa inyo tungkol sa isang araw sa inyong hinaharap. Magkakaroon kayo ng isang anak na binatilyo o dalagita na magsasabing, "Ayokong mag-aral." Matapos makinig na mabuti, malalaman ninyo na hindi paaralan o matematika ang kinamumuhian niya—iyon ay ang kabiguang nadarama niya.

Mahihiwatigan ninyo nang tama ang mga damdaming iyon, at maaantig kayo; nanaisin ninyong magbigay nang taos-puso at walang kapalit. Kaya bubuksan ninyo ang aklat at sasabihing, "Pagtulungan nating lutasin ang isa sa mga problema." Isipin ang pagkabiglang madarama ninyo kapag nabasa ninyo na ang math problem ay pababa sa ilog ang bangkang iyon sa loob ng dalawang oras at pabalik ito sa loob ng limang oras, at ang itinatanong pa rin ay kung gaano kabilis ang daloy ng tubig at gaano kalayo ang nalakbay ng bangka. Maaari ninyong isiping, "Gaganda ang pakiramdam ng mga anak ko kapag nakita nilang hindi ko rin kaya ang matematika." Ito ang maipapayo ko sa inyo: hindi sila matutuwa sa regalong iyan.

May mas magandang regalo, pero kailangang pagsikapan ito ngayon. Noong bata pa si Itay, marahil ay nalutas niya ang problema tungkol sa bangka at marami pang iba. Bahagi iyan ng mga kasangkapang kailangan niya para maging isang siyentipiko na gagawa ng kaibhan sa chemistry. Ngunit gumawa rin siya ng kaibhan sa akin. Ang sala ng aming pamilya ay hindi kasingganda ng sa iba. May isang klase ito ng muwebles—mga silya—at isang dekorasyon sa dingding—isang berdeng pisara. Umabot ako sa edad na dadaanan din ng inyong anak na lalaki o babae. Hindi ko inisip kung malulutas ko ang mga problema sa matematika; napatunayan ko sa sarili ko na hindi ko iyon kaya. At napatunayan din ng ilan sa aking mga guro na totoo iyan.


Pero hindi nasiyahan si Itay. Inisip niya na kaya kong gawin iyon. Kaya nagpalitan kami sa paggamit ng pisara. Hindi ko maalala ang mga regalong ibinalot ng tatay ko at ibinigay sa akin. Pero natatandaan ko ang pisara at mahinang boses niya. Ang pagtuturo niya ay higit pa sa pagkaalam na kinakailangan ko at pagmamalasakit sa akin. Higit pa iyon sa kahandaang mag-ukol ng kanyang panahon noon, bagama't napakahalaga niyon. Kinailangan niyon ang oras na ginugol niya noong may mga pagkakataon siya na katulad ninyo ngayon. Dahil nag-ukol siya ng panahon noon, nagkaroon kami ng oras sa pisarang iyon at natulungan niya ako.

At dahil ibinigay niya sa akin iyon, may anak akong lalaki na nagpatulong sa akin nang isang taon. Pinagtulungan namin ang gayon ding problema na naranasan ko. At isinulat ng kanyang guro na "malaki ang ibinuti" sa kanyang report card. Ngunit sasabihin ko sa inyo kung ano ang gumanda nang husto: ang pakiramdam ng isang mabait na batang lalaki tungkol sa kanyang sarili. Wala akong anumang regalong mailalagay sa ilalim ng Christmas tree para kay Stuart na maipapamana ng pamilya sa darating na mga henerasyon na katulad sa ipinagmamalaki niyang tagumpay.

### Pag-aaral ng Sining at Musika

Siguro ay may ilang estudyante ng sining (o musika ba?) na nangingiti. Iniisip nila, "Hindi niya ako makukumbinsi na may nakatagong regalo sa mga assignment *ko* na hindi ko natapos." Susubukan ko. Noong nakaraang linggo nagpunta ako sa isang parangal para sa isang binatilyo. May slide show. Pinatay ang mga ilaw, at nakilala ko ang dalawang boses. Ang isa ay isang bantog na mang-aawit sa background, at ang isa naman, ang narrator, ay ama ng binatilyo.

MGA LARAWANG KUHA NG ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK AT NI WELDEN C. ANDERSEN



Oras siguro ang ginugol ng tatay niya sa paghahanda ng mga slide, pagsulat ng mga magagandang salita, at kahit paano ay naitugma ang lakas at tiyempo ng musika sa mga salita. Balang-araw ay magkakaanak kayo ng lalaki na pararangalan sa gayong kaganapan, habang nanonood ang lahat ng pinsan niya at tiya at tiyo. At buong puso ninyong nanaising sabihin sa kanya kung ano siya at kung ano ang maaari niyang kahinatnan. Ang pagbibigay ninyo ng regalong iyon ay nakasalalay sa kung nadarama ninyo ang nasa puso niya ngayon at naaantig kayo at nagkakaroon ng mga kasanayan sa paglikha na kakailanganin ninyo. At ipinapangako ko na higit ang magiging kahulugan nito kaysa kaya ninyong pangarapin ngayon.

**Pagsisisi Ngayon**

May isa pang regalo na maaaring naising ibigay ng ilan sa inyo na kailangang simulang gawin nang maaga. Nakita ko itong magsimula noong bishop ako. Isang binata ang nakaupo sa tapat ng mesa ko. Binanggit niya ang mga nagawa niyang pagkakamali. At binanggit niya kung gaano niya kagustong magkaroon ng mga anak balang-araw na may ama na magagamit ang kanyang priesthood at maibubuklod sa kanila magpakailanman. Sinabi niya na alam niya na maaaring malaki ang katumbas at hirap ng pagsisisi. Pagkatapos ay may sinabi siya na hindi ko malilimutan: "Bishop, nagbabalik po ako. Gagawin ko anuman ang nararapat gawin. Nagbabalik po ako." Nakadama siya ng labis na lungkot. At sumampalataya siya kay Cristo. Gayunman ilang buwan siyang nahirapan at nagsumikap.

Kaya nga sa iba't ibang lugar ay may pamilyang pinamumunuan ng matwid na ama na mayhawak ng priesthood. Mayroon silang mga walang-hanggang pag-asa at kapayapaan sa lupa. Marahil ay ibibigay niya sa kanyang pamilya ang lahat ng klaseng regalong nakabalot nang maganda, pero wala nang mas mahalaga kaysa sa matagal na niyang sinimulan sa opisina ko at hindi siya tumigil sa pagbibigay. Nadama niya noon ang mga pangangailangan ng mga anak na pinangarap niya, at nagbigay siya nang maaga at walang kapalit na regalo. Tinalikuran niya ang kanyang kapalaluan at katamaran at pagiging manhid. Natitiyak ko na parang hindi ito sakripisyo ngayon.

Maibibigay niya ang regalong iyon dahil sa isa pang nagbigay noon. Ibinigay sa atin ng Diyos Ama ang Kanyang Anak, at ibinigay sa atin ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob at lahat ng handog. Nadama ng Tagapagligtas ang lahat ng sakit at dalamhati ng kasalanan na mapapasaating lahat at sa iba pang mabubuhay (tingnan sa Sa Mga Hebreo 4:14–16).

Pinatototohanan ko sa inyo na ibinigay ni Jesus ang regalo nang walang kapalit, nang kusang-loob, sa ating lahat. At pinatototohanan ko na kapag tinanggap ninyo ang regalong ito, na ibinigay sa pamamagitan ng walang-hanggang sakripisyo, matutuwa ang nagbigay nito (tingnan sa Lucas 15:7).


"Tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad" (Mateo 10:8) Dalangin ko na magbigay tayo nang walang kapalit. Dalangin ko na maantig tayo ng damdamin ng iba, na magbigay tayo nang hindi nadarama na pinipilit tayo o makikinabang tayo, at na malalaman natin na ang sakripisyong iyon ay nagiging kasiya-siya para sa atin kapag pinahalagahan natin ang kagalakang dulot nito sa puso ng ibang tao. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "Gifts of Love," na ibinigay sa Brigham Young University noong Disyembre 16, 1980. Para sa buong teksto sa Ingles, pumunta sa speeches.byu.edu.*





# TEMA NG MUTWAL
## PARA SA 2014



*"Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan" (Moroni 10:32).*



***Young Men General Presidency***

## LUMAPIT KAY CRISTO

**Ng Young Men General Presidency**

Mga kabataan ng Aaronic Priesthood, ngayong taon ang ating tema ng Mutwal ay nagbibigay-inspirasyon sa inyo na isipin ang inyong kaugnayan kay Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Manunubos, at kung paano kayo maging katulad Niya. Ang ating tema ay "Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan" (Moroni 10:32).

Ito ay isang sagradong paanyaya na lumapit sa Anak ng Diyos. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, maaari nating matamo ang lakas na maglingkod, pagkaitan ang ating sarili ng masasamang bagay sa ating buhay, at madama ang Kanyang walang-hanggang pagmamahal. Kapag ginawa natin ito, madarama natin ang tunay na kapayapaan at kaligayahan.

Kapag tinanggap ninyo ang paanyayang lumapit kay Cristo, mauunawaan din ninyo ang inyong sagradong tungkuling "anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59). Mapupuspos ang inyong puso ng hangaring akayin ang iba tungo sa Kanya para matanggap din nila ang mga pagpapalang inyong natanggap at patuloy na tinatanggap.

Tinupad ng binatilyong si Michael ang tungkuling ito sa pagtulong kay Jose, na kaibigan niya sa paaralan.

Isang araw, tinanong siya ni Jose, "Michael, bakit ka ba laging masaya?"

Sabi ni Michael, "Kasi naglilingkod ako."

"Bakit ka naglilingkod?"

"Kasi may priesthood ako at tungkulin ko iyon," sagot nito.

KALIWA: GRAPHIC NG THE DESIGN FARM; DETALYE MULA SA *SI CRISTO NA MAY KASAMANG BATANG LALAKI,* NI CARL HEINRICH BLOCH

Sabi ni Jose, "Gusto kong malaman pa ang tungkol sa priesthood."

Inanyayahan ni Michael si Jose sa mga aktibidad ng Simbahan at kalaunan ay sa mga miting ng Simbahan. Kalaunan ay tinuruan ng mga missionary si Jose at ang kanyang pamilya at nabinyagan. Sabi ni Jose, "Ang gawaing misyonero ay napakahalaga sa ating Simbahan. Kung tayo ay magiging makatarungan at matwid sa pakikitungo sa iba araw-araw, mapapansin ito ng mga nakapaligid sa atin at magtatanong sila tungkol sa atin tulad ng ginawa ko. Si Michael ay isang sisidlang hirang sa dakilang plano ng Diyos."

> "Ang mga katagang 'lumapit kay Cristo' ay isang paanyaya. Ito ang pinakamahalagang paanyayang maibibigay ninyo sa ibang tao. Ito ang pinakamahalagang paanyayang matatanggap ng sinuman." [1]
>
> —Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Kapag lumalapit kayo sa Panginoon, hahangarin ninyong paglingkuran ang iba tulad ng ginawa ni Michael. At kapag ginawa ninyo ito, malalaman ninyo na totoo ang pangakong ito mula kay Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Kapag taos-puso ninyong inanyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo, magbabago ang puso ninyo. Gagawin ninyo ang Kanyang gawain para sa Kanya. Matutuklasan ninyo na tinutupad Niya ang Kanyang pangako na maging kaisa ninyo sa inyong paglilingkod. Makikilala ninyo Siya. At darating ang panahon na kayo ay magiging katulad Niya at 'ganap sa kanya.'"[2]

Iyan ang kahulugan ng tema ngayong taon. ■

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, "Lumapit Kay Cristo," *Liahona,* Mar. 2008, 49.
2. Henry B. Eyring, "Lumapit Kay Cristo," *Liahona,* Mar. 2008, 52.

# IMBITADO KAYO

**Ng Young Women General Presidency**

Sino ba ang ayaw tumanggap ng paanyaya? Kapag tumanggap tayo ng paanyayang dumalo sa isang birthday party o handaan sa kasal, masaya tayong ipagdiwang na kasama ng iba ang mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay. Ang tema ng Mutwal para sa 2014 ay may masayang paanyaya rin na walang hanggan ang kahalagahan: "Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan" (Moroni 10:32).

Maraming paanyayang nangangailangan ng sagot—isang RSVP—para ipaalam kung dadalo tayo o hindi. Nakatugon na ba kayo sa paanyayang ito sa inyong buhay? Ang ibig sabihin ng lumapit kay Cristo ay sinusunod natin ang sagradong tipan na ginawa natin sa binyag. Ibig sabihin nito ay tinanggap natin si Jesucristo bilang personal nating Tagapagligtas at Manunubos. Ibig sabihin nito ay kinikilala at pinaniniwalaan natin ang itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Siblon: "Walang ibang daan o pamamaraan upang maligtas ang tao, tanging kay at sa pamamagitan ni Cristo" (Alma 38:9). Ang ibig sabihin ng pagtanggap sa paanyayang ito ay tapat tayong nangako na susundin ang perpektong halimbawa ni Cristo sa pamamagitan ng malinis at banal na pamumuhay at pagmamahal at paglilingkod sa kapwa.

Ang paanyayang ito ay hindi isang minsanang kaganapan; ito ay isang proseso. Inaanyayahan tayong sumunod sa landas na aakay sa atin tungo sa templo, kung saan tayo gumagawa ng karagdagang mga tipan sa ating Ama sa Langit at nakikibahagi sa mga ordenansang mahalaga sa ating kadakilaan. Maaaring kabilang sa landas na ito ang pagmimisyon. Kabilang dito ang kasal sa templo at pagiging matwid na kalalakihan at kababaihan sa kaharian ng Diyos. Nangangahulugan din ito ng pagtitiis hanggang wakas.




*Young Women General Presidency*

Tulad ng nakasaad sa paanyaya, kapag lumapit tayo kay Cristo, maaari tayong maging ganap sa Kanya. Ginagawang posible ni Cristo na manatili tayo sa landas na ito ng tipan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya at pagsisisi. Ang proseso ng pagiging ganap o perpekto ay maaaring magsimula ngayon; nangyayari ito dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo.

Hinihingi ng paanyayang ito na pagkaitan natin ang ating sarili ng lahat ng kasamaan—na huwag sumunod sa uso, mga pamantayan, at gawi ng mundo. Inaanyayahan tayong "isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti" (D at T 25:10). Pinatototohanan namin na ang pagtanggap sa paanyayang "lumapit kay Cristo at maging ganap" ay hahantong sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa mundong darating. Inaanyayahan kayong tumugon ngayon! ■

# MORONI 10:32

*Ang tema ng Mutwal ngayong taon ay isang paanyaya mula kay Moroni na sundin ang Tagapagligtas.*



## Maging Ganap sa Kanya

"Hindi tayo dapat masiraan ng loob kung ang taimtim nating mga pagsisikap na maging sakdal ngayon ay parang napakahirap at walang katapusan. Ang pagiging sakdal ay hindi darating nang lubusan. Darating

## Lumapit Kay Cristo

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng maraming paanyaya na lumapit kay Cristo. Hanapin ang ilang halimbawang nakalista sa ibaba. Ano ang itinuturo sa inyo ng mga banal na kasulatang ito tungkol sa mga pagpapala ng paglapit sa Tagapagligtas? Makakahanap ba kayo ng iba pang mga banal na kasulatan na may ganitong paanyaya?

- Omni 1:26
- Alma 5:34–35
- 3 Nephi 12:19–20
- Mateo 11:28–30
- Juan 6:35

## Hindi

## Pag-ibig ng Diyos


Paano ninyo maipapakita sa Ama sa Langit na mahal ninyo Siya? Pagisipan ang mga ideyang ito at magbigay pa ng sarili ninyong mga ideya. Sa iyong journal, isulat kung ano ang gagawin mo.

- Sundin ang mga kautusan.
- Mahalin at paglingkuran ang kapwa.

32 Oo, [a]lumapit kay Cristo, at maging [b]ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at [c]ibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng [d]biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala kayong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos.

## Biyaya

"Ang salitang **biyaya**, ayon sa gamit sa mga banal na kasulatan, higit sa lahat ay tumutukoy sa banal na tulong



## Ang Kanyang Biyaya ay Sapat sa Inyo

"Pinararatangan ng ilang Kristiyano ang mga Banal sa mga Huling Araw . . . na tinatanggihan nila ang biyaya ng Diyos sa pagsasabing kaya nilang iligtas ang kanilang sarili. Sinasagot namin ang paratang na ito . . . , 'Sapagkat masigasig kaming gumagawa . . . upang hikayatin ang ating mga anak . . . na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming naligtas tayo sa


## Ganap Kay Cristo

Ang ibig sabihin ng **ganap**, ayon sa gamit sa mga banal na kasulatan, ay "husto, buo, at lubos na maunlad; lubos na matwid. Ang ganap ay maaaring mangahulugan din na walang sala o kasamaan. Si Cristo lamang ang lubos na ganap. Ang mga tunay na tagasunod ni Cristo ay maaaring maging ganap sa pamamagitan ng kanyang

GRAPIC NG THE DESIGN FARM

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

# LUMAPIT KAY CRISTO



"Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan"
(Moroni 10:32).

DETALYE MULA SA *SI CRISTO NA MAY KASAMANG BATANG LALAKI,* NI CARL HEINRICH BLOCH



# PAANO AKO MABABAGO NG KAALAMAN TUNGKOL SA PANGULUHANG DIYOS?

*Ang limang alituntunin tungkol sa Panguluhang Diyos ay makakagawa ng kaibhan sa inyong pamumuhay.*

**Ni Lori Fuller**
Mga Magasin ng Simbahan

Sinabi ni Joseph Smith, "Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay ang malaman nang may katiyakan ang tunay na pagkatao ng Diyos."[1] Ang alam natin tungkol sa Panguluhang Diyos ay mababago ang paraan ng ating pamumuhay, hindi lamang sa malalaking bagay kundi maging sa maliliit na bagay sa araw-araw. Isipin kung paano naaapektuhan ng kaalaman ninyo tungkol sa Panguluhang Diyos ang inyong buhay habang binabasa ninyo ang limang alituntuning ito.

### Mahal tayo ng Panguluhang Diyos at nais Nila ang pinakamainam para sa atin.

Ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos ay walang hanggan at makapangyarihan, ngunit gusto pa rin Nila na masaya tayo at nasa mabuting kalagayan. Nagpatotoo si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Interesado sila sa atin, at tayo ang sentro ng lahat ng malaking alalahanin Nila. Nariyan sila para sa bawat isa sa atin. Lumalapit tayo sa Ama sa pamamagitan ng Anak. Siya ang ating tagapamagitan sa luklukan ng Diyos. Kagila-gilalas na makakausap natin ang Ama sa ganitong paraan sa pangalan ng Anak."[2]

Dahil mahal tayo ng mga miyembro ng Panguluhang Diyos at nais Nila ang pinakamainam para sa atin, mahalaga ang ating mga pagpili, lalo na ang mga munting bagay na ginagawa natin araw-araw na naglalapit sa atin sa Kanila. Walang hanggan ang ating potensyal, at gusto ng Diyos na magtagumpay tayo, kahit sa maliliit na bagay.

### Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang lahat ng bagay.

Alam natin na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang lahat ng bagay, kaya dapat nating sikaping kilalanin ang Kanyang tulong at magpasalamat. Kapag tayo ay nagpapasalamat, iba ang ating kilos. Nangako si Pangulong Thomas S. Monson na "mapapasigla natin ang ating sarili at maging ang iba, kapag

tumanggi tayong mag-isip palagi ng masama at nagkaroon ng pasasalamat sa ating puso."[3]

Dahil lahat ng mayroon tayo ay nagmumula sa Diyos (tingnan sa Mosias 2:20–21; D at T 59:21), ang ating pasasalamat ay magagawa tayong mas handang magbahagi sa iba. Kabilang dito ang ating oras at mga talento gayundin ang ating materyal na mga pagpapala.

**Ang Ama sa Langit ay maawain.**

Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay "isakatuparan ang kawalangkamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Nais Niya tayong magtagumpay, kaya pinagkakalooban Niya tayo ng kapatawaran sa mga pagkakamaling nagagawa natin. Naglalaan pa ng kapatawaran ang Kanyang awa kapag nauulit ang ating mga pagkakamali. Tutulungan tayo ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng Espiritu Santo na magbago.

Itinuturo sa atin ng awa ng Diyos na magpatawad. Sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Dahil mahal na mahal tayo ng Diyos, dapat din nating mahalin at patawarin ang isa't isa."[4] Kabilang dito ang pagpapatawad sa ating sarili.

**Si Jesucristo ay nagdusa para sa atin.**


Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, naranasan ng Tagapagligtas ang lahat ng ating pasakit at dalamhati (tingnan sa Alma 7:11–13). Kung may araw na nahihirapan tayo at parang walang nakakaunawa, malalaman natin na ang Tagapagligtas ay *talagang* nakakaunawa. At kapag napakaganda naman ng ating maghapon at gusto nating ibahagi ito sa isang tao, nariyan ang Tagapagligtas para sa atin. Nais niyang makibahagi sa ating mga kagalakan tulad ng pakikibahagi Niya sa ating mga pasakit.

**Ginagabayan tayo ng Espiritu Santo.**

Nangako si Jesucristo sa Kanyang mga Apostol na ang Mang-aaliw, o Espiritu Santo, ay maaari nilang makasama sa tuwina para turuan at aliwin sila (tingnan sa Juan 14:16–17, 26–27). Maaari ding mapasaatin ang kaloob na Espiritu Santo upang gabayan tayo. At makakaasa tayo na ang mga sagot ng Espiritu Santo ay tutulong sa atin. Sa Kanyang patnubay, maaari tayong makipag-ugnayan palagi sa Panguluhang Diyos. At kapag sinunod natin ang mga panghihikayat na tinatanggap natin, unti-unti natin Silang higit na makikilala. ■

**MGA TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 6:305.
2. Gordon B. Hinckley, "Sa Tatlong Ito'y Naniniwala Ako, *Liahona,* Hulyo 2006, 8.
3. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Kaloob na Pasasalamat," *Liahona,* Nob. 2010, 88.
4. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahabagan," *Liahona,* Mayo 2012, 76.



MGA ARALING PANG-LINGGO

Paksa sa Buwang Ito: Ang Panguluhang Diyos



SUMALI SA USAPAN





**Mga Bagay na Pag-iisipan para sa Linggo**

- Kailan ka napagpala ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, o ng Espiritu Santo?
- Kailan mo nadama na napakalapit mo sa Kanila?
- Ano ang matututuhan mo tungkol sa iyong sarili sa pag-aaral tungkol sa Kanila?

**Mga Bagay na Maaari Mong Gawin**

- Isulat sa iyong journal kung paano ka nabago ng kaalaman mo tungkol sa Panguluhang Diyos.
- Ibahagi ang pakiramdam mo sa simbahan o sa social media.

MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN AT MATTHEW REIER; *ANG UNANG PANGITAIN,* NI DEL PARSON; *SI CRISTO SA GETSEMANI,* NI HARRY ANDERSON



**Ni Larry M. Gibson**
Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# *Lagi Ko Talaga* SIYANG NAAALALA

*Ang paraan natin sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ay panlabas na pagpapakita ng ating tipan na laging alalahanin si Jesucristo.*

Naaalala ko na noong 11-taong-gulang ako ay buong pitagan akong sinamahan ng bishop ko sa chapel ng bagong gusali ng ward namin, kung saan siya umupo sa tabi ko sa harapan ng mesa ng sakramento. Sabi niya, "Alam mo, Larry, hindi magtatagal ioorden ka na sa katungkulan ng deacon sa Aaronic Priesthood. Alam mo ba kung gaano kaespesyal ang pagpapala at tungkuling ito?" Sinabi niya sa akin na magkakaroon ako ng sagradong responsibilidad na kumilos na tulad ng ginawa ng Tagapagligtas sa pagbibigay ng mga banal na sagisag ng sakramento sa mga tao sa aming kongregasyon. Namangha ako sa bigat ng tungkulin ng priesthood na matatanggap ko.

Hiniling ng bishop ko na isaulo ko ang dalawang panalangin sa sakramento at pag-isipan kung paano iaakma ang mga ito sa buhay ko. Sabi niya, kailangan kong sikaping gawin ang mga ipinagagawa sa atin ng mga panalangin sa sakramento upang makakilos ako para sa Tagapagligtas sa pagbibigay ng sakramento sa iba. Nang makauwi ako, tinulungan ako ng aking ama na mahanap ang mga panalangin sa sakramento kapwa sa Doktrina at mga Tipan (20:76–79) at sa Aklat ni Mormon (Moroni 4; 5). Binasa kong mabuti ang mga ito sa kauna-unahang pagkakataon. Nakinig akong mabuti habang iniaalay ang mga ito sa simbahan. Pinag-isipan ko ang mga salita habang ipinapasa ang tinapay, ngunit ang buong epekto ng mga tipan sa sakramento ay naging malinaw nang marinig ko ang mga salitang ito sa basbas sa tubig: "na sila sa tuwina ay aalalahanin siya." Itinanong ko sa aking sarili, "Inaalala ko ba Siya *sa tuwina*? Ano ang ibig sabihin ng *sa tuwina*? Paano ko Siya maaalala sa tuwina?" Tuwing maririnig ko ang sagradong mga panalanging iyon sa sakramento naaantig akong pag-isipan ang mga tanong na iyon.

Ang paraan natin sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ay panlabas na pagpapakita ng ating tipan sa Ama sa Langit na laging alalahanin si Jesucristo. *Ang araw ng Sabbath ay dapat maging pundasyon ng ating pag-alaala sa Kanya sa nalalabing anim na araw ng linggo.*

Ang Linggo ay araw para maghinay-hinay, tumigil sandali, at gumunita. Dumadalo tayo sa ating mga miting sa Simbahan; pinag-iisipan natin ang ating mga pagpapala, kalakasan, at pagkukulang; humihingi tayo ng tawad; nakikibahagi tayo ng sakramento; at pinagninilayan natin ang pagdurusa ng Tagapagligtas alang-alang sa atin. Sinisikap nating hindi magambala ng anumang bagay na hahadlang sa atin sa pagsamba sa Kanya, sapagkat "sa araw na ito," tulad ng sabi ng Panginoon, "wala kayong iba pang bagay na gagawin" (D at T 59:13). Anumang aktibidad na ginagawa natin sa araw ng Sabbath ay dapat umayon sa diwa ng pag-alaala kay Cristo. Kung may anumang bagay tayong ginagawa anumang oras sa araw ng Sabbath na inilalayo tayo sa pag-alaala sa Tagapagligtas at sa paglilingkod sa Sabbath na tulad ng gagawin Niya, marahil dapat nating pag-isipang muli ang ating ginagawa. Tandaan, ang Sabbath ay araw na itinakda hindi lamang "upang magpahinga mula sa inyong mga gawain" kundi "upang iukol [din] ang inyong mga pananalangin sa Kataastaasan" (D at T 59:10).

Kailangan nating planuhin ang ating buhay sa paraan na walang dahilan para maalis ang ating pansin sa kabanalan ng anumang bahagi ng araw ng Panginoon. Ito ay araw para gawin ang Kanyang gawain, isang araw kung saan ang buong buhay natin ay mapagpapala at mapapanibago sa pagkakaroon ng mga sagradong karanasan, sa indibiduwal na paraan at kasama



ang ating pamilya. Ito ay araw para mapagyaman ang ating espiritu.

Maglaan ng oras ngayon upang mapagplanuhang mabuti ang mga bagay na gagawin ninyo para talagang mapanatiling sagrado at banal ang araw ng Sabbath sa buhay ninyo. Pagkatapos ay kumilos ayon sa inyong plano.

Alalahanin ang napakagandang pangako ng Panginoon sa mga taong iginagalang nang wasto ang Sabbath: "At yayamang ginagawa mo ang mga bagay na ito nang may pasasalamat, nang may maligayang mga puso at mukha, . . . ang kabuuan ng mundo ay sa inyo" (D at T 59:15–16). Hahayaan ba nating mawala ang mga pagpapalang ito sa ating buhay at sa buhay ng mga miyembro ng ating pamilya?

Naniniwala ako sa paggalang sa araw ng Sabbath. Buong tapang ngunit mapagpakumbaba kong pinatototohanan na ang paggalang sa araw ng Sabbath ay utos ng ating Diyos, na buhay at mahal ang bawat isa sa atin. Pinatototohanan ko na kung susundin at ipamumuhay natin ang banal na utos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath, gagantihan tayo ng Panginoon ng pagpapala, patnubay, at inspirasyon sa paglutas sa mga isyung kinakaharap natin. ■

PAGLALARAWAN NI BEN SOWARDS



# Pagdaragdag sa TAGUMPAY

**Ni Daniel Kawai**

Noong 14 anyos ako, nakita ng titser ko sa physics ang talento ko sa matematika at isinali ako sa Brazilian Mathematics Olympiad. May tatlong bahagi iyon. Ang una at pangalawa ay gaganapin sa araw ng Sabado. Napasama ako sa ikatlong bahagi at nakita ko na gaganapin ito sa loob ng dalawang araw, Sabado at Linggo.

Sa gayo'y sinabi ko sa titser ko at sa direktor ng Olympiad na hindi ako kukuha ng test sa araw ng ilang Linggo dahil ito ang araw ng Panginoon. Pinakausap sa akin ng direktor ko ang mga lider ng aking Simbahan para malaya akong makakuha ng test sa araw ng Linggo, dahil kung hindi ko kukunin ito, idi-disqualify ako. Sinabi ko na kaya kong isakripisyo ang lahat huwag lang ang Diyos.

Hindi ako nalungkot, dahil umasa ako na iginagalang ng Diyos ang mga taong gumagalang sa Kanya. Naalala ko ang Mateo 6:33: "Hanapin muna ninyo ang [kaharian ng Diyos], at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo."

Makalipas ang ilang linggo kinontak namin ang kalihim ng Olympiad, na nagsabing hindi ko puwedeng kunin ang test sa ibang araw at na madi-disqualify ako. Matapos ang matagal na pag-uusap, iminungkahi niya na mag-email ako sa kanya para ipaliwanag ang sitwasyon ko. Pagkatapos kong mag-email, nanalangin ako sa Ama sa Langit at sinabi ko na susundin ko ang Kanyang kalooban.

Nang sumunod na gabi, nakatanggap ako ng email mula sa coordinator na nagsasabing maaari kong kunin sa Lunes ang test na para sa araw ng Linggo sa oras na pinakamaluwag sa akin, at nag-alok pa siyang ibigay sa akin ang test sa sarili kong lungsod para hindi ako mahuli sa klase ko sa umaga sa paaralan.

Matapos matanggap ang magandang balitang ito, nanalangin ako para pasalamatan ang Panginoon dahil tinulungan Niya ako. Nagpunta ang mga magulang ko sa templo para magpasalamat.

### MGA PANGUNAHING IDEYA TUNGKOL SA PAGGALANG SA ARAW NG SABBATH

"Ibinigay ng Panginoon sa inyo ang araw ng Sabbath para sa inyong kapakinabangan at inutusan kayong panatilihin itong banal.


"Kabilang sa paggalang sa araw ng Sabbath ang pagdalo sa lahat ng mga pulong ninyo sa Simbahan. . . .

"Maghanda bago dumating ang Linggo para mailaan ninyo ang araw ng Sabbath sa maraming nakapagbibigay-inspirasyong aktibidad na angkop sa araw na ito. . . .

"Ang paggalang sa Sabbath ay lalong magpapalapit sa inyo sa Panginoon at sa inyong pamilya. Bibigyan kayo nito ng walang hanggang pananaw at espirituwal na lakas."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan*** **(buklet, 2011), 30, 31.**

Nang lumabas ang mga resulta ng test, nakatanggap ako ng gintong medalya. Iginagalang ng Panginoon ang mga gumagalang sa Kanya. ■



*Ang awtor ay naninirahan sa São Paulo, Brazil.*

PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

# TUWIRANG SAGOT

## Kailangan bang **magmisyon** kaagad ang mga kabataang lalaki pagtuntong nila sa edad na 18? At mas hinihikayat bang magmisyon ang mga kabataang babae ngayong puwede na silang magmisyon sa edad na 19?

Nang ibalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang pagbabago sa edad ng pagiging marapat na maglingkod sa misyon, sabi niya, “Hindi ko sinasabing lahat ng kabataang lalaki ay maglilingkod—o dapat—maglingkod sa mas batang edad na ito. Sa halip, batay sa karanasan ng indibiduwal, gayundin sa [pagpapasiya] ng mga lider ng priesthood, maaari na ngayong gawin ito.”[1] Isipin ang inyong pisikal at emosyonal na kalusugan, pinansiyal na paghahanda, at espirituwal na paghahanda. Maisasangguni ninyo sa mga magulang at lider ng priesthood ang mga bagay na ito kapag nagpapasiya kayo tungkol sa tamang panahon para maglingkod.

Hinggil sa mga kabataang babae, sinabi ni Pangulong Monson, “Hindi mahigpit ang utos [sa mga kabataang babae na] maglingkod na gaya sa mga kabataang lalaki. Tinitiyak namin sa kadalagahan ng Simbahan, gayunman, na mahalaga ang nagagawa nilang kontribusyon bilang mga misyonera, at malugod naming tinatanggap ang kanilang paglilingkod.”[2] ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona,* Nob. 2012, 4–5.
2. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” 5.

PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER

## Ano ang maaari kong gawin kung pilitin ako ng ibang mga miyembrong kabataang aktibo rin sa Simbahan na **labagin ang mga pamantayan ng Simbahan**? Ayaw kong magmukhang mapagmagaling o mapanghusga.

Magkaroon ng tapang na manindigan sa mga pamantayan ng Simbahan, kahit magmula ang pamimilit sa ibang mga kabataang Banal sa mga Huling Araw na nakakaalam sa mga pamantayan at maaaring isiping nagmamagaling ka. Alin ang mas mapanganib: suwayin ang mga utos ng Panginoon o magmukhang nagmamalinis sa ilan sa mga kabarkada mo? (Ngayon, kung pinipilit ka nilang gawin ang isang bagay na hindi *ka* panatag gawin o labag sa isang pamantayang itinakda ng *pamilya* mo sa halip na ng Simbahan, maaari ka pa ring manindigan sa sarili mo sa pagsasabing mas gusto mong hindi ito gawin at paghiling sa kanila na igalang ang iyong damdamin.)



Mangyari pa, dapat mong sikaping harapin ang sitwasyon sa magandang paraan. Tulad ng sinabi ng propetang si Alma sa kanyang misyonerong anak na si Siblon, “Gumamit ng katapangan, subalit hindi mapanupil” (Alma 38:12). Hindi mo kailangang hatulan sila nang malupit o hamakin sila. Kailangan mo lang ipaalam nang tuwiran sa mga tao kung ano ang mga pamantayang pinili mong sundin. At kung hinihiling ng aktibong mga miyembro ng Simbahan na labagin mo ang malilinaw na pamantayan ng Simbahan, alalahanin ang sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: “Kaibiganin ang lahat, ngunit huwag ikompromiso ang inyong mga pamantayan.”[1] ■

**TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, “Ang Inyong Maligayang Paglalakbay Pauwi,” *Liahona,* Mayo 2013, 128.

# DALAWANG BAHAGI NG **PAGPAPALA**




*Ang pagdalo sa templo at family history ay kapwa mahalaga; kapag pinagsama, naghahatid ito ng karagdagang mga pagpapala.*

**Ni Brittany Beattie**
Mga Magasin ng Simbahan

Habang binubuklat ninyo ang mga pahina ng *Liahona* sa buwang ito, tingnan ang kumbinasyon ng iba't ibang kulay na naghahatid ng saganang lakas at sigla sa bawat larawan, painting, o disenyo. Marami sa mga kulay ang naging posible dahil dalawa sa mga pangunahing kulay—pula, dilaw, o asul—ang pinagsama upang makalikha ng bagong kulay, na hindi lilitaw kung hiwa-hiwalay ang mga pangunahing kulay.

Ang family history at gawain sa templo ay may pagkakatulad sa mga kulay na iyon: makatatanggap kayo ng mas maraming pagpapala kapag pinagsama ninyo ang dalawang mahalagang gawain. Iyan ay dahil ang family history at gawain sa templo ay dalawang bahagi talaga ng iisang gawain—ang gawain ng kaligtasan. Siyempre tatanggap pa rin kayo ng malalaking pagpapala sa pagtulong sa iba sa kanilang family history at sa pagdalo sa templo para gawin ang

gawain para sa mga tao na naroon ang mga pangalan. Ngunit tatanggap kayo ng mas malalaking pagpapala—matutuwa sa lahat ng kulay—kapag pinagsama ninyo ang dalawang bahagi at hinanap ang mga pangalan ng *sarili ninyong* pamilya at isinagawa ninyo ang gawain para sa *inyong mga ninuno* sa templo.


Tulad ng itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Ang gawain sa templo at family history ay isang gawain na nahahati sa dalawang bahagi. . . .

"Nais ng Ama sa Langit na matanggap natin ang [dalawang bahagi] ng pagpapala na dulot ng mahahalagang gawaing ito para sa mga patay. Inakay Niya ang iba upang ipakita sa atin kung paano maging karapat-dapat. Nasa inyo na at sa akin ang pagtatamo ng mga pagpapalang iyon.


"Ang anumang gawain na ginagawa ninyo sa loob ng templo ay hindi pagsasayang ng panahon, bagkus ang pagtanggap ng mga ordenansa para sa isa sa yumao ninyong mga ninuno ay lalong magpapabanal sa oras na ginugol sa templo at mas malalaking pagpapala ang matatanggap."[1]

Kaya, ano ang ilan sa "mas malalaking pagpapala" na dumarating kapag natanggap natin ang "dalawang bahagi ng pagpapala"? Nasa kanan ang ilang pangako mula sa mga makabagong Apostol.



### *Isang Nagpapadalisay at Espirituwal na Impluwensya*

"May impluwensiya [ang kasaysayan ng mag-anak na nagpapadalisay], nagpapalago ng espirituwalidad, at nagpapahinahon sa mga miyembro ng Simbahan na gumagawa nito. Nauunawaan nilang ibinibigkis nila ang mga kapamilya nila na nabubuhay sa mga pumanaw na. . . . Kapag sinasaliksik natin ang sarili nating angkan nagiging interesado [tayo] hindi lamang sa mga pangalan. . . . Ibinabaling ng ating interes ang ating puso sa ating mga ama—hinahangad nating matagpuan sila at makilala at mapaglingkuran."[2]




### *Bahagi ng Mas Malaking Gawain*

"Ang espirituwal na mga ugnayan . . . [ay] nabubuo. . . . Kapag bumabaling ang ating mga puso sa ating mga ninuno, may nababago sa ating kalooban. Nadarama nating bahagi tayo ng isang bagay na nakahihigit sa ating sarili."[3]



### *Isang Panlaban sa Tukso*

"Bawat isa sa atin ay nakikinabang mula sa lahat ng naunang pumanaw sa atin. Ang pag-alam sa mga kuwentong iyon ay tumutulong sa atin na talagang maunawaan kung sino tayo at saan tayo nanggaling. . . . Sinasaliksik ba ninyo ang sarili ninyong pamilya at tinutulungan ang ibang tao sa pagsasaliksik nila? Para sa isang musmos pa sa mga kasamaan ng mundong kinabibilangan natin ngayon, iyan ay isa sa mga pinakadakilang panlaban sa mga tukso ng kaaway."[4]




### *Tulong mula sa Mundong Hindi Nakikita*

"Siguro kung gagawin natin ang ating gawain alang-alang sa mga nasa mundong hindi nakikita na nagugutom at nagdarasal para sa gawaing magagawa natin para sa kanila, tutulungan naman tayo ng mga nasa daigdig ng mga espiritu sa panahong ito ng ating agarang pangangailangan. Mas marami ang nasa kabilang mundong iyon kaysa mga narito. Higit ang kapangyarihan at lakas doon kaysa rito sa atin sa mundong ito."[5]

**MGA TALA**

1. Richard G. Scott, "Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay," *Liahona,* Nob. 2012, 93–94.
2. Boyd K. Packer, "Ang Inyong Kasaysayan ng Mag-anak: Pagsisimula," *Liahona,* Ago. 2003, 17.
3. Russell M. Nelson, "Mga Henerasyong Nabigkis ng Pagmamahal," *Liahona,* Mayo 2010, 92.
4. David A. Bednar, "Panahon Na," lds.org/youth/family-history/leaders.
5. John A. Widtsoe, sa Conference Report, Abr. 1943, 39.

MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN AT STEVE TREGEAGLE; LARAWAN NI JOHN A. WIDTSOE NA IPININTA NI R. E. BIRD



### MAY NATAGPUAN AKONG PANGALAN

"Para mapaghandaan ang pagpunta ng mga kabataan sa templo, nagdaos ng aktibidad sa Mutwal ang aming ward para saliksikin ang pangalan ng mga kaanak na maaari naming dalhin. Nakaupo ako sa tabi ng mga kaibigan ko at medyo nagrereklamo na wala akong makitang mga pangalan na kailangang gawan ng mga ordenansa. Matapos magsaliksik nang matagal sa familysearch.org, may natagpuan akong pangalan. Tuwang-tuwa ako!


"Agad akong tumakbo sa aming family history consultant at tinanong ko siya kung ano ang susunod na hakbang. Ipinakita niya sa akin kung paano i-save at i-print ang pangalan para magawan ko ng gawain sa templo. Sinabi rin niya na ang babae ay totoong tao at hindi lamang isang pangalan sa screen. Nadama ko ang Espiritu at alam kong matagal nang hinihintay ng taong iyon na maisagawa ang ordenansa para sa kanya at matagpuan ko siya. Nadala ko ang kanyang pangalan sa templo. Lubos akong nagpapasalamat sa pagkakataong mapaglingkuran ang aking mga ninuno at maihatid sa kanila ang kagalakan ng ebanghelyo."

Leah G., New York, USA




***Paano Kung Wala Akong Akses sa Internet?***

Kahit kailangang maisumite online ang iyong mga pangalan sa family history para maisagawa ang gawain sa templo para sa kanila, hindi kailangang may Internet access ka sa bahay. Tipunin ang mga pangalan, impormasyon, at kuwento ng pamilya mula sa iyong nabubuhay na mga kamag-anak, at pagkatapos ay tingnan kung mayroong lokal na family history center kung saan ka makapagsusumite ng mga pangalan sa familysearch.org. Sa mga lugar na limitado ang Internet access, kausapin ang mga ward o stake family history consultant tungkol sa mga sanggunian nila sa pagkuha ng datos na ipinasok sa internet para sa iyo.



***Ibig Bang Sabihin Nito Hindi Ako Dapat Magpunta sa Templo Kung Wala Akong Dalang Pangalan ng mga Kaanak Ko?***

Hindi naman! Ang pagdalo sa templo ay naghahatid ng saganang mga pagpapala kapwa sa iyo at sa mga napabinyagan at napakumpirmahan mo, mga ninuno mo man sila o hindi. Dapat ka pa ring dumalo sa templo kahit wala kang dalang pangalan ng kaanak mo. Itinuro ng Unang Panguluhan: "Ang mga miyembro na limitado ang kakayahan na gawin ang kanilang sariling pagsasaliksik sa family history ay hinihikayat na magsagawa ng mga ordenansa para sa mga pangalang laan ng iba pang mga miyembro o ng templo" (Liham ng Unang Panguluhan, Okt. 8, 2012).



### ISANG PAANYAYA MULA SA UNANG PANGULUHAN

"Kapag nahanap ng mga miyembro ng Simbahan ang mga pangalan ng kanilang mga ninuno at dinala ang mga pangalang iyon sa templo para magawan ng mga ordenansa, lalo pang mapagaganda ang karanasan sa templo. . . . Lalo naming hinihikayat ang mga kabataan . . . na gamitin sa gawain sa templo ang pangalan ng sarili nilang mga kaanak o pangalan ng mga ninuno ng mga miyembro ng kanilang ward at stake."

**Liham ng Unang Panguluhan, Okt. 8, 2012.**



# MGA TINIG NG MGA KABATAAN: MGA PAGPAPALA NG FAMILY HISTORY

Ang mga kabataan mula sa New York, USA, ay inanyayahan kamakailan ng kanilang stake presidency na maghanap ng pangalan ng isang kaanak nila na dadalhin sa templo bilang bahagi ng isang espesyal na kumperensya para sa mga kabataan. Natuklasan nila ang mga dakilang pagpapala nang madama nilang bumaling ang kanilang mga puso sa kanilang mga ama (tingnan sa Malakias 4: 5–6).

### Pagdadala ng Pangalan ng mga Kaanak sa Templo

- "Dati-rati'y iniisip ko na ang family history ay isang pangkaraniwang bagay lang na dapat gawin, pero alam ko na ngayon ang mga ito ay *totoong* mga tao na maraming taon nang naghihintay. Kaiba ang karanasan ko sa templo kapag maydala akong pangalan ng mga kaanak ko. Palagay ko dahil ito sa lahat ng kasipagan, panahon, at dalanging ibinuhos sa paghahanap ng *isang* pangalan. Ngunit sulit ang paghahanap sa *isang* pangalan dahil iyan ay *isang tao* na kailangang makapiling ang Ama sa Langit." —Hannah A., edad 13
- "Matapos mahanap ang isang tao, sisimulan mong umugnay sa taong iyon sa daigdig ng mga espiritu. Ang pagdadala mo ng sariling mga pangalan ay isang paraan para tumibay ang bigkis na ito. Tinutulungan ka nitong maunawaan ang iyong walang-hanggang pamilya." —Spencer S., edad 15
- "Ang pagdadala ng pangalan ng mga kaanak mo sa templo ay tumutulong sa iyo para matanto mo na totoo ang mga taong ito. Hindi lamang mga pangalang nakasulat sa papel ang mga ito; sila ay totoong mga kapatid na kasama sa iyong kasaysayan—at bahagi sila nito." —Lilli N., edad 16

### Pagtanggap ng mga Pagpapala

- "May napansin akong kaibhan sa buhay ko. Magiliw at nagpoprotekta ang damdaming ito." —Noah R., edad 13
- "Madarama mo sa iyong puso na ikaw ay bahagi ng isang mas malaking gawain. Ang pagbibigay ng pagkakataon sa iyong pamilya na matanggap ang mga pagpapala ng templo ay isang damdaming walang katulad." —Corinne C., edad 17
- "Naging mas komportable at panatag ako mula nang simulan ko ang paggawa ng family history. Kapag nagdadala ako ng pangalan ng mga kaanak ko sa templo, nag-uumapaw ang kagalakan ko." —Tyler M., edad 16
- "Naragdagan nito ang pagmamahal ko sa Tagapagligtas, sa Ama sa Langit, at sa aking mga ninuno. Nakatulong ito sa akin na mas mapalapit sa pamilya ko mismo at napag-ibayo nito ang aking patotoo sa ebanghelyo." —Alexandra H., edad 14
- "Naging mas masaya ako." —Ross S., edad 12
- "Sa bawat pangalan, nag-uumapaw ang kapayapaan at kasiyahan sa isipan ko, na para bang ako lang ang matagal nang hinihintay ng taong iyon." —Rhiannon B., edad 15
- "Alam ko kung saan ako nanggaling, at nadaragdagan ang tiwala ko sa sarili." —Eliza L., edad 13
- "Hindi na ako gaanong nakikipag-away sa bahay." —Gehrig L., edad 12
- "Lalo kong nauunawaan ang kahalagahan ng mga pamilya. Gusto kong mas mapalapit sa aking pamilya sa lupa." —Emma L., edad 15
- "Natulungan ako nito na mas maunawaan ang plano ng Diyos para sa atin. Dama kong mas malapit ako sa Ama sa Langit at sa ebanghelyo dahil mas nauunawaan ko ang mga ordenansang nagaganap." —Noah C., edad 14 ■

### Ano ang Gagawin Ninyo?

Ano ang gagawin ninyo para "[matamo ang] mga pagpapalang iyon" sa paghahanap ng mga pangalan ng mga kaanak at pagdadala ng mga ito sa templo? Magplano ngayon na matupad ang mga pangakong matanggap ang dalawang bahagi ng pagpapala sa inyong buhay.

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN

## ISANG NAGBIBIGAY-INSPIRASYONG TALATA

"[Si Jesucristo] ang mamamagitan para sa lahat ng anak ng tao; at sila na maniniwala sa kanya ay maliligtas" (2 Nephi 2:9).

Sa talatang ito, ang salitang *mamamagitan* ay may malaking kahulugan. Ang ibig sabihin nito ay "kumilos bilang isang tagapamagitan para tulungan ang dalawang panig na malutas ang problema." Sa ganitong sitwasyon, ang Tagapagligtas ang tagapamagitan na tumutulong sa lahat ng taong nawalay sa Ama sa Langit dahil sa kasalanan.

Ipinaalam sa akin ng talatang ito ang kahalagahan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Nagpapasalamat ako sa Kanyang Pagbabayad-Sala. Tanging sa pamamagitan Niya tayo maaaring muling mabuhay sa piling ng ating Ama sa Langit.

Hanisha A., India





## SINO ANG GUSTONG MANALANGIN?

Sa misyon ko, tinuruan naming magkompanyon ang isang pamilya na maraming anak. Sa isa sa mga oras ng pagpaplano namin, nagdasal kami at pinag-usapan namin kung ano ang susunod na araling dapat naming ituro sa mga bata, at napagkasunduan naming magturo tungkol sa panalangin.

Pagdating namin sa bahay nila, tuwang-tuwa ang lola at mga bata. Sinimulan namin ang aralin sa panalangin. Tahimik ang mga bata at handa nang makinig. Ipinaliwanag namin sa kanila kung paano at kung bakit dapat manalangin. Para tapusin ang aming aralin, tinanong namin sila, "Sino ang gustong magbigay ng pangwakas na panalangin?" Gusto nilang lahat na manalangin! Kaya gumawa kami ng iskedyul para sila ang manalangin tuwing darating kami para magturo. Inanyayahan din namin silang manalangin kahit wala kami roon.

Pagkatapos ng araling iyon, naisip ko, "Bakit nadadaliang manalangin ang maliliit na bata samantalang nahihirapan namang manalangin ang nakatatanda naming mga investigator?" Nakakita ako ng sagot sa Bible Dictionary [Diksyunaryo ng Biblia]: "Kapag nalaman natin ang ating tunay na kaugnayan sa Diyos (ibig sabihin, ang Diyos ay ating Ama, at tayo ay Kanyang mga anak), agad nagiging likas sa atin ang panalangin at nadadalian na tayong gawin ito (Mat. 7:7–11). Marami sa tinatawag na mga problema tungkol sa panalangin ang lumilitaw dahil sa pagkalimot sa kaugnayang ito" (tingnan din sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin," scriptures.lds.org).

Mula noon, sinikap kong tulungan ang mga tao na maunawaan ang kanilang tunay na kaugnayan sa ating Ama sa Langit. Nais ng ating Ama sa Langit na makausap ang Kanyang mga anak, tulad ng pagnanais ng ating mga magulang sa lupa na makausap tayo. Mahal niya tayo, nais Niya tayong makausap, at nais Niyang kausapin natin Siya.

Jarrel M., Philippines

## PINAGKAKAISA NG FAMILY HISTORY ANG MGA PAMILYA

May nakita akong mithiin sa Pansariling Pag-unlad na humikayat sa akin na simulan ang aking family tree. Tuwing pupunta ako noon sa lolo't lola ko para mananghali, kinukuwentuhan nila ako tungkol sa buhay nila at ng iba kong mga kamag-anak. Sinimulan kong magpunta sa family history center at magtipon ng impormasyon tungkol sa aking pamilya.

Naaalala ko noong makita ko ang impormasyon tungkol sa aking kalola-lolahan. Habang buntis siya, nagpunta siya sa Argentina sakay ng isang barko. Habang naglalayag, inilibing niya ang kanyang anak na lalaki sa karagatan. Isang kuwento lang siya para sa akin hanggang sa matagpuan ko ang kanyang pangalan sa isang talaan. Mas napalapit pa ako sa aking lolo't lola, at nakilala ko ang aking mga ninuno na para bang nakapiling ko sila. Nakakita ako ng impormasyon tungkol sa aking mga ninuno, ibinahagi ko ang mabubuting balita ng walang-hanggang pagbubuklod, at nakatulong akong mapagpala ang maraming henerasyon.

Patuloy kong natutuklasan ang natatagong mga kayamanan, salamat sa FamilySearch. Gustung-gusto ko ang sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Pinatototohanan ko na kapag ginagawa natin ang lahat upang maisakatuparan ang gawaing nasa ating harapan, ipapagamit sa atin ng Panginoon ang sagradong susing kailangan upang malantad ang kayamanang pinakahahangad natin."[1] Sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap, matutuklasan natin ang mga susi sa ating walang-hanggang kayamanan, at balang-araw ay personal nating makakaharap ang ating mga ninuno.

Yael B., Argentina





**TALA**

1. Thomas S. Monson, "The Key of Faith," *Tambuli,* Mayo 1994, 5.

## PAGTANGGAP NG PATOTOO MULA SA ESPIRITU SANTO

Nang sumapi ako sa Simbahan sa edad na siyam, naniniwala na ako na ang Simbahan ay totoo, kaya naisip ko na hindi na kailangan pang itanong sa Diyos kung ito ay totoo. Matapos maging miyembro nang ilang taon, nagsimula akong mag-alinlangan. Pagkatapos sa isang sacrament meeting, habang pinakikinggan ko ang himnong "Unang Panalangin ni Joseph Smith," (*Mga Himno,* blg. 20), nagdasal ako at nagtanong sa Ama sa Langit kung totoo ang Simbahan at kung talagang Siya at si Jesucristo ay nakita ni Joseph Smith. Pumasok sa isipan ko na oo, ang Simbahan ni Jesucristo ay totoo, at oo, nakita ni Joseph ang Diyos Ama at si Jesucristo. Napuno ng luha ang aking mga mata, at nadama kong nag-alab ang Espiritu Santo sa puso ko.

Ngayo'y mapagtitibay ko na pinatotohanan sa akin ng Espiritu Santo na totoo ang Simbahang ito. Alam ko na nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo, at hindi ko ito maikakaila. Ang patotoong ito ang nagbigay sa akin ng lakas ng loob na magpatotoo sa iba.

Tamara O., Brazil

MULA KALIWA: *ANG NABUHAY NA MAG-ULING CRISTO,* NI WILSON ONG, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; PAGLALARAWAN NI LESLIE NILSSON; LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI YAEL B.; LARAWAN AT BORDER MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

# ¡Hola, amigos!* Kami sina Mahonri at Helaman mula sa Mexico

*Mag-empake na kayo! Halinang makipagkilala sa mga kaibigan sa buong mundo!*




MGA LARAWANG KUHA NI JUAN CARLOS SANTOYO; PAGLALARAWAN NI THOMAS CHILD


**Mula sa isang interbyu kay Amie Jane Leavitt**

Sina Mahonri at Helaman ay magkapatid na nakatira sa baybayin ng Mexico. Isinunod ng mga magulang nila ang kanilang pangalan sa dalawang dakilang lalaki sa Aklat ni Mormon. Si Mahonri Moriancumer ang kapatid ni Jared. Nakita niya ang daliri ng Panginoon. Si Kapitan Helaman ay isang mabuting pinuno. Pinamunuan niya ang dalawang libong kabataang mandirigma. ■


* *"Hi, mga kaibigan!" sa Espanyol.*



***Umaasa ang magkapatid na ito na maging karapat-dapat sa mga pangalang ibinigay sa kanila ng kanilang mga magulang. Nais nilang maging katulad nina Mahonri at Helaman sa Aklat ni Mormon.***



Ang aming mga magulang ay ibinuklod sa Guadalajara Mexico Temple noong 2003. Ito ang pinakamalapit na templo sa aming tirahan. Mga anim na oras ang biyahe para makarating doon. Gustung-gusto naming bumisita sa templo at alam namin na balang-araw ay papasok kami sa loob niyon, tulad ng ginagawa ng aming mga magulang ngayon.





*Nasisiyahan kaming magsama-sama bilang pamilya. Tuwing Sabado nagpupunta kami sa dalampasigan malapit sa bahay namin. Kumakain kami ng hipon—ang paborito naming pagkain—at tacos at tortas (isang uri ng sandwich). Naglalakad-lakad kami sa Malecón, o kalsada sa harap ng dalampasigan. Gumagawa kami ng mga kastilyo sa buhangin at naglalaro sa dagat.*

## TEMPLO'Y IBIG MAKITA




*Ang Guadalajara Mexico Temple ang ika-11 sa 13 templo sa Mexico.*



## HANDA NA SILANG UMALIS!

*Ang mga bag nina Mahonri at Helaman ay puno ng ilan sa paborito nilang mga bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ieempake ninyo sa inyong bag?*





# Ano ang ibig sabihin ng maging **KRISTIYANO**?

**Ni Elder Robert D. Hales**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay natatanging mga saksi ni Jesucristo.*




PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

*Mula sa "Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano,"* Liahona, *Nob. 2012, 90–92.*

# Passport

## MGA KAIBIGAN SA IBA'T IBANG PANIG NG MUNDO



Humanap ng tatak ng isang bagong bansa na idaragdag sa passport mo sa darating na mga isyu ng *Liahona*.





Passport
Passeport
Pasaporte

MGA KAIBIGAN SA IBA'T IBANG PANIG NG MUNDO




RETRATO

Passport #

Pangalan

Nasyonalidad

Petsa ng Kapanganakan

Petsa Ngayon


Mexico




Russia





Zimbabwe




Philippines




New Zealand




Italy





Brazil




Tonga




South Korea




Chile




England




Sweden





MGA PAGLALARAWAN NI ASHLEY TEARE

# MGA KAIBIGAN SA IBA'T IBANG PANIG NG MUNDO



# ANG ATING PAHINA



Mula pa noong maliit ako, naturuan na ako ng nanay at tatay ko tungkol sa templo. Malayo ito, pero gustung-gusto kong pumunta roon na kasama ang pamilya ko. Nang ibuklod ako sa mga magulang ko, nakapasok din ako roon sa wakas—napakaganda nito. Ngayon kapag nagpupunta kami, naghihintay lang ako sa labas. Paglaki ko, gagawa ako ng sarili kong mga tipan sa templo.

**David V., edad 6, Nicaragua**

Alam ko na si Jesucristo ay buhay at na nagmamalasakit Siya sa ating lahat, at alam ko na ang Simbahan ay totoo.

**Osiris M., edad 6, Brazil**





**Tris M., edad 8, Brazil**




Talagang gusto kong kantahin ang mga himno ng Simbahan at makibahagi sa family home evening kasama ang aking pamilya. May dalawa akong nakababatang kapatid, sina Jared at Sarai, at mahal na mahal ko sila. Gusto kong tulungan ang nanay ko kapag nagluluto siya dahil paglaki ko, gusto kong mahusay rin akong magluto na tulad niya.

**Ambar A., edad 9, Ecuador**

Gusto kong tinutulungan ang nanay ko sa family home evening. Gustong magpunta ng pamilya namin sa templo para magkasama-sama kami magpakailanman. Paglaki ko, gusto kong magmisyon tulad ng mga pinsan ko. Mahal ko ang Ama sa Langit at ang propeta, si Pangulong Thomas S. Monson. Gusto ko ang awit sa Primary na "Ang Simbahan ni Jesucristo."

**Keydi P., edad 12, Honduras**



**Đ. Văn Hiêp, edad 11, Cambodia**



Tinuturuan na ako sa ebanghelyo noon pa mang maliit ako. Noong walong taong gulang na ako, nagpasiya akong magpabinyag. Isinaulo ko ang lahat ng 13 saligan ng pananampalataya para sa espesyal na araw na iyon. Nang umahon ako mula sa tubig, may nadama akong napakalakas. Sabi ng nanay ko, ang damdaming iyon daw ay nagmula sa Espiritu Santo. Alam ko na ipinanumbalik ni Joseph Smith ang Simbahan ni Jesucristo, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, at na si Thomas S. Monson ay isang buhay na propeta.

**Abigail A., edad 8, Spain**



# Tulad ng mga Banal na Kasulatan!

*Akala namin maayos ang hiking, hanggang sa makita namin ang tanda sa daan.*

**Ni Renae Weight Mackley**

Batay sa tunay na buhay

*"Pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat" (Mosias 24:14).*

Ang sampung taong gulang na mga bata ay medyo matatalino. Gusto naming alaming mag-isa ang mga bagay-bagay.

Laging sinasabi ng tatay ko na itulad ang mga banal na kasulatan sa aking sarili. Ang ibig sabihin ng *ihalintulad* ay sinisikap mong ipamuhay ang natututuhan mo sa mga banal na kasulatan. Kaya, kapag sama-sama kaming nagbabasa bilang pamilya, kung minsan ay may nasasabi na ako bago pa ito maipaliwanag sa amin ni Itay. Gaya ng, "Alam ko po, Itay, dapat tayong mag-ayuno at manalangin, tulad ng sinasabi sa mga banal na kasulatan."


Ngumingiti siya dahil lagi kong nakukuha ang tamang mensahe.

PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK



"Mangako tayong basahin ang mga banal na kasulatan . . . nang may mas tapat na layunin at pagtutuon ng pansin."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Inyong Potensyal, ang Inyong Pribilehiyo,"** ***Liahona,*** **Mayo 2011, 59.**



Ngunit minsan, natuklasan ko na ang mga banal na kasulatan ay talagang malaki ang pagkakatulad sa buhay ko! Nangyari ito nang magpunta kaming lahat sa isang family reunion backpack trip.

Binuhat ko ang sarili kong malaking backpack at sleeping bag, at hindi ako nagreklamo. Tutal, apat na milya lang naman dapat (6.5 km) ang lalakarin papunta sa lawa. Kaya ko iyon, walang problema.

Ang paglalakad ay hindi masyadong mahirap, pero natuwa akong tumigil sandali matapos maglakad nang dalawang milya (3 km). Pagkatapos ay nakita namin ang unang karatula ng palatandaan sa daan. Sabi roon, anim na milya (9.5 km) pa ang layo ng lawa. Hindi na kinailangang sabihin sa akin ng tatay ko na talagang doble ang haba ng daan kaysa una naming inakala. Alam ko na iyon. *Talagang* kinailangan niyang ipaalala sa amin na tipirin ang tubig namin para mas tumagal ito.

Mahalaga ang payo ng tatay ko pero mahirap sundin. Mainit ang araw sa hapon, at halos wala kaming masilungan sa daan. Parang hindi na namin mararating ang lawa.

Nanatili sa likuran ang malalaki kasama ang mga batang maliliit, at nagpauna na ang nakatatandang mga pinsan. Sinamahan ko ang tatlong pinsang kaedad ko, at napunta kami sa pagitan.

Nang wala na kaming makita sa unahan o sa likuran namin, kinabahan na kami. Mabigat na ang mga backpack namin, at wala nang laman ang mga bote ng tubig. Gaano pa kalayo ang lalakarin namin?

Sa huli, alalang-alala at pagod na pagod na kami kaya nagpasiya kaming huminto at manalangin.

Pagkatapos ng panalangin, dinampot namin ang mga backpack namin at nagpatuloy kami sa paglakad.

Ilang sandali pa ay may narinig kaming mga yabag ng kabayo sa daan. Naghintay kami at nakita namin ang isang lalaking nakakabayo na palapit sa amin.

Tumigil siya at binigyan niya kami ng kaunting tubig. Ipinaliwanag niya na ang nakatatanda naming mga pinsan ay nagmadali papunta sa lawa na may dalang panala ng tubig para makakuha ng tubig na dadalhin pabalik sa amin. Narinig ng lalaki kung gaano namin kailangan ang tubig at pumayag na tumulong. "May nangangailangan ba ng tulong sa inyo sa mga backpack ninyo?" tanong nito.

Tumingin ako sa mga pinsan ko, at nginitian nila ako. Talagang gumanda ang pakiramdam namin!

"Mas mabuti po siguro puntahan at tulungan na lang ninyo ang iba," sabi namin sa lalaki. "Ayos lang po kami."

At totoo naman iyon! Sa natitirang lakad papunta sa lawa, parang binubuhat ng mga anghel ang mga backpack namin at itinutulak kami sa paglakad. Nang ikuwento ko ito sa mga magulang ko kalaunan, ngumiti si Itay at naluha si Inay.

Pagkaraan ng isang linggo binasa ng pamilya ko ang Mosias 24. Nanlaki ang mga mata ko nang mabasa namin ang mga salitang ito: "At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod" (sa talata 14).

"Ganyan ang nangyari sa daan," bulalas ko. Hindi ko na kailangang pag-isipan kung paano gamitin ang talatang ito sa buhay ko—inilarawan na ng talatang ito ang buhay ko! Nakakagulat! Halos hindi na ako makapaghintay na makita ang iba pang mga talatang katulad ng buhay ko.

At sa ganyang paraan ko nalaman kung paano ko maihahalintulad ang mga banal na kasulatan sa akin, at maihahalintulad din ang sarili ko sa mga banal na kasulatan! ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

# SI NOE

ay isang propeta ng Lumang Tipan. Sinunod niya ang mga kautusan at tinulungan ang kanyang pamilya na manatiling ligtas mula sa Baha sa pamamagitan ng pakikinig sa salita ng Diyos. Maaari mong sundin ang mga kautusan at tulungan din ang pamilya mo sa pamamagitan ng pagbabasa mula sa Lumang Tipan linggu-linggo sa taong ito.

Magpatulong sa isang nasa hustong gulang sa paggupit nitong pahinang kukulayan o i-print ito mula sa liahona.lds.org. Bawat linggo pagkatapos mong magbasa, kulayan ang lahat ng puwang na may numero ng linggong iyon gamit ang iniisip mong pinakamainam na kulay. Tingnan sa pahina 76 para sa lingguhang mga mungkahi sa pagbabasa. Maaari kang magbasa nang mag-isa o kasama ang iyong pamilya. Kapag tapos ka na, nabasa mo na ang ilan sa pinakamahahalagang kuwento sa Lumang Tipan! ■


PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD




28
5
29
41
25
24
26
18
52
9
1
15
10
14
12
7
23
51
21
19
48
13
22
44
32
43
42
18
49
30
31
50
36
47
7
20
6
19
21
33
17
20
46
45
22
13
51
2
16
23
14
24
15
34
2

Lingguhang mga Mungkahi sa Pagbabasa para sa "Hamon sa Pagbabasa ng Lumang Tipan" (tingnan sa mga pahina 74–75).

| LINGGO | BABASAHIN |
|---|---|
| 1 | **Ang Plano ng Kaligtasan:** Moises 1:39; Abraham 3:12, 22–28; 4:1 |
| 2 | **Ang Paglikha:** Genesis 1; 2:1–3 |
| 3 | **Adan at Eva:** Genesis 2:7–9, 15–25 |
| 4 | **Ang Pagkahulog:** Genesis 3 |
| 5 | **Cain at Abel:** Genesis 4:1–16 |
| 6 | **Ang Lungsod ni Enoc:** Moises 6:21, 26–28; 7:13–21 |
| 7 | **Arka ni Noe:** Genesis 6:5, 7–9, 13–22; 7:1–19, 23–24 |
| 8 | **Naligtas ang Pamilya ni Noe:** Genesis 8:6–13, 15–17 |
| 9 | **Ang Tore ng Babel:** Genesis 11: 1–9; Eter 1: 1–3, 33–43 |
| 10 | **Ang Tipan ni Abraham:** Abraham 1: 1–4; 2:6–13; Genesis 17:1–7 |
| 11 | **Abraham at Lot:** Genesis 13:1–13; 19:1, 15–17, 24–29 |
| 12 | **Abraham at Isaac:** Genesis 22:1–18 |
| 13 | **Isaac at Rebeca:** Genesis 24:1–4, 7–20, 61–67 |
| 14 | **Jacob at Esau:** Genesis 25:21–34; 27:1–23 |
| 15 | **Jacob at Raquel:** Genesis 29:1–2, 10–30 |
| 16 | **Naging Israel ang Pangalan ni Jacob; Ipinagbili si Jose sa Egipto:** Genesis 35:9–12; 37:3–14, 18–34 |
| 17 | **Si Jose sa Egipto:** Genesis 39:1–4, 7–20; 40:1–3, 5–8; 41:1, 8–12, 14, 29–36, 39–40 |
| 18 | **Nagpatawad si Jose:** Genesis 42:3–16; 43:15; 44:1–12, 18, 33–34; 45:3–8 |
| 19 | **Pagsilang at Tungkulin ni Moises:** Exodo 1:8–14, 22; 2:1–6, 10–21; 3:1–14, 19–20; 4:10–12 |
| 20 | **Ang mga Salot:** Exodo 7:10–14, 20–21; 8:6, 17, 24; 9:6, 10, 23; 10:14–15, 22; 11:5; 12:30–32, 41–42 |
| 21 | **Ang Exodo:** Exodo 14:5–16, 19–31 |
| 22 | **Natanggap ng mga Israelita ang Mana mula sa Langit:** Exodo 16:1–8, 21–31, 35 |
| 23 | **Ang Sampung Utos; ang Ahas na Tanso:** Exodo 19:1–5, 20; 20:1–17; 31:18; Mga Bilang 21:4–9 |
| 24 | **Mga Anak na Babae ni Salphaad:** Mga Bilang 27:1–7 |
| 25 | **Si Josue at ang Digmaan ng Jerico:** Josue 1:1–11, 16–17; 2:1–6, 14; 3:5–9, 13–17; 6:1–5, 13–16, 20, 23; 24:14–18 |
| 26 | **Gedeon:** Mga Hukom 6:6–16; 7:1–7, 16–22; 8:22–23 |
| 27 | **Samson at Dalila:** Mga Hukom 13:1–5, 24; 16:2–23, 28–30 |
| 28 | **Ruth at Noemi:** Ruth 1:1–9, 14–16; 2:1–8, 15–18; 3:1, 3–11; 4:13, 17; Juan 7:42 |
| 29 | **Si Samuel, ang Batang Propeta:** I Samuel 1:9–11, 17–20, 24–28; 2:26; 3:1–11, 16–20 |
| 30 | **David at Goliath:** I Samuel 16:7; 17:1, 4–24, 32–33, 37–51 |
| 31 | **David at Jonathan:** I Samuel 18:1–9; 19:1–10; 23:14–18; 24:9–10, 16–19; II Samuel 1:4, 11–12 |
| 32 | **David at Bath-sheba:** II Samuel 11:1–4, 14–17, 26–27; 12:1–7, 9, 13 |
| 33 | **Haring Salomon:** I Mga Hari 2:1–4, 12; 3:3–28; 6:1 |
| 34 | **Roboam:** I Mga Hari 11:43; 12:1–21 |
| 35 | **Elias, ang Propeta:** I Mga Hari 17; 19:11–12 |
| 36 | **Si Elias at ang mga Bulaang Propeta ni Baal:** I Mga Hari 18:16–18, 21–39 |
| 37 | **Si Naaman ay Gumaling:** II Mga Hari 5 |
| 38 | **Si Eliseo at ang Balo:** II Mga Hari 4:1–6 |
| 39 | **Isaias at Ezechias:** II Mga Hari 18:1–7; Isaias 36:1–2, 4, 13–15; 37:1–7, 15–21, 33–38; 38:1–7 |
| 40 | **Ang mga Propesiya ni Isaias:** Isaias 1:17–19; 2:2–4; 11:6–10; 53:3–5; 55:8–9; 58:6–14 |
| 41 | **Binasa nina Josias at Ezra ang mga Banal na Kasulatan:** II Mga Hari 22:1–4, 8–13; 23:1–4, 24–25; Nehemias 8:1–8 |
| 42 | **Mga Awit at mga Kawikaan:** Awit 1:1–3; 19:1–3; 24:1–4; Mga Kawikaan 3:5–6 |
| 43 | **Esther:** Esther 2:5–9, 17; 3:2–13; 4; 5:1–8; 7; 8:3–11, 17 |
| 44 | **Job:** Job 1; 19:13–26; 27:2–6; 42:10 |
| 45 | **Jeremias:** Jeremias 1:1, 42 9; 18:1–6; Isaias 64:8 |
| 46 | **Templo ni Salomon:** I Mga Cronica 28:20; 29:6–9; II Mga Cronica 5:1; 6:1–3 |
| 47 | **Si Daniel at ang Pagkain ng Hari:** Daniel 1:1, 3–20 |
| 48 | **Sadrach, Mesach at Abed-Nego:** Daniel 3:1, 4–30 |
| 49 | **Si Daniel at ang mga Leon:** Daniel 6 |
| 50 | **Si Jonas at ang Balyena:** Jonas 1; 2; 3:1–5 |
| 51 | **Karagdagang mga Banal na Kasulatan:** Amos 3:7; Nahum 1:7; Habacuc 3:19; Zefanias 3:16–20 |
| 52 | **Malakias:** Malakias 3:8–12; Malakias 4:5–6 |



**Ni Rosemary M. Wixom**
Primary General President

# Ang Victory Tunnel

*"Kaydakila ng plano ng ating Diyos" (2 Nephi 9:13).*

Noong tagsibol, dumalo kaming mag-asawa sa football game ng apat-na-taong-gulang naming apo. Sabik at tuwang-tuwang nagtakbuhan ang mga bata sa lahat ng direksyon sa paghabol sa bola. Nang tumunog ang huling pito, hindi alam ng mga manlalaro kung sino ang nanalo o natalo. Basta naglaro lamang sila.

Hiniling ng mga coach sa mga manlalaro na makipagkamay sa kabilang team. Pagkatapos ay nakita namin ang isang bagay na kakaiba. Nagtawag ang kanilang coach ng isang victory tunnel.

Ang mga magulang, mga lolo't lola, at sinumang nagpunta upang panoorin ang laro ay tumayo at gumawa ng dalawang linyang magkaharap. Pagkatapos ay itinaas nila ang kanilang mga kamay at lumikha ng arko. Napasigaw ang mga bata nang magtakbuhan sila sa ilalim ng mga bisig ng nagbubunying matatanda.

Di-nagtagal ipinasiya ng mga bata sa kabilang team na sumali sa kasayahan. Lahat ng manlalaro ay pinalakpakan ng matatanda nang magtakbuhan sila sa victory tunnel.

Sa aking isipan nakikita ko ang isa pang tagpo. Nadama ko na nakikita ko ang mga batang ito na ipinamumuhay ang plano ng Ama sa Langit na nilikha para sa lahat ng bata. Tumatakbo sila sa makipot at makitid na landas, sa ilalim ng mga bisig ng mga taong nagmamahal sa kanila. Nadama ng bawat bata ang galak ng pagtahak sa landas.

Si Jesucristo ay "ipinakita ang landas at itinuro ang daan" para sa bawat isa sa atin.[1] Kung susundan natin Siya, babalik tayong lahat sa ating tahanan sa langit at magiging ligtas sa mga bisig ng Ama sa Langit. ■



**TALA**
1. "Dakilang Karunungan at Pagibig," *Mga Himno,* blg. 116.

LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

# Naghanda ng Paraan ang Ama sa Langit para Makabalik Ako sa Kanya

## Bago tayo pumarito sa lupa, lahat tayo ay nanirahan sa langit sa piling ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

Inilahad ng Ama sa Langit ang Kanyang plano para sa atin. Pinili nating sundin ang plano ng Ama sa Langit at pumarito sa lupa.

Mahal tayo ng Ama sa Langit at nais Niyang makabalik tayo sa Kanya. Isinugo niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo para ipakita sa atin ang daan at tulungan tayong makabalik sa Kanya.





Sinusundan natin ang landas pabalik sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng:


pagpapabinyag at pagpapakumpirma,



pakikibahagi ng sakramento,



paggawa ng mga tipan sa templo,



at pamumuhay nang may pananampalataya.



Kapag bumalik tayo sa Ama sa Langit, malugod Niya tayong tatanggapin!

LARAWAN NG DAIGDIG © CORBIS; DETALYE MULA SA *ANG PANGINOONG JESUCRISTO*, NI DEL PARSON; MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, CODY BELL, CRAIG DIMOND, MATTHEW REIER, CHRISTINA SMITH; MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP



## ISANG LANDAS PARA SA AKIN

Gumawa ng poster na naglalarawan sa iyong landas pabalik sa Ama sa Langit. Magdrowing ng isang landas sa papel o poster board. Magpatulong sa isang adult sa paggupit ng maliliit na larawan at idikit o iteyp ang mga ito sa landas. Magdagdag ng mga retrato o magdrowing ng mga larawan mo sa mahahalagang okasyong tulad ng binyag.

### KAILANGAN MO NG:

- Isang pirasong papel o poster board
- Gunting
- Glue o teyp
- Mga krayola, marker, o lapis

## AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Isinugo, Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 20)
- Juan 3:16

## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Ipinapaliwanag ng mensaheng ito ang plano ng Ama sa Langit sa napakasimpleng paraan. Maaaring maghalinhinan ang mga miyembro ng pamilya sa paggamit ng mga visual upang ipaliwanag ang iba't ibang bahagi ng plano. Pagkatapos ay maaari kayong mag-usap-usap kung paano ninyo matutulungan ang isa't isa na manatili sa landas pabalik sa Ama sa Langit.


Ito ako!




Buhay Bago Isilang



Isuot ang buong baluti ng Diyos




Tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo




Sundin ang mga kautusan




Araw ng binyag ko




Panindigan ang tama




Susundin ko si Jesucristo




Doon ay papasok



Babalik ako sa Ama sa Langit!



Ang Aklat ni Mormon



Ang magiging pamilya ko



Pagkabuhay na Muli

# NAKIKITA KAYA NIYA AKO?

**Ni Teresa Starr**

Umaga iyon bago pumasok ang anak kong si Daniel sa unang araw niya sa kindergarten, at may ilan siyang problema tungkol sa pag-alis ng bahay para pumasok sa paaralan. Gusto kong matiyak na handa siyang harapin ang mga hamon sa "totoong mundo." Sinabi ko kay Daniel na mami-miss ko siya habang wala siya. Tiniyak ko sa kanya na kahit hindi niya ako kasama sa paaralan, hindi niya kailangang matakot o malungkot dahil babantayan siya ng kanyang Ama sa Langit. Ipinaalala ko sa kanya na maaari siyang magdasal anumang oras, saanmang lugar at lagi siyang pakikinggan ng Diyos.

Habang nagsasalita ako, nakinig na mabuti si Daniel, na halos limang taong gulang lang. Matapos mag-isip sandali sumagot siya, "Nakikita kaya Niya ako kapag nasa loob ako ng bahay?"


"Oo," pagtiyak ko sa kanya.

"Nakikita kaya Niya ako kapag nasa labas ako?" tanong niya.

"Oo, lagi ka Niyang nakikita," sagot ko.

Tuwang-tuwang tumakbo kaagad si Daniel sa likuran ng bakuran. Sinundan ko siya. Tumingala si Daniel sa maaliwalas at bughaw na kalangitan at nagtanong, "Kung titingala po ako sa langit at ngingiti, makikita po ba Niya ako at ngingitian din Niya ako?"

Hindi ako makapagsalita dahil naantig ako sa sinabi niya, kaya tumango na lang ako at sinabi kong, "Oo!"



*Tumakbo si Daniel papasok sa bakuran at nagtanong sa akin, "Kung titingala po ako sa langit at ngingiti, ngingitian din po ba ako ng Diyos?"*

Habang nakatingala sa langit, na sa sandaling ito ay umaaninag at naghahanap ang mga mata at may lubos na pananampalataya ng isang bata, nag-iisip na nagtanong si Daniel, "Makikita ko kaya Siya?

"Maaaring hindi mo Siya makita," sagot ko, "pero malalaman mo na nariyan Siya dahil madarama mo ang ngiti Niya sa puso mo."

Nakatayo na nakangiti si Daniel habang nakatitig sa langit. Sa kapayapaang makikita sa kanyang mukhang parang anghel, nalaman ko na nadarama niya ang banal na ngiting iyon sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa.

Mula sa bibig ng mga musmos marami tayong natututuhan tungkol sa dalisay na pananampalataya—pananampalatayang sana'y kapitan nila nang mahigpit magpakailanman. Tiyak na matutuklasan nila na bagama't maganda ang buhay, kung minsa'y mahirap ito. Dalangin namin na matulungan sila ng kanilang pananampalataya.

Kapag nahihirapan ako sa buhay, naaalala ko ang halimbawa ni Daniel, at taglay ang buong pananampalataya ng isang nasa hustong gulang, tumitingala rin ako sa langit na naghahanap at nagtatanong, "Nakikita kaya Niya ako?" Pagkatapos, tulad ni Daniel, tahimik akong nagninilay, "Makikita ko kaya Siya?" Habang iniisip ko ang maraming magiliw Niyang awa sa buhay ko, pinagtitibay ng Espiritu Santo na talagang nadama ko na ang pagmamahal ng Ama sa Langit. Sa nanumbalik na sigla ng aking pananampalataya at inspirasyong dulot ng pag-asa, tinitiyak sa akin ng Espiritu na lagi ko iyong madarama. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN; BACKGROUND NI CRAIG DIMOND





PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

# HAROLD B. LEE

Natutuhan ni **Harold B. Lee** na makilala ang Espiritu sa murang edad. Isang araw papunta sana siya sa ilang lumang-lumang **kubol,** ngunit may tinig na tumawag sa kanyang pangalan at sinabihan siyang huwag pumunta roon. Sumunod si Harold. Patuloy niyang sinunod ang Espiritu sa buong buhay niya, tulad nang pamunuan niya ang **Welfare Program ng Simbahan.** Pinamunuan din niya ang departamento ng Simbahan na siyang bumuo ng **mga materyal sa pag-aaral** para tulungan ang mga miyembro na makilala ang Espiritu sa sarili nilang buhay.

# Nasa Isyu Ring Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



p. 42

### Pagtitiis na **Mabuti**

Hindi natin dapat asahan na matatakasan natin ang ating mga pagsubok sa pagpapangako sa Panginoon na lagi tayong magiging tapat. Sa halip dapat tayong magplano na magtiis na mabuti, at kasunod niyon ay pagpapalain tayo.

## PARA SA MGA KABATAAN




Anong mga pagpapala ang nagmumula sa paggawa ng family history at pagdadala ng mga pangalan ng mga ninuno sa templo? Ibinahagi ng mga kabataang ito mula sa New York, USA, ang kanilang mga karanasan.

p. 60

## PARA SA MGA BATA

p. 69







Hanapin ang mga tatak ng mga bansa sa *Liahona* na idaragdag sa passport mo sa taong ito!

TAGALOG
4 02109 81893 5
10981 Jan 14

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW